# *YUNIT I*

## Ang Pagtataguyod ng Wikang Pambansa sa Mataas na Antas ng Edukasyon at Lagpas pa.

**Mga Layunin:**
1. Maipaliwanag ang kabuluhan ng wikang Filipino bilang mabisang wika sa kontektwalisadong komunikasyon sa mga komunidad at sa buong bansa.
2. Maipaliwanag ang mahigpit na ugnayan ng pagpapalakas ng wikang pambansa, pagpapatibay ng kolektibong identidad, at pambansang kaunlaran.

**Kasanayan**
1. Magamit ang wikang Filipino sa iba't ibang tiyak na sitwasyong pangkomunikasyon sa lipunang Pilipino.
2. Makapagpahayag ng mga makabuluhang kaisipan sa pamamagitan ng tradisyonal at modernong midyang akma sa kontekstong Pilipino.
3. Makagawa ng mga malikhain at mapanghikayat na presentasyon ng impormasyon at analisis na akma sa iba't ibang konteksto.

**Halagahan**
1. Mapalalim ang pagpapahalaga sa sariling paraan ng pagpapahayag ng mga Pilipino sa iba't ibang antas at larangan.
2. Maisaalang-alang ang kultura at iba pang aspektong panlipunan sa pakikipagpalitang-ideya.

**Lunsaran: (Pagganyak)**
Panoorin sa Youtube ang dokumentaryong "Sulong Wikang Filipino: Edukasyong Pilipino, Para kanino?'' Paano naapektuhan ng K-12 ang kurikulum ng Filipino at Panitikan? Bakit maituturing na makasaysayan ang adbokasiya ng Tanggol Wika.

<u>BABASAHIN</u>

**Maikling kasaysayan ng Adbokasiya ng Tanggol Wika**

Noong 2011 pa ay kumakalat na ang plano ng gobyerno kaugnay ng pagbabawas ng mga asignatura sa kolehiyo, bagamay wala pang inilabas na opisyal na dokumento sa panahong iyo. Lagpas isang taon naman bago ang asembliya ng pagtatag ng Tanggol Wika, noong Oktubre 3, 2012 ay sinimulan ng mga instructor ng Filipino sa kolehiyo ang pagpapalaganap ng isang petisyon na humihiling sa CHED at sa Department of Education na ipahinto ang implementasyon ng senior high school/ junior college sa ilalim ng K-12 na maaring makapagpaliit o tuluyang lumusaw sa mga Departamento ng Filipinoi sa mga unibersidad.

Noon pa man ay binibigyang-diin na ng mga maka K-12 na babawasan ang mga asignatura sa kolehiyo at ililipat ang mga ito sa senior high school. Gayunpaman tila pangunahing target ng mga maka-K-12 ang FILIPINO sapagkat isang asignaturang Filipino (Retorika) lamang ang nakatala sa listahan ng mga asignatura sa senior high school na nasa "K to 12 TOOLKIT"

Noong Hunyo 28, 2013 lamang inilabas ng CHED ang CMO no. 20 series of 2013 na nagtakda ng core courses sa bagong kurikulum sa antas tersyarya sa ilalim ng K to 12. Ang dating balita ay kompirmado na walang Filipino sa planong kurikulum ng CHED sa ilalim ng K

to 12 kumpara sa anim hanggang siyam nay unit ng asignaturang Filipino, alinsunod sa CMO no. 04, series of 1997 bukod pa sa dati rati'y tatlo hanggang anim na yunit ng panitikan.

Sa udyok nina Dr. Fanny Gracia at Dr. Maria Lucille Roxas mga batikan at premyadong manunulat na kapwa faculty member ng DLSU (kapwa mula sa DLSU) ay gumawa ang may akda ng panibagong liham-petisyon nan aka-address sa CHED at may petsang Marso 3, 2014.Humigit kumulang 200 pirma ang agad na natipon. Dinala sa CHED ang nasabing liham-petisyon ngunit hindi inasyunan tinugunan ng CHED ang nasabing petisyon bagamat sa mga dayalogo magaganap malaon ay binanggit nila na pinag-usapan nila sa mga internal na miting ng CHED ang nasabing liham-petisyon.

Noong Hulyo 4, 2014 ay nagpatawag ng konsultasyon ang CHED dahil sa demand ng Tanggol Wika. Simula lamang iyon ng napakarami pang pakikipagtunggali ng Tanggol Wika sa diyalogo sa mga opisyal ng CHED na nooy hindi pa kumbinsado sa pangangailangang mapanitili ang Filipino at Panitikan sa kolehiyo.

Mula 2014 hanggang sa kasalukuyan, sunod-sunod ang mga forum at asembliya, diyalogo at kilos-protesta ng Tanggol Wika sa buong bansa para maipaliwanag at ipalaganap ang mga adbokasiya nito ngunit nagbibingi bingihan lamang ang CHED. Noong Abril 15, 2015 ay nagsampa ng kaso sa Korte Suprema ang Tanggol Wika sa pangunguna ni Dr. Bienvenido Lumbera, ACT teachers partylist representative, Antonio Tinio at mahigit 100 propesor mula sa iba't ibang kolehiyo at unibersidad.

Halos isang lingo pagkatapos ng pagsasampa ng kasong ito ay kinatigan ng Korte Suprema ang Tanggol Wika sa pamamagitan ng paglalabas ng TRO o Temporary restraining order na may petsang Abril 21, 2015.

**MGA KAUGNAY NA BABASAHIN**

## Ang Paninindigan ng Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Ateneo de Manila sa Suliraning Pangwikang Umuugat sa CHED Memorandum Order No. 20, Series of 2013

May apat na pung taon na mula nang itatag ang Kagawaran ng Filipino kaakibat ang Patakarang Bilingguwal ng Pamantasang Ateneo De Manila, bagay na pinanghahawakan naming upang isulong ang edukasyong multilingguwal, multidisiplinaryo, at multikultural.

Sa konteksto ng mga pagbabago sa edukasyon na kinakaharap ng bayan ngayon, naninindigan ang Kagawaran ng Filipino na dapat ipagpatuloy ang puspusang pagpapayaman, pagpapayabong, paglinang, intelektuwalisasyon, at propesyonalisasyon ng Filipino alinsunod sa ating Saligang Batas (Art. XIV, Sek. 6.).

*Hindi lamang midyum ng pagtuturo ang Filipino. Isa itong disiplina. Lumilikha ito ng sariling larang ng karunungan na nagtatampok sa pagka-Filipino sa anumang usapin sa loob at labas ng akademya.*

Hindi lamang midyum ng pagtuturo ang Filipino. Isa itong disiplina. Lumilikha ito ng sariling larang ng karunungan na nagtatampok sa pagka-Filipino sa anumang usapin sa loob at labas ng akademya. Dapat patuloy itong ituro sa antas tersiyaryo at gradwado bilang integral na bahagi ng anumang edukasyong propesyonal. Sinususugan nito ang Pahayag-Misyon ng Kagawaran ng Filipino na itinatakda "ang propesyonal at multidisiplinaryong pagtugon sa pangangailangan na iuwi at iugat sa sariling kultura ang pamantasan at lahat ng pinaglilingkuran nito, hindi sa pamamagitan ng pagtatakwil sa mga kaalamang hiram kundi sa integrasyon nito sa mga kaalamang sarili."

Ang banta na alisin ang Filipino sa akademikong konteksto ay magdudulot ng ibayong pagsasalaylayan o marhinalisasyon ng mga wika at kulturang panrehiyon. Kakabit ng pag-aaral ng Filipino bilang disiplina ang pagtatanghal at paglingap ng mga wika at kultura ng bayan. Hindi dapat mawala ang wikang panrehiyon sa diskursong akademiko. At lalong hindi dapat pagsabungin ang mga wika. Sa halip, dapat maging mapagmatyag laban sa mga tao at institusyong ginagamit ang kasalukuyang isyung pangwika upang itangi ang sarili at kanilang mga interes.

May ilang institusyon na kinakasangkapan at binabaluktot ang diwa ng akademikong integrasyon, globalisasyon, at pangkalahatang pagbabago ng edukasyon sa malawakang pagtatanggal at sapilitang paglilipat ng mga guro at programa mula sa kolehiyo patungong Senior High School. Kailangang panagutan ng mga institusyong ito hindi lamang ang usaping pangkabuhayan ng mga guro kundi pati narin ang integridad ng kanilang mga disiplina at kurso na pinagkadalubhasaan. Hindi lamang legal, kundi usaping moral at etikal ang pananagutang ito.

Hindi sapat ang pagsasabatas ng mga pagbabago sa edukasyon, wika, at kultura. Dapat angkop ang paghahandang estruktural samakataong pagpapatupad nito. Kailangang balikan ang konstitusyunal na responsabilidad ng Estado naitaguyod ang “pangangalaga, pagpapayaman, at dinamikong ebolusyon ng isang pambansang kulturang Pilipino salig sa simulating pagkakaisa sa pagkakaiba-iba sa kaligira ng malaya, artistiko, at intelektuwal na pagpapahayag” (Art. XIV, Sek. 14).

Bilang mga propesyonal at dalubhasang tagapagtaguyod ng wika, panitikan, at kultura, patuloy kaming naninindigan sa mga sagisag at adhikaing kinakatawan ng pamamayani ng Filipino sa pamantasan.

Hunyo 21, 2014
Loyola Heights, Quezon City

*Tungkol sa isyu:*

*Noong Mayo 2013, pinirmahan ni Pangulong Benigno “Noynoy” Aquino III ang batas na K-12 (Enhanced Basic Education Act) na magreresulta sa karagdagang tatlong taon sa sampungtaon na basic education ng mga Pilipino. Ito raw ay para makasabaysa kalidad ng edukasyon sa mga karatig na bansa. Bago mapirmahan ang batas, isang taon nang ipinapatupad ng Department of Education (DepEd) ang K to 12 sa mga “pilot school” at ihinabol nalang ang batas para gawing legal ang patakaran at maipatupad sa buong kapuluan. Kinaharap naman ng implementasyon ng K to 12 ang maraming usapin, gaya ng kakulangan ng klasrum, gurosa grades 11-12, technical expertise sa “senior high”, at iba pa. Ibang usapin pa ang pagsusuri at pag-alam sa kalidad ng edukasyong nakukuha ng mga kabataan sa bagong programang ito.*

*Alin sunod sa batas na ito, at sa pamamagitan ng Commission on Higher Education (CHED) Memorandum Order (CMO) No. 20, Series of 2013, ipinataw ng CHED ang General Education Curriculum, namagtatanggal sa wika at Panitikang Filipino sa kurikulum ng kolehiyo pagdating ng Akademikong Taon.*

*Binatikos ng iba’t ibang paaralan ang patakarang ito dahil hindi lang pagtatanggal sa Filipino sakurikulum ng kolehiyo ang magiging implikasyon nito, kundi pagtatanggal din ng mga guro sa Filipino nakaramihan ay matagal nang panahong nagsisilbi sa paaralan. Muli ring nabuksan ang mga diskurso at usapan hinggil sapagpapanatili at pagpapayaman ng wikang Filipino, pagpapayabong ng sarilingkultura at pagmamahal sa bayan.*

*Mula sasama-samang pagkilos ng mga guro sa kolehiyo, nabuo ang Tanggol Wika o Alyansa ng mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino na naglalayon napanatilihin ang asignaturang*

*Filipino sakolehiyo, at isulong ang makabayang  edukasyon. Patuloy pa rin ang paglaban ng mga guro at pagkondenasa CHED Memo na inaasahang maisakatuparan sa S.Y. 2018-2019.*

## Filipino, ang pambansang wikang dapat pang ipaglaban

By ANTONIO P. CONTRERAS

Ano nga ba sa Filipino ang "The square root of 4 is 2?"

Dito na nauwi ang usapin kung ano ang tatahaking landas ng ating wikang pambansa. Ang ganitong argumento ay tila binabandera ng mga tutol na gamitin ang Filipino sa pagtuturo, lalo na sa mga larangan ng Agham at Matematika, para palitawin na baka mauwi lang ang usapan sa katatawanan.

"Ang parisukat na ugat ng apat ay dalawa"

Sadya ngang kakaibang pakinggan.

Katulad nga naman ito ng mga pagpupumilit na gamitin ang "salumpuwit" para sa upuan at "salung-suso" para sa "bra," na para bang mangingimi kang itanong kung ano ngayon ang magiging salin ng "panty" at "brief."

May nagsasabi na ang dapat na salin ng "The square root of 4 is 2" ay "Ang skwer rut ng apat ay dalawa."

May mga purista naman na tataas ang kilay sa paraang ito ng pagsalin. Ito rin ang mga taong hindi masaya na mabasa ang mga salitang tulad ng "jornal", "sentens", "referens", "iskwater", "kompyuter", "basketbol" at iba pang ang salin ay nanggagaling sa tunog at iniba lang ang baybay o "ispeling."

Sa ganang akin, ang mas tanggap ko na salin, dahil ito ang likas at mas maiintindihan ng kausap, ay "Ang square root ng apat ay dalawa." O kaya ay "Ang square root ng 4 ay 2," na kung saan ang 4 ay bibigkasin na "apat" at ang 2 naman ay "dalawa."

Ito ay sa dahilang ang layunin dapat ng wika ay ang magkaunawaan.

Naniniwala rin ako na walang saysay na isalin pa ang mga unibersal na diskurso ng Agham at Matematika.

Kaya labis akong naguguluhan kung bakit kailangan pang maging usapin ang salin ng mga matematikal na pangungusap, at bakit ito ay pinagkaka-abalahan lalo na ng mga laban sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa larangang teknikal katulad ng Agham at Matematika.

Tunay ngang nakapanlulumo na hanggang sa ngayon ay marami pa tayong pinagdaraanang hidwaan at bangayan para manahan ang isang wikang pambansa sa ating kamalayan. At mapapaisip ka lalo kapag malaman mo na ang mga pag-aalinlangan ay nakikita lamang sa mga elitistang uri, o sa mga uring intelektwal o nagpapaka-intelektwal, at hindi sa kamalayan ng ordinaryong mamamayang sanay na na manood ng TV na nasa wikang Tagalog pa nga, at hindi Filipino.

Ang pagtutol sa pagkakaroon ng pambansang wika ay lalong binibigyan ng bangis ng mga argumento ng mga aktibistang rehiyonalista, na nagngangalit sa di-umano ay problematikong daloy ng pagbubuo nito. Sa kanila, ang Filipino ay isang imposisyon ng imperyalistang sentro na nakabase sa Katagalugan, manyapa't ang balangkas o struktura ng Filipino ay halaw lamang sa wikang Tagalog. Para sa kanila, malulusaw ng paggamit ng Filipino

ang pagiging matatas nila sa kanilang mga rehiyonal na wika, at nakaamba ang panganib na dulot nito upang tuluyan nang burahin ang mga etnolingwistikong kaakuhan o identidad.

Naroon na ako. Marahil nga ay mas litaw ang mga salitang Tagalog sa kasalukuyang balangkas ng Wikang Filipino. Ito ay patunay lang siguro na sa obhetibong pagtaya, mas malawak ang gamit ng at pag-kakaunawa saTagalog. Siguro nga, ito ay epekto ng katotohanang dahil ang Maynila ang naging sentro ng kolonyal na Pamahalaan ay dito rin nagmula ang lahat ng daloy ng pagbuo ng isang kamalayan pambansa, mula sa pagtatag ng pamahalaan, sa pagpapalago ng ekonomiya, at hanggang sa pagpapalaganap ng kulturang popular.

Nang nasa Butuan ako, ang nakita kong babala para huwag pumarada ang mga sasakyan sa isang panig ng palengke doon ay “Bawal pumarada dito.” Nang nasa Bikol ako, kahit na ginamit ko ang Bikol Buhi para itanong sa tindera kung magkano ang maruya, na kung tawagin namin ay “sinapot,” ang sinagot sa akin ng tindera ay Tagalog. Sa buong kapuluan, aliw na aliw ang mga tao sa “Eat Bulaga” na ini-ere sa Tagalog. Pinag-usapan ang kontrobersyal na pagmamahalan ni Eric at Vincent sa “My Husband’s Lover” na bagama’t ang pamagat ay sa Ingles ay malawakang tinangkilik maging sa Kabisayaan at sa Mindanao na gamit ang Tagalog. Tumatak din sa diskurso ng ordinaryong tao ang pangangaliwa nang ipalabas ang “The Legal Wife” sa Tagalog, na ngayon ay sinundan ng “Ang Dalawang Mrs. Real” na kung saan napapanood natin na nagsasalita ng Tagalog maging ang mga karakter na dapat sana ay mga Cebuano. Wala sa ating gawain ang mag-subtitle o mag-dubbing ng mga telenovela at teleseryeng nagmumula sa mga network na nakabase sa Manila at ang gamit ay Tagalog.

Ito ang katotohanang pilit binabangga ng mga aktibistang rehiyonalista. Ang nakababahala ay ang hindi pagproblematisa ng mga aktibistang ito sa katotohanang kung walang wikang Filipino na gagamitin upang makapag-usap tayo lahat bilang mga mamamayan ng isang bansa, ang gagamitin natin ay ang wika ng mananakop, ang wikang kolonyal, ang Ingles.

At dito, mukhang naliligaw ng landas ang mga rehiyonalistang ito.

Para sa kanila, tanda lamang na tunay na may gahum o “hegemony” ang Filipino, na ayon sa kanila ay isa lamang na nagbabalatkayong Tagalog, ang pagiging talamak nito sa lahat ng sulok ng ating bansa. Galit sila sa gahum ng Filipino, subali’t di nila binabanggit ang gahum ng Ingles na siya pa nilang mas gustong gamitin upang tayo lahat ay makapag-usap at magkaunawaan.

Subalit ang tanong ay ito: Tunay nga bang may gahum ang Filipino?

Ayon kay ***Antonio Gramsci,*** nagkakaroon lamang ng gahum o “hegemony” kung merong malayang pagtanggap. Ang pagkakaroon ng puwang para sa mga aktibistang rehiyonalistang ito upang labanan ang diskurso ng Filipinisasyon ay tanda na walang malayang pagtanggap. Ang pagkakaroon ng pagkilala, maging sa ating Saligang Batas na dapat payabungin at pagyamanin ang Filipino sa pamamagitan ng iba pang wika sa Pilipinas ay malinaw na pagbubukas sa pag-angkat ng mga salita mula sa ibang rehiyon, at ito ay hindi angking kakanyahan ng isang wikang ang kapangyarihan ay ganap at nakaukit sa bato. Ang malayang paggamit ng mga rehiyonal na grupo sa kanilang mga wika, upang pagyamanin ito, na maging ang pambansang awit ay may salin na sa kani-kanilang mga wika, at may mga programa na sa lokal na himpilan ng mga TV Networks tulad ng mga balita na gamit ang mga wikang rehiyonal, ay mga patunay na walang gahum ang Filipino.

Paano magkakaroon ng gahum kung mismong sa larangan ng Estado, at sa mga paaralan at pamantasan ay may pagkiling pa nga para gamitin ang Ingles?

Paano magkakaroon ng gahum kung sa mga korte, ang mga salaysay ng mga saksi ay sa Ingles sinasalin at hindi sa Filipino?

May gahum ba ang isang wikang Pambansang kailangan pang paglaanan ng isang buwan, ang Agosto, para lamang ipaala-ala na meron pala tayo nito?

Agosto ngayon, kaya minarapat ko na maglaan ng isang artikulo na nakasulat sa ating wika. Paano magkakaroon ng gahum kung kailangan pa ng okasyong katulad nito upang magkaroon ako ng pagkakataong maipahayag ang aking sarili na ang ginagamit ko ay ang wikang Filipino?

Nakalulungkot na sa panahong ito, patuloy pa rin ang pakikipaglaban para magkaroon ng lehitimong lugar sa ating kamalayan ang isang wikang matagal na nating gamit. Ito ba ang wikang may gahum?

Paano magkakaroon ng gahum kung patuloy na nakikipaglaban hanggang sa ngayon ang mga nagtuturo ng at nagmamahal sa wikang Filipino upang magkaroon man lang ng 3 units ito sa bagong GE na isasakatuparan sa 2016? May gahum bang matuturingan ang isang wika kung kailangan mo pang magdulog ng mga petisyon, magmartsa sa lansangan, at magbuo ng kilusan, tulad ng Tanggol Wika, upang labanan ang mga pagtatangkang burahin ito sa kurikulum ng Kolehiyo?

Sa mga pamantasan sa ngayon, may mga tunggaliang nangyayari na dulot ng kontrobersyal na kautusan mula sa Commission on Higher Education (CHED), ang CMO 20, na kung saan nawala sa mga kursong ipakukuha sa lahat ng mag-aaral sa Kolehiyo ang wika, bagama’t ginawang opsyon na ituro ang lahat ng mga kurso sa bagong GE sa Filipino. Tanda ba ito ng isang makapangyarihang wika na lumukob na sa kamalayan ng mga Pilipino, at may angking gahum na hindi mapasusubalian? May gahum ba ang isang wikang Pambansa nga pero ay ginawa na lamang na isang opsyon?

Paano magkakaroon ng gahum kung ang pagsusulat naming mga nasa Pamantasan ng mga silabus ng kursong aming itinuturo, maliban kung ito ay sa kursong Filipino, ay dapat una muna sa Ingles, at saka lang namin puwedeng isalin sa wikang Filipino? May gahum ba ang Filipino kung ang mas tanggap na midyum para ituro ang kursong “Purposive Communication” ay ang wikang Ingles? May gahum ba ang Filipino kung hindi ito ang default na wika?

At may gahum ba ang isang wikang ang mas lantad na pananaw ay balakid ito sa pagsulong ng ating ekonomiya, at isang sagka para tayo ay malayang makisama sa agos ng globalisasyon at integrasyon sa ASEAN?

May gahum ba ang Filipino samantalang ginagawa pa nga nating katatawanan kung paano isalin ang teknikal na terminong “square root”?

Walang gahum ang Filipino, kahit ito ang wikang Pambansa. Lagi pa rin itong nakikiusap. Lagi pa ring nitong ipinakikipaglaban ang kanyang lugar.

At walang gahum ang Tagalog sa Filipino, dahil bukas ang huli upang pagyamanin ito ng iba pang wika. Ang patunay pa nga na walang gahum ang Tagalog ay ang paulit-ulit ko na paggamit ng salitang “gahum” na mula sa Cebuano, bilang salin ng “hegemony.”

Dahil dito, hindi dapat kinatatakutan ng mga aktibistang rehiyonalista ang Filipino na siya raw bubura at lulusaw sa kanilang mga identidad. Ang pangambang ito ay Isang hungkag na pangamba.

Mabubura lamang ang kaakuhan kung ito ay hahayaan. At hindi nangangahulugan na dahil ginagamit mo ang isang wika ay mawawala na ang iyong pagkatao. Kung may malay ka dito, at may kontrol ka dito, hindi ito mabubura. Ito dapat ang pinagkakaabalahan ng mga aktibistang rehiyonalista, ang pagyamanin ang kani-kanilang mga wika, kultura at kamalayan, kasabay ng pagtangkilik sa pagpalaganap ng isang wikang pambansang sa ngayon ay maaaring ang dominanteng hulmahan ay ang Tagalog, subalit bukas sa pagpasok ng iba pang mga wika upang ito ay mapagyaman at mapayabong.

At ito rin ang dahilan kung bakit dapat patuloy na ipagtanggol ang Wikang Filipino, at panatilihing buhay ang kamalayang iugnay ito sa ating paghubog ng ating mga Iba’t-ibang identidad. Ito lamang ang sisiguro na hindi malulusaw ang wika ng mga Pilipino sa mukha ng talamak na pagtangkilik sa Ingles.

Dapat pa ngang makipagtulungan ang mga aktibistang rehiyonalista sa labang ito, dahil sa iisang panig lang lahat tayo. Malinaw na kapag mawalan ng lugar ang wikang Filipino sa pagbubuo ng kamalayang pambansa, mawawalan din ng lugar ang mga wikang rehiyonal na makapag-ambag sa kabuuan ng kamalayang ito. Sa isang sistemang global, mawawala at lalamunin tayo sa ating pagkawatak-watak.

Sa kalaunan, hindi naman talaga ang Ingles ang kaaway. Hindi dahil ginagamit ang Ingles ay mabubura na ang Filipino.

Ang kaaway ay ang mga puwersang na nanahan sa puso at isipan ng maraming Pilipino, na ang iba ay may mga hawak pa nga na posisyon, sa pamahalaan man o sa pamantasan, na lumilikha ng mga balakid at pumipigil sa pagpapanatili ng Filipino sa kamalayan ng Pilipino. Ito ang mga taong pinipilit papiliin ang Pilipino na mag-Ingles o mag-Filipino, samantalang ang nararapat ay palawakin ang kamalayang Filipino sa mga Pilipino upang kahit matatas tayong magsalita ng Ingles ay mananatili tayong matatas magsalita sa Filipino at kung anumang rehiyonal nating mga wika.

**MGA KAUGNAY NA SALITA**

Ang KONKOMFIL ay isang praktikal na kursong nagpapalawak at nagpapalalim sa kontekstwalisadong komunikasyon sa wikang Filipino ng mga mamamayang Pilipino sa kani kanilang mga komunidad sa partikular at sa buong lipunang Pilipino sa pangkalahatan.

Ang KONTEKSTWALISADO ay nangangahulugang mahirap maunawaan ang nilalaman o konteksto kung hindi ito nauunawaan o naiintindihan ang kahulugan.

KOMUNIKASYON ang tawag sa Isang proseso ng pagpapadala at pagtanggap ng mensahe. Ito ay mula sa salitang latin na “ Communis” na nangangahulugang panlahat.

May dalwang uri ang komunikasyon.

BERBAL at DI-BERBAL

- **BERBAL**- ito’y komunikasyon na pasalita o gumagamit ng tinig.

**DI-BERBAL** itoy uri ng komunikasyon na simbolo at senyas ng kamay ang ginagamit upang makipagtalastasan.

Ang KONTEKSTWALISADONG KOMUNIKASYON ay isang paraan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita sa kapwa tao at pagsusulat gamit ang wikang Filipino. Nakatuon dito ang pakikinig sa tao gamit ang wika natin at pagsusulat gamit ang wikang Filipino.

Ang WIKA ay inilarawan bilang identidad ng isang bayan o bansa, ang kaluluwa o sumasalamin sa ating kultura at ang nag-uugnay sa isa’t isa. Ang WIKA ay mahalaga sa sarili, kapwa at lipunan.

FILIPINO- Ito ay ang WIKANG ginagamit ng mga naninirahan sa Pilipinas,ang pambansang wika ng mga Pilipino.

PILIPINO- ang tawag sa mga TAONG naninirahan sa Pilipinas.

Nakasaad sa **Saligang Batas 1987, Artikulo XIV, Seksyon 6** na FILIPINO ang opisyal na tawag sa Pambansang Wika ng Pilipinas. Isinasaad sa mga sumusunod na seksyon ang hinggil dito.

**SEKSYON 6**. Ang wikang Pambansa ng Pilipinas ay Filipino, Samantalang nalilinang, ito’y dapat payabungin at pagyamanin sa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at sa iba pang mga wika.

**TANGGOL WIKA** (Alyansa ng mga tagapagtanggol ng wikang Filipino)

Isang samahan na naglalayong ipaglaban o ipagtanggol ang paggamit ng wikang Filipino upang mas lalong mapagyaman ang ating kultura. Tinutulan din ng samahang ito ang CHED Memorandum no.20 series of 2013.

Si **Manuel L. Quezon** ang Ama ng wikang Pambansa at si **Bienvenido Lumbera** naman ang pambansang alagad ng sining at Panitikan.
**Ched memorandum no. 57, series of 2017**- Course Syllabus sa Filipino

**MULTIMIDYA**
Subuking sipatin ang mga pananaliksik sa Filipino at tiningnan kung paano nakapag-ambag ang mga ito sa pagpapaunlad ng wikang Filipino bilang wika ng mabilis at epektibong komunikasyon sa Pilipinas. (http://iskwiki.upd.edu.ph/index.php/Category:Theses#WvGN4iFOM8)

**PAGPAPAHALAGA**
Ang makasaysayang adbokasiya ng Tanggol Wika ay adbokasiyang dapat panghawakan at itaguyod ng bawat Pilipino sapagkat itoy nagpapatibay sa bias ng wikang pambansa bilang wika ng komunikasyon. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng iisang wika sa pambansang diskurso, lalong mapaglalapit-lapit ang damdamin . mga pangarap. Hinaing iba pa ng mga mamamayang Pilipino sa buong arkipelago tungo sa patuloy na pagliunang sa wika at kulturang sariling atin sa panahong nanganganib mabura ang mga local at pambansang identidad dahil sa mapangwasak na daluyong ng globalisasyong pinangingibabawan ng iilang makapangyarihang bansang karamihan ay nasa Kanluran.

**PAGSUSULIT.**
PANUTO: Tukuyin ang hinihingi sa bawat bilang.
_______________________1. Siya ang dating dekano ng De La Salle University na nagpahayag ng opinyon hinggil sa wikang Filipino.
_______________________2. CHED memorandum order na pinaniniwalaang isang paglapastangan sa pagpapahalaga sa kasaysayan, karunungan at diwa ng kasarinlan na ipinaglaban ng mga Pilipino.
_______________________3. Ito ang “wikang susi ng kaunlaran” ayon kay Anjon Galauran.
_______________________4. Isang proseso ng pagpapadala at pagtanggap ng mensahe mula sa taong kausap.
_______________________5. Ito ang Saligang Batas na nagsasaad nang wikang pambansa na dapat gamitin sa Pilipinas.
_______________________6. Tawag sa mga taong naninirahan o mamamayan ng bansang Pilipinas.
_______________________7. Siya ang ama ng wikang pambansa.
_______________________8. Isang praktikal na kursong nagpapalawak at nagpapalalim sa kontekstwalisadong komunikasyon sa wikang Filipino ng mga Pilipino.
_______________________9. Ito ang wikang ginagamit ng mga taong naninirahan sa Pilipinas.
_______________________10. Ito ang identidad ng isang bayan.
_______________________11. Ahensiya na nagsusulong o nagtatanggol sa pagkakaroon ng wikang Filipino.
_______________________12. Siya ang pambansang alagad ng Sining at Panitikan.
_______________________13. Ito ay nangangahulugang mahirap maunawaan ang isang bagay kung hindi mo nalalaman ang konteksto o nilalaman.
_______________________14. Panumbas ng Filipino sa konseptong “hegemony” ni Antonio Gramsci.
_______________________15. Organisasyong itinatag noong 2014 upang ikampanya ang pagpapanatili ng Filipino at Panitikan sa kolehiyo.

Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod na akronim

16. CHED-__________________________________________________
17. KONKOMFIL-_____________________________________________

18-20. Bakit mahalagang magkaroon ng asignaturang Filipino sa Kolehiyo?Paano mo matutulungan ang TANGGOL WIKA para maipagpatuloy ang adbokasiya sa wika. Pangatwiranan.

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Gawain:
Paglikha ng video ng Publikong anunsyo Hinggil sa **Adbokasiyang pangwika** (pangkatan)
Kayo'y mga empleyado ng Komisyon ng Wikang Filipino. Inatasan kayong lumikha ng video ng publikong anunsyo ng ahensya para sa adbokasiyang pangwika na ipapalabas sa mga estasyon ng telebisyon at ipopost din sa mga social media website. Lilikha kayo ng video ng publikong anunsyo na nagbibigay-diin sa temang " Pagtatanggol sa Wikang Filipino, Tungkulin ng Bawat Pilipino". Maaring gumamit ng musika,mga larawan, infograpic at iba pa upang higit na maging malikhain at katangi-tangi ang video ng publikong anunsyo. Sa pangkalahatan, kailangang nagkikintal ng makabuluhang kaisipan at pagpapahalaga sa adbokasiyang pangwika ang nasabing video.

**PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA**
(adbokasiyang pang-wika)

| **PAMANTAYAN** | **NAPAKAHUSAY** | **MAHUSAY** | **DI-GAANONG MAHUSAY** | **DI-MAHUSAY** |
|---|---|---|---|---|
| PAKSA/NILALAMAN (30 puntos) | Nakaangkla sa ibinigay na tema ang buong video ng publikong anunsyo (30) | Nakaangkla sa ibinigay na tema ang video malaking bahagi ng publikong anunsyo (20- 29) | Nakaangkla sa ibinigay na tema ang ilang bahagi ng video ng publikong anunsyo ( 10- 19) | Hindi nakaangkla sa ibinigay na tema ang buong video ng publikong anunsyo ( 0- 9) |
| KASININGAN/ PAGKAMALIKHAIN (20 puntos) | Masining/malikhain ang kabuuan ng buong video ng publikong anunsyo (20) | Masining/malikhain ang malaking bahagi ng video ng publikong anunsyo (13-19) | Masining/malikhain ang kilang bahagi ng video ng publikong anunsyo (7-12) | Hindi masining/malikhain ang kabuuan ng video ng publikong anunsyo (0-6) |
| Reaksyon ng Madla (10 puntos) | Nakakuha ng 500 pataas na like,heart,wow at comment, sa post mula sa social media (10pts) | Nakakuha ng 251-499 na like,heart,wow at comment, sa post mula sa social media (8-9pts) | Nakakuha ng 151-250 na like,heart,wow at comment, sa post mula sa social media ( 6-7 pts) | Nakakuha ng 50-150 na like,heart,wow at comment, sa post mula sa social media (5pts) |

# *YUNIT II*

## PAGPOPROSESO NG IMPORMASYON PARA SA KOMUNIKASYON

**LAYUNIN**
1. Maipaliwanag ang kabuluhan ng wikang Filipino bilang mabisang wika sa kontektwalisadong komunikasyon sa mga komunidad at sa buong bansa.
2. Matukoy ang mga mapagkakatiwalaan, makabuluhan at kapaki-pakinabang na sanggunian sa pananaliksik.

**Kasanayan**
1. Magamit ang wikang Filipino sa iba't ibang tiyak na sitwasyong pangkomunikasyon sa lipunang Pilipino.
2. Makapagpahayag ng mga makabuluhang kaisipan sa pamamagitan ng tradisyonal at modernong midyang akma sa kontekstong Pilipino.
3. Makagawa ng mga malikhain at mapanghikayat na presentasyon ng impormasyon at analisis na akma sa iba't ibang konteksto.
4. Makagawa ng makabuluhan at mabisang materyales sa komunikasyon na akma sa iba't ibang konteksto.

**Halagahan**
1. Mapalalim ang pagpapahalaga sa sariling paraan ng pagpapahayag ng mga Pilipino sa iba't ibang antas at larangan.
2. Maisaalang-alang ang kultura at iba pang aspektong panlipunan sa pakikipagpalitang-ideya.

**LUNSARAN (Pagganyak)**

May nagpapakalat ng disimpromasyon sa Internet mula sa iba't ibang grupong sosyo political. Magbigay ng halimbawa ng isang paskil ng disimpormasyon sa social media (halimbawa:Facebook) at tukuyin ang mali o binaluktot na impormasyon batay sa iba't ibang mapagkakatiwalaang sanggunian. Ibibigay ito ng guro bilang takdang aralin ilang araw bago ang

araw ng talakayan ng yunit 3. Gamitin ang teknolohiyang pang-impormasyon at pangkomunikasyon (ICT) na mayroon kayo sa silid-aralan para maghanap ng paskil ng disimpormasyon. Kung hindi na ibigay bilang takdang aralin, maari itong gawin sa klase bago talakayin ang paksa ng yunit, lalo na kung isasagawa ang klase sa isang silid-aralan kung saan may mga kompyuter na magagamit. Isang halimbawa ng disimpormasyon ang pinakalat na larawan daw ng bagong Marawi (tingnan sa https://memebuster.net/photo-of-new-marawi-is-not-really-marawi/).

## ANG PANANALIKSIK AT KOMUNIKASYON SA ATING BUHAY

Sa anumang sitwasyon pang-komunikasyon, ginagamit sa pakikipag-ugnayan, pakikisalamuha, at pakikipag-talatasan sa kapuwa ang mga kaalamang natutuhan natin mula sa pag-oobserba at pagsusuri ng lipunan. Ang mga nabatid at napag-limian nating kaalaman mula sa karanasang pang-lipunan ang pumapanday sa ating karunungan, na syang gumagabay sa ating maliliit at malalaking disisyon at hakbang sa buhay.Ang pangunahing salik na kaalaman, na ibinabahagi din natin sa kapuwa ay ang mga impromasyong na sasagap natin sa tao, sa ating kapaligiran, at sa media. Samakatuwid,lubhang mahalaga na pag yamanin ang ating kakayahan na mag proseso ng impromasyon-ang bawat butyl ng impormasyon na alam natin at alam ng kaugnayan ng mga butil na ito sa isa’t isa-dahil ito ang malaking bahagi ng ating kaalaman.Ating kapasidad sa pagawa at pagsasabuhay ng disisyon, aksiyon, at komunikasyon ay nakasasalay sa na buo nating kaalaman at panday nating karunungan.

Sabi nga ang kaalaman ay kapangyarihan at may kapangyarihang panglipunan. Sa harapang pakikipag-usap sa kapuwa o sa pagpapahayag gamit ang midya, malakas ang bisa at talab ng mga binabahaging kaalaman na nakabatay sa malalim at malawak na pag susuri at pagtatahi ng mga impormasyon. Ang makatotohanan at katiwa-tiwalang kaalaman ay makatutulong sa pag-igpaw sa kamangmangan at kahirapan. Gayundin, ito ay isa sa malalakas na panlaban sa panlilinlang,pang-aapi,at pang-aabuso,lalo pa’t ang mga mali at binaluktot na impormasyon ay ginagamit sa kasamaan ng mga ganid at sira sa lipunan. Sa kasalukuyang panahon kung kalian laganap ang kultura ng pangmadlang midya at virtual na komunikasyon,mas madali nangmagpakalat na tinatawag na disinformation,na mas kilala ng masa ngayon sa bansang fake news.mahalang magkaroon ng mapanuring mata,taynga at isipan para makilatis ang mga impormasyong nasasagap ng harapan at mula sa midya gaya ng palasak na information and communication technology (ICT). Sa gayon,nakabubuo tayo ng makabuluhan at makatuturang kaalaman na magagamit sa pag papaunlad ng ating buhay at lipunang Pilipino.

Kagaya ng napag-aralan na sa hayskul,bahagi ng mataas na antas ng literasing pangmidya ang matalas na sensibilidad sa pag sagap ng impormasyon mula sa iba’t ibang midya at teksto ng midya na values free. Ang klase ng midya,ang wika at naratibong itinampok dito, ang estruktura at daloy kuwento,ang mga tunog at imahen na ginawang representasyon ng realidad, at iba pang aspekto ng mediasyon ay hindi neutral-bagkus,may sinasalamin at kinakatawan itong mga diskurso,ideyolohiya,at kapangyarihang sosyal,kultura,at ekonomik. Nakapaloob dito ang pagpapahalaga, interes, at adyenda ng mga prodyuser. Kung sina Maxwell McCombs at Donald Shaw ang tatanungin, ang pangmadlang midya ang nagtatakda kung ano ang pag-uusapan ng publiko kung George Gerbner, ang midya, lalo na ang telebisyon, ang tagapagsalaysay ng lipunan na lumilinang sa kaisipan ng mga madalas manood na ang mundo’y magulo at nakakakotkung si Marshall McLuhan,binabago ng midya ang simbolikong kapaligiran ng mga tao at naiimpluwensyahan nito ang kanilang pananaw, karanasan,ugali,at kilos kung kaya’t masasabing “ang midyum ay ang mensahe” ;at kung si Stuart Hall, ang midya ang nagpapanatili sa ideyolohiya ng mga may hawak ng kapangyarihan sa lipunan (Griffin,2 012). Samakatuwid,

kailangang maging mapanuri at kritikal sa mga impormasyong nakukuha sa midya upang magamit ang mga ito sa kapakinabangan,sa halip na kapahamakan.

Dapat ding maging mapanuri sa mga impormasyong nakukuha sa harapan pakikipag-tinitingala sa lipunan ay hindi awtomatikong katotohanan. Mahalaga ang pagtatasa, pagtitimbang, at pagtatahi ng mga impormasyon na galing sa iba't ibang tao bilang batis ng impormasyong-mula sa mga taong nakadaranas hanggang sa mga kinikilalang dalubhasa sa paksa ng komunikasyon o penomenong pinag-uusapan.

Bukod sa batis ng impormasyon,dapat ding isaalang-alang ang pamamaraan ng pag kuha ng impormasyon,ang konteksto ng impormasyon,at konteksto ng pinagkunan o pinagmulan ng impormasyon. Ang maling pamamaraan ay humahantong sa palso at di-angkop na datos. Ang konteksto ang nag bibigay ng linaw sa tukoy na kahulugan ng impormasyon at nagsisilbing gabay sa interpretasyon nito. Dagdag pa, konsidirasyon din kung anong pamamaraan ang gagamitin sa pagsusuri ng impormasyon para makabuo ng sariling pahayag na magagamit sa isang tukoy na sitwasyon pangkomunikasyon. Ang maling pamamaraan ng pagsusuri ay nag reresulta sa kaalamang hindi maasahan at kahina-hinala ang katumpakan.

Higit sa lahat, sa bawat hakbang na gagawin natin sa pagpoproseso ng impormasyon,kailangan mag tiwala tayo sa kakayahan ng Filipino bilang mabisang wika ng pag-unawa at pagpapaunawa ; gayundin,magtiwala tayo sa kaangkupan ng mga katutubong metodo sa pagkalap at pagsusuri ng impormasyon. Sa paggamit ng wikang Filipino at katutubong pamamaraan, mas magiging maigting at malaman ang komunikasyon sapagkat nagkakaintindihan ang mga kalahok at mas nakakaugnay sila sa paksa dahil ang ating wika ay "hindi lamang daluyan kundi tagapagpahiwatig at imbakan-kuhanan ng kultura" natin bilang mga Pilipino (Salazar, 1996, p. 45). Makakatulong ito sa paglago at pagkabuo ng kaisahang kultura na Pilipino" (Salazar, 1996, p. 45).

Kung malawak, malalim, at matalas ang ating kaalaman at kakayahan sa pagpoproseso ng impormasyon sa wikang Filipino, ang kaalamang ibabahagi o ipapahayag natin sa paglahok sa anumang sitwasyon pangkomunikasyon ay maisa-sandig natin sa matatag na batayan upang magiging kapini-paniwala, makabuluhan,makapukaw-damdamin,kakili-kiliti sa isipan, at makaaambag sa malusog na diskurso sa sariling kalinangan at lipunan. Tandaan na hindi lamang sa paggawa ng tesis o papel pantermino isinasasabuhay ang metikolosong pagpoproseso ng impormasyon. Mahalaga rin ito sa pagbuo ng anumang kaalaman na ibabagahi sa harapang pakikipag-ugnayan(halimbawa.umpukan ng magkakamag-anak,talakayan sa silid komunidad, lektyur sa isang seminar, talumpati sa isang pagtitipon) o sa mediadong komunikasyong (halimbawa. Sa pamamagitan ng poster, video,paskil sa social media). Sa panahon ng "post-truth," ideneklara ng Diksyonaryong Oxford na salita ng taon noong 2016, kailangang mas maging harapan man o ginagamitan ng midya. Maisasakatuparan ang responsableng pagbabahagi o pag pagpapahayag ng kaalaman sa pamamagitan ng masigasig na pananaliksik.

Kailangang maikintal sa mga isipan na ang pananaliksik ay hindi dapat itinutumbas lamang sa tesis, disertasyon, papel pantermino, o artikulo sa journal. Ito ay isang batayang Gawain hindi lamang sa loob ng akademya at laboratory kundi pati sa labas nito, maging sa araw-araw na pamumuhay (Salazar, 2016). Kung tutuusin, ang responsableng pahayag sa anumang sitwasyong pangkomunikasyon ay dapat na bunga ng pananaliksik, na hindi lamang tungkol sa "siyentipikong impormasyon na masusukat sa pamamagitan lamang ng numero" (Salazar, 2016, p.10). Sa pagsasaliksik, minimithi ang "pagtatamo ng karunungan " na batay sa masusing " pagsusuri ng mga ebidensiya" at tungo sa "higit na matatag na direksiyon sa pananaw at pamumuhay ng tao" (Almario 2016a, p. 2).

Katuwian ni Almario (2016a), bata pa lang, dapat nang pagyamanin ng paaralan ang karanasan, inters, at kakayahan ng mga Pilipino sa pagsasaliksik, Isa itong paraan para mamukadkad ang kultura ng saliksik sa bawat tao, paaralan, at komunidad, at sa buong lipunang

Pilipino. Lahat ay magsasaliksik sa bawat pagkakataon na nais nating mapahayag ng kaalaman sa anumang sitwasyong pangkomunikasyon, lalong-lalo na kung ang paksa ng usapan o talastasan ay mga isyu ng bayan. Ito ay tungkulin ng bawat responsableng mamamayan at aambag sa pagbuo ng isang matino at maunlad na lipunan kung saan may balance ng mga kapangyarihan (Salazar, 2016, p. 16)

Sa pangkalahatan, tatalakayin say unit na ito ang ilang mahahalagang gabay sa pagpoproseso ng impormasyon tungo sa pagbabahagi ng kaalaman sa isang sitwasyong pangkomunikasyon, mula sa mga punimulang hakbang na dapat isaalang-alang bago. Mangalap ng impormasyon hanggang sa pagbubuo ng bagong kaalaman batay sa nakalap na impormasyon. Marami sa mga konseptong kasama sa talakayan ay napag-aralan na ninyo sa hayskul kaya din a gaanong palalawigin pa rito. May mga halimbawa ring mababanggit lang ng isang beses at hindi na ipapaliwanag nang detalyado sapagkat hindi na saklaw ng yunit na ito gayumpaman, maaaring mabasa ng sinomang interesado ang detalye sa mga tukoy na batis ng impormasyon na nasa talakayan at listahan ng sanggunian.

Hindi pakay ng yunit na ito na talakayin nang isa-isa at komprehensibo ang mga batayan at uri ng saliksik samot-saring aspekto ng proseso nito, iba't ibang metodolohiya at dulog, at diskusyon ng resulta hanggang paggawa ng kongklusyion at rekomendasyon. Subalit matatawag ding pananaliksik ang anumang pagtatangkang magproseso ng impormasyon tungo sa pagbuo ng bagong kaalaman para sa isang sitwasyong pangkomunikasyon, at matatawag na mananaliksik ang sinomang nagtatangka nito. Sa gayon, gagamitin ang mga terminong pananaliksik at mananaliksik say unit na ito, subalit sa konteksto ng pagbubuo ng kaalaman ng layong ibahagi sa sitwasyong pangkomunikasyon, na pansamantala'y ikakategorya sa dalawa: harapan (face-toface-interpersonal o mediado (mediated). Sa Yunit 5 pa tatalukuyin ang iba't ibang uri ng sitwasyong pangkomunikasyon.

## Mga Panimulang Konsiderasyon: Paglilinaw sa Paksa, mga Layon, at Sitwasyon Pangkomunikasyon

May ilang bagay na dapat isaalang-alang ang isang mananaliksik bago pumili ng batis ng impormasyon para sa pagbuo ng kaalamang ipapahayag sa isang pagbuo ng batis ng impormasyon para sa pagbuo ng kaalamang ipapahayag sa isang sitwasyong pangkomunikasyon. Una, Kailngan malinaw ang tukoy na paksa at layon ng pananaliksik. Pangalawa, dapat na malinaw sa mananaliksik ang pakay niya sa paglahok sa sitwasyong pakay niya sa paglahok sa sitwasyong pangkomunikasyon kung saan ibabahagi ang bubuing kaalaman. Pangatlo, kailangangikonsidera ng mananaliksik ang uri at kalakaran ng sitwasyong pangkomunikasyon. Ang tatlong ito ay may implikasyon sa isa't isa.

**Tukoy na Paksa at Layon**.

Ang tukoy na paksa at layon pananaliksik ay nakakawing sa dalawa : 1) paksa ng sitwasyong pangko-munikasyon kung saan ipapahayag ng mananaliksik ang kaalaman ng kanyang bubuuin, at 2) sa kanyang pakay sa paglahok sa sitwasyong pangkomunikasyon. Halimbawa, kung siya ay lalahok sa isang harapang talakayan ng mga estudyante hinggil sa patakaran sa pag sasalita ng purong Ingles sa loob ng klase maliban sa oras ng mga kursong itinuturo talaga sa Filipino o bilingguwal, mas mabuting malinaw sa mananaliksik ang paksa ng talakayn at ang paksa ng talakayan_rason kung bakit dapat o di-dapat magsalita ng Ingles lamang, bentahe at disbentahe ng pagsasalita ng purongwikang English, mga dahilan kung bakit dapat suportahan o tutulan ang patakaran, implikasyon ng patakaran sa pagkatuto at nasyonalismo, o lalamanin ng sulat sa pamunuan hinggil sa pagkakaroon ng konsultasyon bago ipatupad ang patakaran.

Batay sa paksa ng sitwasyong pangkomunikasyon, magdedesisyon ang mananaliksik kung anong pakay sa paglahok dito. Kumbaga ba, ano ang inaasan niyang mangyari sa mga kapuwa-kalahok oaudience pagkatapos niyang ipahayag ang kaalaman sa talakayan hinggil sa patakaran sa pagsasalita ng purong Ingles sa Klase ? Halimbawa, pakay ba niyang madagdagan ang kaalaman, mapalalim ang pagkaunawa, maitaas ang kamalayan, madebelop ang pagpapahakaga, makumbinsing pumanig sa isang posisyon, sumuporta sa adbokasiya, o mahimok gumawa ng aksiyon hinggil sa polisiya ang mga kapuwa-kalahok sa talakayan?

Kung ang paksa naman ng talakayan ay desisyon ng pagsuporta o pagtutol sa patakaran depende sa bentahe at disbentahe ng pagsasalita ng purong Ingles sa klase, ang isang tutol sa patakaran ay malamang na may pakay na makumbinsi ang mga kapuwa-kalahok na pumanig sa posisyong laban sa patakaran. Sa gayon, dapat iakma niya ang mga layon ng kaniyang pananaliksik sa paksa ng talakayan at sa kaniyang pakay sa paglahok dito. Isang halimbawa ng posibleng layon niya ay “ tukuyin ang mga balakid na dulot ng pagsasalita ng purong Ingles sa partisipasyon ng mga mag-aaral sa talakayan sa Klase”. Ang mabubuo niyang kaalaman batay sa layong ito ay magagamit niya sa pakay na pangungumbinsi.

Konsiderasyon naman ang uri at kalakaran ng sitwasyon pang-komunikasyon sa pagbuo ng pahayag ng kaalaman at pagpili ng plataporma ng pagpapahayag. Kung ang isang indibidwal ay naimbitahan bilang tagapagsalita sa isang seminar, malamang na susulatin niya ang kaniyang talumpati na naglalaman ng kaalamang binuo niya sa pananaliksik. Mahalaga na nakaorganisanang maayos ang mga impormasyon at ang daloy ng ideya sa talumpati, babasahin o kakabisaduhin man ito. Kung may tanungan pagkatapos niyang magsalita, kailangan niyang maging magsalita, kailangan niyang maging handa sa mga posibleng tanong at sagot. Kung gagamit naman ng midya para magpahayag ng kaalaman, aalamin niya kung ano ang angko[ na midya na epektibong makapagpapahayag ng kaalamang binubio niya. Kakabisaduhin niya kung ano-ano ang katangian ng napiling midya, paano ito pinoprodyus, at paano nito maipapahayag nang malinaw at sapat ang kaalamang nabuo sa pananaliksik. Mapapansin sa talakayan sa itaas na nauna ang paglilinaw sa pagsa, uri, at kalakaran, ng sitwasyong pagkomunikasyon bago ang pakay sa paglahok dito at ang pagtukoy sa tiyak na paksa at layon ng pananaliksik. Maaari ding kabaligtaran ang mangyari, na mauna ang pagsasaliksik hinggil sa isang napapanahon at mahalagang paksa bago magdesisyon ang mananaliksik kung saang sitwasyong pangkumikasyon niya ibabahagi ang kaalamang nahalaw at kung ano pakay niya sa pagbabahagi nito. Anuman ang proseso, ang pag-alam sa uri ng sitwasyong pangkomunikasyon ay makakatulong din upang makilala kung sino ang mga kapuwa-kalahok (katalastasan) o audience (tagapakinig,mambabasa, o manonood); mapaghandaan ang posibleng estruktura at daloy ng sitwasyon; at makagawa ng estratehiya kung paano pupukawin ang interes ng mga kapuwa-kalahok o audience.

Mahalagang kilalanin ang mga kapuwa-kalahok o audience para mas mapapaghandaan ang kaangkupan ng mga kaalamang ibabahagi at ang pamamaraan ng pagbabahagi ng kaalaman. Sino-sino sila? Ano ang sosyo-ekonomik, political, kultura, at edukasyonal na background nila? Halimbawa, kung naimbitahan ang mananaliksik bilang tagapagsalita sa isang kombensiyon hinggil sa papel ng kabataan sa pamamahala sa isang pamayanan, dapat alamin niyang mabuti kung sino ang audience. Hindi ito nangangahulugan na ang mga kaalamang ibabahagi sa kanila sa iyon lamang maganda at nakakatuwa sa kanilang pandinig. Ang pagkilala sa audience ay gabay para maibahagi ang mga kaalamang makabuluhan sa kanila kaugnayan ng paksa; mailagay sa angkop na konteksto ang pagbabahagi ng ng kaalaman; makagamit ng pamamaraan, estilo at mga salitang makapupukaw sa kanilang mapanuring isipan at makabayang damdamin; at maiayos ang estruktura at nilalaman ng pahayag ng kaalaman sa paraang mas naiintindihan nila at nakapag-iiwan ng hamon sa knila na aktibong makilahok sa lipunan.

Mainam din na ikonsidera ng mananaliksik ang ilan sa mga mungkahinina Santiago at Enriquez (1982) para sa maka-Pilipinong pananaliksik. Una,iugnay sa interes at buhay ng mga

kalahok ang pagpili ng tukoy na paksa. Pangalawa, gumamit ng mga pamamaraan ng pagsisiyasat na nakagawian ng mga Pilipino, angkop sa kultura, at katanggap-tanggap sa ating mga kababayan. Pangatlo, humango ng mga konsepto at ipaliwanag mula sa mga kalahok, lalo na iyong makabuluhan sa kanila.

### Mulaan ng Impormasyon: Mapanuring Pagpili mula sa Samo't Sariling Batis

Ang **batis ng impormasyon** ay ang pinanggagalingan ng mga katunayan (halimbawa.facts, and figures at datos (halimbawa.obserbasyon,berbal at biswal ng teksto, artifact fossil) na kailangan para makagawa ng mga pahayag ng kaalaman hinggil sa isang isyu, penomeno, o panlipunang realidad. Ang mga ito ay maikakategorya sa dalawang pangunahing uri: primera at sekundarya.

Primarya at sekundarya batis. Ang **primaryang batis** ay mga orihinal na pahayag, obserbasyon at teksto na direktang nagmula sa isang indibidwal, grupo, o institusyion na nakaranas nakaobserba, o nakapagsiyasat ng isang paksa o penonemo. Halimbawa ng mga primaryang batis ang sumusunod:

*mula sa harapang ugnayan sa kapuwa-tao:

1. pagtatanong-tanong
2. pakikipagkuwentuhan;
3. panayam o interbiyu
4. pormal,inpormal,estrukturado, o semi-estrukturadong tala-kayan;
5. umupukan; at
6. pagbabahay-bahay.

*mula sa mga material na nakaimprenta sa papel, na madalas ay may kopyang elektroniko:

1. awtobiyograpiya;
2. talaarawan;
3. sulat sa koreo at email;
4. tesis at disertasyon;
5. sarbey
6. artikulo sa journal;
7. balita sa diyaryo, radio, at telebisyon;
8. mga record ng mga tanggapan ng gobyerno kagaya ng pulong, kopya ng batas at kasunduan, taunang ulat, at pahayagang testament;
9. orihinal na dokumento kagaya ng sertipiko ng kasal at testament;
10. talumpati at pananalita; at
11. larawan at iba pang biswal na grapika.

*iba pang batis

1. harapan o online na survey;
2. artifact kagaya ng bakas o labi ng dating buhay na bagay, specimen pera, kagamitan, at damit;
3. nakarekord na audio at video;
4. mga blog sa internet na naglalahat ng sariling karanasan o obserbasyon;
5. website ng mga pampubliko at pribadong ahensiya sa internet;
6. mga likhang sining tulad ng pelikula, musika, painting, at music video.

Ang **Sekundaryang batis** naman ay pahayag ng interpretasyon, opinion, at krtisismo mula sa mga indibidwal,grupo, o institusyon na hindi direktang nakaranas, nakaobserba, o nagsaliksik sa isang paksa o penomeno. Kasama rito ang mga " account o interpretasyon" sa mga pangyayari

mula sa taong hindi dumanas nito o “pagtalakay sa gawa ng iba” (Hinampas, 2016, p.51). Halimbawa ng sekundaryang batis ang sumusunod:

1. Ilang artikulo sa diyaryo at magasin kagaya ng editorial, kuro0kurong, tudling,sulat sa patnugot, at tsismis o tsika;
2. Encyclopedia;
3. Teksbuk;
4. Manwal at bagay na aklat;
5. Diksyonaryo at Tesoro;
6. Kritisismo;
7. Komentaryo;
8. Sanaysay;
9. Sipi mula sa orihinal na hayag o teksto;
10. Abstrak;
11. Mga kagamitan sa pagtuturo kagaya ng Power Point presentation; at
12. Sabi-sabi.

Alin man sa mga sekonradyang batis ay maaaring maging primaryang batis kung ito ang mismong paksa ng pananaliksik. Halimbawa, ang nilalaman ng tsismis na pang-showbiz na nalalathala sa mga diyaryo at ang katuturan nito sa buhay ng mga Pilipino ay maaaring maging paksa ng isang pag-aaral ng diskurso. Sa gayon, ang tsismis ay ituturing na primaryang batis dahil ito mismo ang susuriin. Para maging hitik sa datos ang binubuo niyang kaalaman, makumpara at mapatotoo niya ang mga katunayan sa bawat batis, at maglugad niya ang iba’t ibang sulok at anggulo ng paksang sinusuri. Sa gayon, masisisguro ng mananaliksik na matibay ang pundasyon ng mga ilalahad at ikakatwiran niya sa sitwasyong pangkomunikasyon na kaniyang lalahukan. Dahil sa marami ang posibleng batis ng impormasyon, kailangang piliin iyong angkop sa paksa, layon, at disensyo ng pananaliksik. Halimbawa, kung nais ng mananaliksik na tukuyin ang mga maling kalakaran sa pamamahala ng basura sa isang likas na pook-pasyalan na kagaya ng Boracay, maaari niyang piliin bilang batis ng impormasyon ang mga artikulo sa diyaryo at magasin na nagtatampok sa isla. May sinasabi rin ang ilang travel blog hinggil dito. Posible rin na may mga pag-aaral nang isinagawa atungkol sa proteksyon at konserbasyon ng Boracay na nalathala na sa mga journal. Kung may badyet ang mananaliksik, maaari rin siyang magsadya sa Boracay at makipagpanayam sa mga opisyal, negosyante, turista, at iba pang tagapagbatid website o blog sa Internet na naglalabas ng mga propaganda at nagbubuhat ng bangko para sa isang tao o grupo. Sa kaso naman ng mga pahayagan, ang mga balita at lathalain ay matatawag na primaryang batis kung ito ay kulat hinggil sa mga tao, bagay, lugar, o pangyayari na nararanasan, naobserbahan, o nasaliksik ng manunulat.Ang mga kolum ng opinion at sulat sa patnugon ay itinuturing na sekundaryang batis, maliban kung inalalahan ditto ang sariling karanasan o obserbasyon ng manunulat.

Sa pagsangguni sa mga sekundaryang batis, iwasan ang tahasang pagtitiwala sa mga sanggunian na ang nilalaman ay maaaring baguhin o dagdagan ng sinuman (halimbawa. Wikipedia). Bagama’t madali itong mapuntahan at impormatibo kailangan tiyakin ng laman nito sa pamamagitan ng pagsangguni sa iba pang mga batis. Maaari naming sumangguni sa mga teksbuk sa pagbalangkas ng depinisyon ng mga salita, lalo na ng mga teknikal na katawagan. Subalit hindi dapat magpatali ang mananaliksik sa teksbuk; mas mabuting sumangguni rin sa mga artikulo ng journal at iba pang akademikong material mula sa primerang batis. Sa pagsipi ng teksto mula sa artikulo ( halimbawa sa journal o diyaryo), linawin kung ang mga sinipi ay

account ng obserbasyon o karanasan; pahayag ng kaalaman mual sa pananaliksik; o pahayag ng opinion, interpretasyon, o kritisismo ng may-akda hinggil sa partikular na paksa.

**Kapuwa-tao Bilang Batis ng Impormasyon**.

Sa pagpili ng mga kapuwa-tao bilang batis ng impormasyon, kailangang tim-bangin ang kalakasan,kahinaan, at kaangkupan ng harapan at mediadong pakikipag-ugnayan. Ang mga kapuwa-tao ay karaniwang itinuturing na primaryang batis, maliban kung ang nasagap sa kanila ay nakuha lang din sa sinabi ng ibang pang tao.

## Paglubog sa mga Impormasyon: Mga Pamamaraan ng Paghahagilap at Pagbabasa

Kung nakapili na ng mayaman at angkop na batis ng impormasyon, kailngang paghandaan ng mananaliksik ang pangangalap at pagbabasa ng mga katunayan at datos. Ang pamamaraan ng pagkalap ng datos ay bahagi ng disenyo ng saliksik kung kaya inaasahang natukoy na ito ng mananaliksik bago pa man siya pumili ng batis ng impormasyon. Sa kwantitatibong disenyo, palasak ang pamamaraang sarbey na ginagamitan ng talatanungan at eksperimento na may pretest at posttest. Sa kuwalitatibong disenyo, malawak ang pagkakaiba-iba ng mga pamamaraan, pero mas palasak ang panayam at pangkatang talakayan.

Tambalan ng pangangalap at pagbabasa ng impormasyon. Maraming disenyo ng pagsasaliksik (halimbawa.sarbey, eksperimento, sosyometrikong analisi) kung saan kailngan munang malikom ang datos bago ang pagbabasa at pagsusuri nito. Subalit mayroon ding mga disenyo kung saan pinagtatambal ang dalawang magkahiwalay na mga gawaing ito. Halimbawa, sa kaso ng ilang midya bilang batis ng impormasyon (halimbawa mga publikasyon, tesis, disertasyon, aklat, ulat), kailngan ang panimulang pagbabasa habang nangangalap ng impormasyon kung hindi pa natutukoy ang espesipikong sanggunian mula sa isang uri ng batis na napili (halimbawa. Aling particular na artikulo sa anong journal). Maaaring  tingnan muna ang abstrak (artikulo sa journal), ang pamatnubay (balita sa diyaryo), at buod (aklat, ulat) para malaman kung mahalaga o kaugnay ba talaga ito ng paksa o penomenong sinasaliksik kung mahalaga, kailngang basahin ang detalye ng nilalaman. Ang panimulang pagbabasa ay praktikal kung kailngan pang piliin ang mga tukoy na tomo, bilang, o edisyon ng publikasyong isasama sa mga batis ng impormasyon. Dagdag pa, maiiwasan nito ang posibleng duplikasyon ng artikulo o kabanata na ipinapa-photocopy, lalo na kung nalathala ito sa iba't ibang publikasyon (Almario 2016, p. 6).

May mga kuwalitatibong disenyo sa pamamaraan ng nagbibigay puwang sa relatibong pagsasabay-sabay ng pangongolekta, pagbabasa, at pagsusuri ng impormasyon, lalo na kung etnograpiko ang dulog at kung minimithi ang punta ng saturation ng mga tema ng kaalaman na pinapalitaw batay sa mga layon ng pananaliksik (Baxter & Babbie 2004, p. 79). Sinasabing naabot na nag punta ng saturation kung ang panibago at karagdagdagang datos na nakalap ay hindi na humahantong sa anumang pagbabago sa nauna nang napalitaw na mga kategorya ng impormasyon o sa paglitaw ng panibagong tema ng kaalaman (Baxter & Babbie, p. 319,2004; Cresswell, 2014, p. 189).

**Mga establisadong pamamaraan ng pangangalap ng katunayan at datos mula sa kapwa-tao**

- Eksperimento
- Sarbey
- Panayam o interbyu
- Focus group discussion

**Maka-Pilipinong pamamaraan na akma sa ating kultura batay sa SP (Sikolohiyang Pilipino)**

- Pagtatanong-tanong
- Pakikipagkwentuhan
- Pagdalaw-dalaw
- Pakikipagumpukan
- Pakikiisa
- Pakikisangkot
- Pakikipanuluyan

**Eksperimento**

Sa konsepto ng agham panlipunan, ang eksperimento ay isang kuwantitatibong disenyo ng pananaliksik kung saan sinusukat ang epekto ng independent variable, na nagsisilbing interbensyon, sa dependent variable, na tinatalaban ng interbensiyon. Halimbawa, ano ang epekto ng paggamit ng bernakular sa pagtuturo sa klase (independent variable) sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral hinggil sa isang paksa sa agham (dependent variable)? Madalas na gumagamit ng control at eksperimental na mga pangkat ng kalahok para makumpara ang resulta sa pagitan ng pangkat na hindi ginagamitan ng interbensiyon (kontrol) at sa pangkat na ginagamitan nito (eksperimental). Limitado ang gamit ng eksperimento sa agham panlipunan at nahaharap ito sa maraming banta sa katumpakan (Baxer & Babbie, 2004).

**Survey**. Ang survey ay ginagamit sa mga deskriptibo at kuwantitatibong pag-aaral ng malalaking populasyon para sukatin ang kaalaman, persepsiyon, disposisyon, nararamdaman, kilos, gawain, at katangian ng mga tao (Baxter & Babbie, 2004). Ito ay ginagamitan ng talatanungan at maaaring isagawa ng harapan o online. Mahalaga ang organisado, malinaw, at espesipikong mga panuto at katanungan sa pagsa-survey. Maaaring magbigay ng open-ended na tanong sa survey, subalit hindi inaasahan na makakakuha ng komprehensibong sagot mula sa mga respondent kumpara sa interbiyu at iba pang kuwalitatibong pamamaran.

Ang **Interbyu o panayam** ay isang interaksyon sa pagitan ng mananaliksik bi;ang tagapagtanong at tagapakinig at ng tagapagbatid na siyang tagapagbahagi ng imppormasyon. Sa estrukturadong Interbyu, gumagamit ang mananaliksik ng gabay na tanong na ang pagkakasunod-sunod ay ay mahalaga upang matiyak ang konsistensi sa lahat ng tagapagbatid. Ang semi-estrukturadong interbyu ay mayroon ding gabay na tanong ngunit pwede niyang baguhin ang pagkakaayos nito depende sa takbo ng interbyu at maari din niyang dagdagan kung mayrooon siyang mga follow up na tanong. Sa di-estrukturadong interbyu hindi kahingian ang mga gabay na tanong upang mas maging natural ang daloy ng usapan, subalit makabubuti na kahit papaanoy lagging tandaan ng mananaliksik ang layon at paksa ng kaniyang sinisiyasat habang nag-iinterbyu sa pagkalap ng impormasyon para magbayan siya ng dapat itanong at malaman.

**FOCUS GROUP DISCUSSION**

Isang semi-estrukturadong talakayan na binubuo ng tagapagpadaloy na kadalasa'y ginagampanan ng mananaliksik at 6-10 kalahok.

**Bentahe ng FGD**

-Naitatama, napapasubalian o nabeberepika ng mga kalahok ang impormasyong ibinabahagi.

-May naiisip, nababanggit at napagtatanto ang mga kalahok kapag sila'y magkakasamang nag-uusap

-Maraming aspekto at anggulo ng isang paksa ang lumalabas at napapag-usapan sa isang pagtitipon.

**Kahinaan ng FGD**

-May dominante sa grupo

-May nag- aagam –agam na sumasalungat sa kasama o itama

-May lihim o hayag na hidwaan ang mga kalahok impormasyong ibinigay ng iba

-May ayaw magbahagi ng saloobn dahil nahihiyang magkamali, mapuna, o matsismis.

**Pakikisangkot Habang pakapa-kapa**
Sa hanay ng mga pamamaraang maka-Pilipino, maraming pagpipilian ang isang mananaliksik, depende sa layon ng pananliksik at dulog sa pangangalap ng datos.**Santiago (1977)** – Ginamit niya ang **pakikisangkot** sa buhay ng mga tagapagbatid sa pamamagitan ng pagtira sa kanilang mga komunidad sa loob ng maraming araw sa tatlong buwan. Bilang dulog, ang pakapa-kapa ay isang eksplorasyon hinggil sa isang paksa sa konteksto ng pamumuhay ng mga tao sa isang komunidad gamit ang mga katutubong pamamaraan ng pagkuha ng datos gaya ng "pagmamasid, pagtatanong-tanong, pagsubok, pagdalas, pakikilahok at pakikisangkot. (Torres 1982, p.171)

**PAGTATANONG-TANONG**
Ito ay mainam sa mga sumusunod na pagkakataon:
-Kung ang impormasyong sinisiyasat ay makukuha sa higit sa isang tagapagpabatid.
-Kung hindi tuwirang matatanong ang mga taong may direktang karanasan sa paksng sinisiyasat.
-Kung di pa tiyak kung sino ang may kaalaman o karanasan hinggil sa paksa.
-Kung nais maberipika ang mga impormasyong nakuha mula sa ibang tagapagpabatid (**Gonzales** 1982)

**PAKIKIPAGKWENTUHAN**
- Ginamit ni **DE VERA (1982)** upang pag-aralan ang pakikiapid sa isang baryo sa Camarines Norte. Isa itong di-estrukturado at impormal na usapan ng mananaliksik at mga tagapagpabatid hinggil sa isa o higit pang mga paksa kung saan ang mananaliksik ay walng ginagamit na tiyak na mga tanong at hindi niya pinipilit igaya sa isang direksyon.

**PAGDALAW-DALAW**
- **Gepigon at Francisco (1982)**
- Ginamit nila ang ganitong metodo sa pag-aaral ng "kahirapan ng mga namumulot ng basura sa isang tambakan sa Malabon Rizal"
- Ito ay ang pagpunta-punta at pakikipag-usap ng mananaliksik sa tagapagpabatid upang sila ay magkakilala. (makuha ang loob)
- Ito rin ay kaakibat ng ibang pamamaraan gaya ng pakikipagkwentuhan at pakikilahok

**PAKIKIPANULUYAN**

- **Nicdao-Henson** (1982)

- Ginamit niya ito sa pag-aaral ng konsepto ng panahon ng mga Taga-Tiaong, GuiGuinto, Bulacan.

- Ginamit muna niya ang pamamaraang padalaw-dalaw hanggang sa siya ay nanirahan doon sa loob ng 3 buwan.

- Nakikisalamuha sa mga tao at nakisangkot sa ilan sa kanilang mga aktibidad kagaya ng pakikipagkwentuhan sa umpukan, pangangabitbahay, pagdalo sa iba't ibang pagtitipon, pagmamasid sa mga nagaganap sa kapaligiran at pagtatanong tanong hinggil sa paksang sinasaliksik.

- Ito ang pang-matagalan at masaklaw na pamamaraan dahil ginagawa ito sa loob ng maraming araw at kaakibat ang iba pang pamamaraan ng pagkuha ng datos.

**PAGBABAHAY-BAHAY**

- Ito ay masaklaw na pamamaraan sapagkat hindi lamang pumupunta sa bahay ng tagapagpabatid ang mananaliksik, nagmamasid, nagtatanong-tanong, nakikipagkwentuhan o nakikipanayam din siya.

- Ginagamit ang pamamaraang ito sa pagsasagawa ng survey.

- Inaasahag makakuha ng hitik, kompleks at malalim na impormasyon mula sa maraming tagapagbatid.

**PAGMAMASID**

- Ito ay pag-oobserba gamit ang mata, taynga,ilong at pandama sa tao, lipunan at kapaligiran.

(upang magamit niya kung maari pa siyang magpatuloy o hindi sa susunod na hakbangin)

- Ito rin ay kaakibat ng iba pang pamamaraan ng pagkuha ng datos kagaya ng pakikilahok, pakikisangkot, pagbabahay-bahay at pakikipanuluyan.

**Uri ng papel ng tagapagmasid (GOLD 1958)**

- ❑ Ganap na tagamasid

- ❑ Ganap na kalahok

- ❑ Tagamasid bilang kalahok

- ❑ Kalahok bilang tagamasid

**Mga Instrumento sa pagkalap ng datos mula sa Kapwa-tao**

1. Talatanungan at gabay na katanungan (interbyu at talakayan)
2. Pagsusulit o eksaminayon (pre test at post test) (rubriks)
3. Talaan sa fieldwork
4. Rekorder

**Sa pagkalap ng datos mula sa mga aklatan**

- Libro

- Journal
- Magasin
- Dyaryo
- Tesis
- Disertasyon
- Encyclopedia
- Diksyunaryo
- Globo

**Pangangalap ng impormasyon mula sa mga online na materyal.**
-Artikulo sa journal
-Balita sa online news site
-Account ng karanasan sa blog
**-Philippine E- Journals Database**

- ➢ Daloy
- ➢ Dalumat
- ➢ Hasaan
- ➢ Layag
- ➢ Malay

**Online news**

- ➢ ABS-CBN
- ➢ GMA 7
- ➢ PTV
- ➢ CNN
- ➢ Philippine Daily Inquirer
- ➢ Manila Bulletin
- ➢ Philippine Star
- ➢ Manila Standard

**Pangangalap ng impormasyon mula sa pangmadlang midya**
Radyo
Diyaryo
Magasin
Telebisyon
Pelikula
Internet (youtube)

**Pagsusuri ng Datos: Mula sa Kaugnayan at Buod ng mga Impormasyon Hanggang sa Pagbuo ng Pahayag ng Kaalaman**

Ang pagsusuri ay isinasagawa pagkatapos mangalap at magbasa ng mga katunayan at datos para sa binubuong pahayag ng kaalaman. Subalit alalahanin muli na may mga kuwalitatibong disenyo ng pananaliksik kung saan maaari nang magsimulang mag-suri ng impormasyon habang nangongolekta at nagbabasa pa lamang nito, lalo na kung hangad ang punto ng saturation ng mga kategorya at tema sa pagbubuo ng bagong kaalaman. Gayumpaman, ang madalas na praktis ay gawin ang pagsusuri pagkatapos malikom ang karamihan, kundi man lahat, ng mga katunayan at datos.
Sa pagsusuri ng mga nakalap na datos, hinahanapan ng mananaliksik ng kaugnayan sa isa't isa ang mga datos at bumubuo siya ng buod hinggil dito. Gabay niya ang mga layon ng pananaliksik sa pag-uugnay-ugnay at pagbubuod ng mga datos. Ang mga kaugnayan at buod na

ito ang gagamitin niya sa pagtukoy sa mga pangunahing tema ng napoprosesong impormasyon at sa pagbuo ng pahayag ng kaalaman.

Pag-uugnay-ugnay ng Impormasyon. Sa pag-uugnay-ugnay ng impormasyon mula sa iba't ibang batis, kailngan ng mananaliksik ng malinaw, matalas, me-tikuloso, at mapanuring isipan. Bagama't may mga material na tahasang nagpapaliwanag ng kaugnayan sa isa't isa ng mga nilalamang impormasyon, mas marami sa mga baits ng impormasyon ay walang ganitong paglilinaw. Dagdag pa, karaniwang saligan ng isang pananaliksik ang maraming batis ng impormasyon kung kaya't nararapat lamang na nagtataglay ang mananaliksik ng kasanayan sa pag-uugnay-ugnay ng mga impormasyon na iba't iba ang pinanggalingan (magkakaibang mga tao, grupo, at midya); iba-iba ang anyo ng pagkakapahayag (magkakaibang istruktura, naratibo, representasyon, at estilo); at madalas, iba't iba ang pinaghuhugutang perspektiba, teorya, o ideolohiya.

**Sintesis**

Sa puntong ito, naiisip natin marahil na mahirap ang magsaliksik para sa pagbuo ng malamang pahayag na may kabuluhan at kataturan. Halimbawa, kung gagawa tayo ng pananalita para sa pagtitipon ng mga bagong halal na opisyal ng Sangguniang Kabataan sa ating barangay, kailangan ba talaga nating pagdaanan ang lahat ng tinalakay sa taas? Sa unang tingin, tila masalimuot ang gumawa ng pananalitang nakasandig sa masusing proseso ng paghahanda sa pagsisiyasat, pagpili ng batis ng impormasyon, pangalap at pagbabasa ng impormasyon, paguugnay-ugnay at pagbubuod ng nakalap na impormasyon, at pagbuo ng sariling pahayag ng kaalaman. Pero kung bubuksan pa natin ang isipan sa mas malalim at malawak na pagtanaw sa buhay, medaling yakapin ang kultura ng pananaliksik sa maraming kadahilan.

Una, ito ay usapin ng kaugalian. Baka naiisip ng marami sa atin na mahirap gawin ang pananaliksik dahil hindi natin kaugalian, lalo na sa mga aktibidad natin sa araw-araw. Halimbawa, gumagawa ba tayo ng hakbang upang patotohanan o pasubalian ang mga sabi-sabing naririnig natin hinggil sa isang kaibigan, kaklase, o kapitbahay bago natin ito ibahagi sa iba? Sino-sino o ano-ano ang pinipili nating batis ng impormasyon? Paano tayo nangangalap, nag-uugnay, at nagbubuod ng mga impormasyong nakalap natin? Pano tayo bumubuo ng pahayag ng kaalamang magpapatunay, magpapasubali, o magwawasto sa sabi-sabi? Sa medaling sabi, kung nakasanayan natin na magsaliksik nang maayos kahit sa mga simpleng usapin ng buhay sa ating lipunan. Ito'y magiging pangkaraniwang gawain na lang para sa atin. Sabi nga, ang nakasanayan nang gawin ay mani-mani na lang.

Pangalawa, ito ay usapin ng responsableng pakikipagkapuwa. Sa lipunang Pilipino, ang pakikipagkapuwa ay taal at mahalagang salik ng ating mga gawing pangkomunikasyon. Kung ayaw nating ipahamak ang ating kapuwa, hindi nakasanding sa mga katibayan at datos. Gayundin, ayaw nating ipahamak tayo ng mga mali o baluktot na pahayag ng kapuwa hinggil sa atin.

Pangatlo, ito ay usapin ng kaayusan at kaunlaran ng lipunan. Ayaw nating mamayani ang disinformation at mga kasinungalingan sa ating lipunan dahil hindi ito makatutulong sa pagbabago at pag-unlad ng ating bansa. Sabi ni Almario (2016a), nagsasaliksik tayo para sa pagbabago sa pakuwa-tao at sa kaniyang daigdig.

Samakatuwid, para maging kawili-wili ang pananaliksik, umigpaw tayo sa mga kalakarang humahadlang sa ating pagyakap dito. Una, iugnay natin ang paksang, sinusuri sa ating sa karanasan, kapaligiran, at lipunan para ang mga pahayag natin ay maging makabuluhan at kapaki-pakinabang hindi lamang sa sarili kundi sa bayan at mga kababayan. Gamitin natin ang imahinsayong sosyolohika para dumaloy sa ating kamalayan bilang mananaliksik na ang mga problema sa sarili ay kaugnay ng mas malalaking pangyayari sa lipunan.

PAGSUSULIT

**Mga Tanong:**

1. Bakit mahalaga ang pananaliksik bago bumuo at magbahagi ng pahayag ng kaalaman sa isang tiyak na sitwasyong pangkomunikasyon?

2. Tumutukoy ng isang napapanahong isyu sa bansa ng kaugnay ng iyong larangan o disiplina. Kung ikaw ay magpoprodyus ng poster tungkol sa isyung ito,ano-anong batis ng impormasyon ang iyong bibigyang prayoridad? Bakit?

3. Ikaw ay naimbitahang magbigay ng talumpati sa pulong ng isang organisasyon ng mga kabataan tungkol sa kalagayan ng edukasyon sa inyong bayan ngayon. Paano ka mangangalap ng mga impormasyon na gagawin mong saligan ng iyong talumpati?

4. Sa iyong karanasan sa pananaliksik sa hayskul, paano pinag-uugnay-ugnay ang mga impormasyon na galling sa iba't ibang batis? Paano naman gagawin ng buod ang mga pinag-ugnay-ugnay na impormasyon?

5. Bakit mahalang gamitin ang wikang Filipino sa pagpoproseso ng impormasyon para sa komunikasyon, mula sa pagpili ng paksa sisiyasatin hanggang sa pagbuo ng pahayag ng kaalaman?

6. Ano-ano ang implikasyon ng "kulutra ng saliksik," lalo na ang masinsinang at masikhay na pagpoproseso ng impormasyon, sa ugnayan ng mga Pilipino sa isa't isa sa kaunlaran ng lipunang Pilipino?

**(Isahan):Paggawa ng Mapanghikayat na Pananalita**

Pumili ng isang napapanahon at mainit na isyung panlipunan na pinag-uusapan at pinagbabalitaktakan ng maraming Pilipino. Maaaring pumili ng isa mula sa sumusunod.

1. Pagpapatupad ng Martial Law sa buong bansa
2. Pagbabawal o paglilimita sa mga dinastasyong politikal
3. Pagpapakasal ng dalawang lalaki o dalawang babae
4. Pagpapasara ng sikat na lika na pook-pasyalan(halimbawa:Boracay,Panglao,Coron)

5. Pag-iimbestiga ng Commission on Human Rights sa pag-abuso ng mga ahenteng panseguridad ng gobyerno
6. Panghuli sa mga tambay
7. Paggamit ng Filipino o rehiyonal na wika bilang opisyal na wika sa lahat ng korte sa bansa
8. Pagbabawal sa kontraktwalisayon sa empleyo
9. Pagsama ng mga estudyante sa kilos-protesta
10. Pagsailalim sa drug test ng mga mag-aaral sa elementary at hayskul

Maaaring pumili ng isyung wala sa listahan sa itaas subalit mahalaga o mainit na usapan sa inyong komunidad. Mag desisyon kung ano ang panig o posisyon (halimbawa,sang-ayon,di sang-ayon,medyo sang-ayon lang, sumusuporta, at di-sumusuporta) mo sa napiling isyu.Layon ng gagawin mong pananalita na himukin ang tagapakinig na pumanig o sumuporta sa posisyong kinikilingan mo

Sa pangangalap ng mga impormasyon para makabuo ng pahayag ng kaalaman sa papel, sumangguni sa mga online na material gaya ng mga nabanggit sa itaas (halimbawa: Philippine E-Journals Database, online new sites, blogs). Maaaring makipagpanayam at makipagtalakayan sa mga eksperto at ibang pang indibidwal na may malawak na kaalaman at karanasan sa paksa, subalit limitahan ito sa mga taong nasa loob ng pamantasahan o pamayanan.

Sa pagsusulat, isaalang-alang ang mga sumusunod na mga katangian ng mapanghikayat na pananalita: malinaw ang posisyon o panig: matibay ang mga argumentong sumusuporta sa posisyon o panig; organisado at maayos ang daloy ng impormasyon mula simula hanggang dulo; at malikhain kawili-wili ang istilo ng paglalahad ng impormasyon. Ang eskripto ang pananalita ay isusulat gamit ang kompyuter at ito ay dapat naglalaman ng 2,000 hanggang 3,000 salita.

# *YUNIT III*

## MGA GAWING PANGKOMUNIKASYON NG MGA PILIPINO

**LAYUNIN :**

Pagkatapos ng araling ito, magagawa ng bawat mag – aaral na:

- Mailarawan ang mga gawaing pangkomunikasyon ng mga Pilipino sa iba’t ibang antas atlarangan;
- Maipaliwanag ang kabuluhan ng wikang Filipino bilang mabisang wika sa kontekstwalisadong komunikasyon sa mga kumunidad at sa buong bansa;
- Magagamit ang wiang Filipino sa iba’t ibang tiyak na sitwasyong

**LUNSARAN**

Panoorin ang bidyo ng episodyo ng Investigative Documentaries na pinamagatang “Ang Estado ng Wikang Filipino” sa Youtube (https://www.youtube.com/watch?v=WSsEaBAO6-0).Bigyang pansin ang sinasabi ng mga batang itinampok sa dokumentaryo. Pag-isipang mabuti ang sagot sa sumusunod na tanong: Bakit hindi alam ng ibang bata ang salitang Filipino para sa mga bagay na makikita naman sa bansa? Magbalik tanaw saglit sa nakaraan. Saang mga sitwasyong pangkumunikasyon monatutunan noon ang mga pangalan o katawagan ng mga bagay na nasa paligid lang?

**BABASAHIN**

**MAY PINOY NGA!**

May angking katangian ang pakikipag-ugnayan nating mga Pilipino sa kapwa at ating lipunan kaya may matatawag tayo na sariling mga gawing pangkomunikasyon na tayo lang ang lubos na makakagagap. Sa kabila ng bugso ng modernisasyon sa bansa at sa impluwensiyang kanluranin sa anyo at pamamaraan ng pakikisalamuha natin sa kapuwa, matingkad parin ang sariling kaakuhan ng komunikasyong Pilipino na nakahabi sa mga pag-iral ng ating kultura, nakaugnay sa ekonomik, at sumasabi at dumadaloy sa mmga katutubong wikang Pilipino, lalo na sa wikang pambansa. Ang komunikasyon ang nagbibigay buhay at nagpapadaloy sa ugnayan ng mga tao habang hinuhulma nila ang kanilang lipunan at habang hinuhulma rin sila nito. Kasamang nahuhulma at humuhulma sa lipunan ang kultura, na ayon kay Salazar (1996), ay siyang “kabuuan ng isip, damdamin, gawi, kaalaman at karanasan na nagtatakda ng maaangking kakanyahan ng isang kalipunan ng tao” (p. 19). Hindi nahuhulma ang isang lipunan kung walang nagaganap na komunikasyon sa pagitan ng mga taong naninirahan ditto. Sa pag-iral ng komunikasyon, nililikha ang kultura na tumatagos sa lahat ng aspekto ng isang lipunan, politikal, ekonomiya, at iba pa. Kailangan din ng mga tao ng wika bilang behikulo ng komunikasyon, para sa panlipunang pagkakaintindihan at pagkilos (Constantino & Atienza, 1996). Ang wika ang “daluyan, tagapagpahayag at impokan-kuhanan” ng isang kultura (Salazar, 1996, p. 19) na umiiral at nakakahugis sa proseso ng komunikasyon ng mga taong patuloy ang pakikipag ugnayan at pakikisalamuha sa isa’t isa. Malinaw na mahigpit ang pagkakatahi-tahi ng komunikasyon, kultura, at wika na nagbibigay sa isang lipunan ng sariling kaakuhan at kakayahan. Samakatuwid, sa interkultural na komunikasyon sa pagitan ng mga Pilipino at ng mga dayuhan, hindi kataka-taka kung bakit ang kulturang panloob ay hindi madaling maunawaan ng mga bagong salita sa Pilipinas kahit pa ang ating kulturang panlabas ay madali nilang masakyan, lalo na sa unang tingin (Maggay, 2002, pp. 13). An gating kulturang panloob ay may pantayong pananaw (Salazar, 1996) at nagtataglay ng mga kagawian sa pagpapahayag na di tuwiran, paligoy-ligoy o puspos ng pahiwatig, (Maggay, 2002). Nasa kulturang Pilipino rin ang kahilingan nating mga Pilipino sa pakikisalamuha at ang pagiging bukas natin sa pagbuo ng

mga relasyon sa kapuwa (Pertierra, 2010, p. 39). Pangitang pangita ang ganitong katangian ng mga Pilipino sa paggamit ng Facebook sa pagpaparami ng social network at sa pagpapaskil ng samot saring personal na impormasyon hinggil sa sarili at mga nangyayari sa buhay (Pertierra, 2010, p. 9). Tatalakayin sa yunit na ito ang ilan sa mga gawing pangkomunikasyon ng mga Pilipino na madalas nararanasan sa iba't ibang sulok ng ating bansa at may potensiyal na magamit sa pagpapayaman ng pakikisalamuha ng Pilipino sa isa't isa. Bibigyan ng masusing pansin ang tsismisan, umpukan, talakayan, pulong bayan, pagbabahay-bahay, komunikasyong di-bebal, at mga ekspresyong local. Hindi kapuwa ekslusibo sa isat isa ang mga ito. Bagkus may mga pagkaakataong nagaganap o nasasaksihan ang dalawa o higit pa nang makasabay o magkahalo sa isang sitwasyon ng komunikasyon. Halimbawa, maaaring may tsismisan sa isang umpukan ng mga kabataang, mag-aaral habang recess, may palitan ng mga local na ekspresyon at di-berbal na senyales sa isang mainit na talakayan sa pulong-bayan hinggil sa isang panukalang ordinansa, o may talakayan ng mga isyung kaugnay ng isang inobasyon na isinusulong ng mga manggagawa pangkalusugan sa kanilang pagbabahay-bahay. Subalit kailangan ang **MASUS** pagkilatis sa mga katangian, **KATUTU** Kalakasan, at kahinaan ng bawat gawing pangkumonikasyon upang ang mga ito ay mapagyaman at magamit sa pagsulong ng ating bayan.

**TSISMISAN: Istoryahan ng Buhay-Buhay ng mga Kababayan**

Sa karaniwang diskurso, ang tsimisan ay itinuturing na isang pagbabahaginan ng impormasyong ang katotohanan ay di-tiyak. Ito ay isang uri ng pag-uusap sa pagitan ng dalawa o higit pang magkakakilala o magkapalagayang-loob. Subalit ang tsismis, na siyang laman ng tsismisan, ay nanggagaling din minsan sa hindi kakilala, lalo na kung ito'y naulinagan lang sa mga nagtsitsismisan. Ang haba ng oras ng tsismisan ay di rin tiyak- maaaring ito ay saglit lamang o tumagal ng isa o higit pang oras, depende kung may mailalaang panahon ang mga nag-uusap at kung kailangan ng mahabang panahon sa pag-uusap. Ang tsismis ay maaaring totoo, bahagyang totoo, binaluktot na katotohanan, dinagdagan o binawasang kato-tohanan, sariling interpretasyon sa nakita o narinig, pawing haka-haka, sadyang di-totoo, o inimbentong kwento. Subalit siguradong ito ay may pinagmulan o pinanggalingan, mauuri sa tatlo;

(1) Obserbasyon ng unang tao o grupong nakakita o nakarinig sa itsitsismis;
(2) Imbentong pahayag ng isang naglalayong makapanirang-uri sa kapuwa; o
(3) Pabrikadong teksto ng nagmamanipula o nanlilinlang sa isang grupo o sa madla.

Sabi nga kapag may usok, malamang na may apoy. Sa isang komunidad na gaya ng kapitbahayan,purok, sityo o paaralan, madalas magmula sa una at pangalawang uri ang tsismis ukol sa isa o higit pang miyembro ng komunidad, subalit may pagkakaiba sa dalawa. Malamang na may maitim na balakin sa kaso ng pangalawang uri. Sa unang uri, ang obserbasyon ay maaaring naipamahagi nang walang malisiya , at ito ay naging tsismis lamang, dahil kumalat ng hindi nabeberipika, subalit sa pangalawa, ang pahayag ay may kaakibat na balaking maghasik ng intriga. Ang intriga ay isang uri ng tsismis na nakasisira sa reputasyon o pagkakaibigan (Tan, 2016). Ang pangatlong uri naman ay madalas kinakasangkapan ng naghaharing-uri kagaya ng mga politico, negosyante at dinastiyang politikal para manira ng kalaban, lituhin ang taumbayan, o pagtakpan ang mga kabuktutan. Tandaang ang tsismisan ay nagaganap hindi lamang sa Pilipinas. Sa mga bansang English ang bernakular na wika tulad ng Unaited States at Australia, ito y madalas na katumbas ng *gossip, rumor,* at iba pang kaugnay na salita kagaya ng *hearsay,**SCUTTLEBUTT***, o *chatty talk* na dumadaloy sa pamamagitan ng *grapevine*. May negatibong pakahulugan ang *gossip* sa ibang bansa, at gayundin naman and kadalasang pananaw sa tsismis sa Pilipinas. Maging sa Bibliya, may mga taludtod na nagbabala laban sa tsismis (Tan,

2016, pp. 8-9; Montelibanon, 2017). Gayunpaman, ang tsismis ay may kaibahan sa katumbas nitong phenomenon sa ibang bansa sapagkat hinuhubog ito ng kulturang Pilipino at katutubong wika, lalo ng angking sigla at kulay ng bernakular na ginagamit sa pagtsismis. Bagama't halaw sa salitang **ESPANOL** na *chimes*, ang tsismis ay isang uri ng usapan o huntahan na posibleng nangyayare na bago pa man dumating ang mga mananakop sa bansa (Tan, 2016). Sa kabila ng negatibong konotasyon, ang tsismisan ay bahagi pa rin ng daynamiks ng interaksyon ng mga Pilipino sa kapuwa at maaaring nakapagbibigay sa mga magkakausap ng sikolohikal na koneksiyon at kultural na ugnayan sa lipunang ginagalawan. Minsan, ang tsismis ay maaari ding makapagbigay ng mga panimulang ideya hinggil sa mga isyung binibigyang-pansin ng mga mamamayan, ng mga palatandaan na makapaglalantad sa malalaking isyung panlipunan na dapat bulatlatin ng masinsinan, at ng palaisipan hinggil sa mga motibo ng isang tao o grupo na nagpapakalat ng tsismis. Kawala-walaan, ang tsismisay maituturing na isang hamon sa pag-alam o paglalantad sa katotohanan, lalo na kung may katuturang panlipunan ang paksa.Halimbawa, paano kung ang laman ng tsismisan ay tungkol sa pangungurakot ng mga opisyal sa isang bayan? Oo nga't hindi agad dapat paniwalaan, ito'y dapat usisain. Kung mapatunayang totoo ang tsismis, kailangan ng aksyon mula sa taumbayan at makikinabang dito ang bayan. Kung hindi, ang napatunayan nito'y malinis ang budhi ngmga opisyal na natsismis at malamang na may naninira sa kanila na silang maitim ang budhi. Samakatuwid, ang implikasyon nito'y kailangan ng matinding paghimok sa mga Pilipino na idirekta ang tsismis sa layong ito'y mapatotohanan o mapasubalian-ang transpormasyon ng tsismis na walang kasiguraduhan ang katotohanan tungo sa pagiging balita na batay sa empirikal at kritikal na pagsusuri. Sa mga mapaglaro ang isipan na sangkot sa *social marketing*, puwede ring magamit ang tsismis para takamin ang mga tao hinggil sa isang bagong teknolohiyang panlipunang maaaring ilako para mapakinabangan ng marami. Madaling maintriga ang maraming Pinoy at mabilis kumalat ang tsismis. Halimbawa, kung may magsisimula ng tsismis hinggil sa bago at murang pamamaraan ng paggamot sa isang sakit, malaki ang posibilidad na may mga mag-uusisa tungkol ditto pagkatapos makipagtsismisan. Sa politikal na pananaw, sinasabing ginagamit ng mga naghaharing uri ang tsismis bilang "instrument ng kapangyarihan" para linlangin ang taumbayan (Dela Cruz, 2014, p. 2). Halimbawa, ginamit ng mga Espanyol ang tsismis laban sa mga babaylan, si Jose Rizal, at ang Katipunan upang manatili at mapalakas ang dominasyon ng dayuhang kapangyarihan sa bansa (Dela Cruz, 2014, pp. 9-10). Sa kabilang dako, nagbibigay ng panandaliang katuwaan at kaluwagan sa damdamin ng mga mahirap na manggagawa ang tsismisan dahil dito nila naibubuhos ang sama ng loob nila sa kanilang mahirap na kalagayang panlipunan. (Dela Cruz, 2014, pp. 11-12; Tan, 2016, p. 12). Halimbawa, noong lumabas ang Noli Me Tangere, sa tsismis nakuha ang karamihan ang tungkol sa laman nito, sapagkat pilit pinigilan ng mga Espanyol ang pagkalat nito (Dela Cruz, 2014), Noong panahon naman ng Batas Militar ni Ferdinand Marcos, ang mga tao ay kumukuha ng bali-balita mula sa tsismisan dahil sa midya noon ay kontrolado ng pamahalaan at puro pabor kay Marcos ang ipinapahayag (Tan, 2016).

**UMPUKAN: Usapan, Katuwaan at Iba pa sa Malapitang Salamuhaan**

Ang umpukan ay impormal paglalapit ng tatlo o higit pang tao na magkakakilala para mag-usap na magkakaharap. Sa pangkalahatan, ay hindi planado o nagaganap na lang sa bugso ng pagkakataon. Ang mga nagiging kalahok sa umpukan ay iyong mga kusang lumapit para makiumpok, mga di-sadyang nagkalapit-lapit, o mga biyayang lumapit. Sa pagkakataong hindi kakilala ang lumapit, siya ay masasabing isang usisero na ang tanging magagawa'y amnood at making sa mga nag-uumpukan; kung siya ay sasabat, posibleng magtaas ng kilay ang mga nag-uumpukan at isiping siya ay intrimitida, atribida o pabida. Ayon kay 2013). Likas na sa umpukan

ang kwentuhan kung saan may pagpapalitan, “pagbibigayan, pagbubukas-loob at pag-uugnay ng kalooban” (p. 11). Kagaya sa tsismisan, walang tiyak o planadong daloy ang pag-uusap sa umpukan. Subalit di kagaya sa una, ang umpukan ay puwedeng dumako rin sa seryosong talakayan, mainit na pagtatalo, masayang biruan, malokong kantiyawan, at maging sa laro at kantahan. Sa umpukan ng mga Pilipino’y madalas talagang maisingit ang biruan, na minsa’y nauuwi sa pikunan. Naniniwala si Enriquez (1976) na taal na sa maraming Pilipino ang pagkapikon dahil sa “isang kulturang buhay na buhay at masigla dahil sa pagbibiruan”(p. 13). Ang paksa ng usapan sa umpukan ay hindi rin planado o pinag-isipang mabuti maaaring tungkol sa buhay-buhay ng mga tao sa komunidad, magkakaparehong interes ng mga nag-uumpukan, o mga bagong mukha at pangyayari sa paligid. Minsan, kung sino ang dumaan malapit sa umpukan ay siyang napag-uusapan. Nangyayari ang umpukan hindi lamang sa kalye dahil madalas sa paaralan (mga mag-aaral at guro), opisina (mga empleyado), korte (hurado at mga manananggol), at botante (mga kongresista o senador). Sa senado halimbawa, nag-uumpukan ang mga mambabatas bago ang simula o pagkatapos ng isang sesyon, at kapag *break*. Madalas matampok sa telebisyon at sa diyaryo ang umpukan ng mga magkakaalyadong senador at kongresista. Minsan, sa umpukan din humihingi ng pasensiya ang mga mambabatas na nagkainitan habang matinding nagbabalitaktakan dahil sa magkakaibang pananaw sa mga isyu at prosesong may kinalaman sa paggawa ng batas. Sa isang komunidad at maging sa iba’t ibang lugar sa loob nito kagaya ng paaralan at tambayan sa kanto, ang umpukan ay isang masasabing isang ritwal ng mga Pilipino para mapanatili at mapalakas ang ugnayan sa kapuwa. Dito umuusbong at napapayabong ang diwa ng ating paki sa kapuwa. Kumbaga, ang magkakaumpukan ay sinusubukang umugnay sa isa’t isa, may pakialam sa isa’t isa, at nagbabahagi at sumasagap ng mga impormasyon mula sa usapan ng mga magkakaumpukan bilang tanda ng kanyang pagiging kasapi ng pamayanang kinabibilangan at kaniyang pakialam ditto. Dito rin naisasalin at napapalaganap ang mga kuwento ng bayan, ang mga lokal na pananaw, ang pagkaunawa sa mga katutubong kaugalian, at iba pang salik na panlipunan at kultural na reyalidad. Ang *salamyaan* ay isang halimbawa ng tradisyon kung saan tampok ang umpukan. Pinag-aralan ni Petras (2010) ang *salamyaan* sa Marikina bilang pagpopook sa siyudad sa kamalayang- bayan ng mga mamamayan nito. Bukod sa kainan, kantahan at paglalaro ng Bingo, isa rin sa itinatampok sa salamyaan ang umpukan na may kalahok na ring tsismisin, talakayan, balitaktakan, biruan at iba pa na nagaganap sa isang silungan o tambayan (Petras, 2010, p. 95-96). Binigyang pansin ni Petras (2010) ang kahalagahan ng salamyaan bilang talastasang bayan kung saan nabubuo at napapalaganap ang mga salaysay mula sa loob, namamayani ang diwa ng pagkakapantay-pantay sa mga kalahok, at napapasigla at napapatibay ang ugnayan at samahan ng mga Marikenyong magakakatulad ang “interes at hanapbuhay” (p. 102). Marami pang ibang katuturan ang umpukan. Sa karanasan ng mga boluntir sa Ugnayan ng Pahinungod/Oblation Corps (UP/OC), ang programang pamboluntaryong serbisyo ng Unibersidad ng Pilipinas Los Banos (UPLB), mahalagang paraan ng pakikibagay sa mga tao sa isang komunidad ang pakikiumpok. Sa umpukan, nakikilala at nakakapalagayang-loob ng mga boluntir ang mga taong katuwang nila sa mga gawaing pangkaunlaran sa pamamagitan ng pakikinig at pakikipagkwentuhan sa kanila. Nagkaroon din minsan ng kantahan, talakayan, at tawanan habang nag-uumpukan (Pigura 1). Estratehiya naman ng ilang boluntir ng UP/OC na eksperto sa agrikultura ang makipag-umpukan sa mga magsasaka ng isang komunidad. Ginagawa ang umpukan malapit sa isang taniman upang maipasok nang impormal ang mga paksang pang-agrikultura na makakadagdag sa kaalaman ng mga magsasaka. Dahil sa impormal na lapit at malayang daloy ng talakayan, mas nakapagtatanong at nakapagbabahagi ng ideya ang mga magsasaka sa umpukan kaysa sesyon mismo ng pagsasanay o seminar na karaniwang nakaistruktura sa di-pormal na edukasyon na nakakatakot sa mga kalahok. Dagdag pa, nailalakip ng mga eksperto sa mismong pagsasanay o seminar ang mga napag-alaman niya sa mga

magsasaka mula sa umpukan; sa gayon, mas angkop, lapat, at makabuluhan sa mga kalagayan at karanasan ng mga kalahok ang diskusyon ng mga paksa. Isa pang halimbwa ng komunikasyong pangkumunidad kung saan tampok din ang umpukan at iba pang kagawiang pangkomunikasyon ay ang *ub-ufon* ng mga tubong Kadaclan sa Barlig, Bontoc, Mt. Province na naninirahan sa Siyudad ng Baguio sa dahilang pang-ekonomik. Sa paglipas ng panahon, tumaas ang bilang ng mga taga-Kadaclan na lumipat sa siyudad at karamiha'y ilang komunidad na room (Potectan, 2012 p. 29). Madalas na ginagawa ang *ub-ufon* sa isang itinakdang *ator* o *dap-ayan* (lugar), ng pagsasama-sama ng mga *umuli* (magkabahayan) para magpakilala, mag-usap hinggil sa iba't ibang isyu, magbigayan ng payo, magresolba ng mga alitan, magturo ng *tugtukon* (*customs/traditions*) sa nakababata, mag-imbita sa mga okasyon, at magtulungan sa mga problema kagaya ng pinansiyal na pangangailangan (Protectan, 2012, pp. 31-36). Subalit maari din itong maganap sa kahit anong lugar at oras sa pagitan ng mga *kailian* (kapwa katutubo) basta't sila'y nagkita-kita o nagsama-sama (Protectan, 2012 p. 30). Sa pamamagitan ng *ub-ufon*, patuloy silang nagkakakonekta sa kanilang tinubuang pamayanan at sa kabuhayan, at napapanatili nila ang diwa ng pagkakaisa at pagtutulungan. Sa pananaliksik naman, maaaring gamitin ang umpukan bilang dulog sa pagtatanong-tanong at pakikipag-kwentuhan kagaya ng ginawa nina Balba at Castronuevo (2017) nang pinag-aralan nila ang alitang mag-asawa at ng mga estudyante ng sikolohiya ni Javier (2010) sa kanilang pag-aaral hinggil sa kaligayahan/kasiyahan sa buhay ng mga Pilipino. Puwede rin itong gawin sa mga impormal na pangkatang talakayan, pagdalaw-dalaw, pakikipanuluyan at pakikilahok para makakalap ng impormasyon sa pamamaraang angkop sa kulturang Pilipino.

**TALAKAYAN: Masisinang Palitan at Talaban ng Kaalaman**

Ang talakayan ay pagpapalitan ng ideya sa pagitan ng dalawa o higit pang kalahok na nakatuon sa tukoy na paksa. Ito ay maaring pormal o impormal at puwedeng harapan o *mediated* o ginamitan ng anumang medya. Ang pormal na talakayan ay karaniwang nagaganap sa mga itinakdang pagpupulong at sa mga palabas sa telebisyon at programa sa radio kung saan pinipili ang mga kalahok. Sa kabilang banda, ang impormal na talakayan ay madalas nangyayari sa umpukan, at minsan sa tsismisan o di sinasadyang pagkikita kay may posibilidad na hindi lahat ng kalahok ay mapipili. Ang karaniwang layon ng talakayan ay pagbusisi sa isyu o mga isyung kinakaharap ng isang tao, isang grupo, buong pamayanan, o buong bansa para makahalaw ng aral, magkaroon ng linaw at pagkakaunawaan, maresolba ang isa o makakakawing na mga problema at makagawa o makapagmungkahi ng deesisyon at aksiyon. Para maabot ang layon, kahingian ang bukal sa loob na pagpapalitan, masinsinang pagsusuri at pagtatasa, at pagtatahi ng mga opinion, kaalaman at proposisyon. Malabong may maabot ang isang talakayan kung walanag mangyayaring bahagina at deliberasyon sa pagitan ng mga kalahok. Sa mga pormal na talakayan, karaniwan nang may itinalaganag tagapagdaloy (*facilitator*) na tiyak sa kaayusan ng daloy ng diskusyon. Sa pareho, inaasahan na magkakaroon ng pagpapalitan at pagbabanggaan ng magkakaibang pananaw, pagkritik sa mga ibinahaging ideya at impormasyon, at maging ang marubdob na pagtatalo-talo lalo na kapag kontrobersiyal o sensitibo ang paksa. May mga pagkakataong nagkakainitan kung kaya mahalaga rin ang papel ng mga kalmadong kalahok na magsisilbing taga-awat o tagapagpalamig (*neutralizer*) kapag may nagtataas nan g boses, nagmumukha nang inis o galit, at may nauubusan nan g pasensiya. Maaarinf mas tuwiran ang sagutan kapag palagay na ang loob sa mga katalakayan. Sa mga mainit na pagtatalo, balitaktakan o tuligsaan, kadalasang maingat ang mga Pilipino sa pagbibitaw ng salita at sa binibitawang mga salita (Maggay, 2002, p.29). Sa lipunang Pilipino, mas madalas mangyari ang harapan kaysa *mediated* na talakayan, na maaaring iangkla ang pagiging makalipunan nating mga Pilipino at sa "personal" na pakikipag-ugnyan natin sa kapuwa ( San Juan & Soriaga, 1985, p. 435).

Halimbawa, sa pag-aaral ni Bawas (2008). Ang pangkatang talakayan ay isa sa mga pamamaraan ng harapang komunikasyon na madalas gamitin ng mga *barangay health worker* sa Bakun, Benguet dahil mas personal ang dulog at mas nagkakaroon ng pagkakaunawaan ang mga magkakausap. Talamak din ang paggamit ng talakayan sa mga pananaliksik sa agham panlipunan na kadalasa'y ginagamitan ng mga gabay na katanungan (Pigura 3.2). Subalit may mga bentahe ang mediated na talakayan na wala sa harapang porma nito. Una, naiigpawan nito ang hadlang sa distansiya kung ang mga kalahok ay magkakalayo. Halimbawa, maaaring gamitin ang *teleconferencing* o Faceboo *chat group* para makapagsagawa ng talakayan ang mga taong nasa iba't ibang pamayanan. Pangalawa, maraming tagapakinig o manonood ang naaabot ng talakayang isinasahimpapawid sa pangmadlang midya kagaya ng radio o telebisyon. Halimbawa, ang talakayan sa telebisyon sa pgitan ng mga piling eksperto, opisyal ng gobyerno at mamamayan hinggil sa isang problemang panlipunan ay maaaring mapanood ng maraming Pilipino sa iba't ibang panig ng bansa at makapagbigay sa kanila ng kapaki-pakinabang na ideya upang harapin ang problema. Pangatlo, ang midyang pangkomunidad ay mainam gamitin sa mga talakayan hinggil sa mga gawaing pangkaunlaran na nakatuon sa mga tukoy na pamayanan at may dulog na partisipatori (Quebral, 1988, p.81). Ang radyong Tambuli ay isang magandang halimbawa ng midyang pangkomunidad sa Pilipinas kung saan nagaganap ang demokratikong talakayang na mediado sa pagitan ng mga opisyal ng lokal na pamahalan at ng mga mamayan (Gumucio-Dagron, 2001, pp. 110-111). Masigla ang talakayang pagkomunidad sa radyong Tambuli dahil ang estasyon ay pinamamahalaan ng isang multisektoral na konseho, ang mga brodkaster ay mga lokal na boluntir, at ang mga programa ay nakalapat saa sosyo-ekonomik, kultural, politikal at pangkaligirang konstekto ng mga tao sa mga komunidad na pinaglilingkuran nito.

**Pagbabahay-bahay: Pakikipag-kapuwa sa Kanyang Tahana't Kaligiran**

Ang *pagbabahay-bahay* ay ang pagdalaw o pagpunta ng isang tao o grupo sa mga bahay sa isang pamayanan para maghatid ng mahalagang impormasyon, magturo ng isang teknolohiya, kumonsulta sa mga miyembro ng pamilya hinggil sa isyu o programa, mangungumbinsi sa pagsali sa isang paligsahan o samahan, o manghimok na tumangkilik sa isang produkto, kaisipan, Gawain o adbokasiya. Mainam din itong pamamaraan para pag-usapan ang mga sensitibong isy sa isang pamayanan. Halimbawa, ang pagbubuntis ng tinedyer at kawalan ng pagpaplano ng pamilya ay mga sensitibong isyu na mas napag-uusapan ng mga tao sa tsismisan at umpukan kaysa mga pormal nag awing pangkomunikasyon kagaya ng pulong, seminar at pampublikong *forum*. Kung nais malaman ang iniisip at saloonin ng mga tao sa isyung ito at para makapagsakatuparan ng mga angkop na dulog sa mga programang tutugon sa mga isyung ito, ang pagbabahay-bahay ay isa sa mga mainam na estratehiyang pangkomunikasyon na maaaring isagawa ng pamahalaan, *non government organization*, at iba pang samahan o institusyon na may mga proyekto hinggil dito. Kung tutuusin, ang pagbabahay-bahay ay hindi nalalayo sa kaugalian ng pangangapitbahay na matagal nang ginagawa ng mga Pilipino, lalo na sa mga lugar na rural. Sa mga pamilyang magkakalapit ang bahay, ang pangangapiybahay ay nakapagpapatatag ng samahan sa mga mamamayan ng isang komunidad. Dito nagaganap ang kamustahan o usisaan sa buhay ng bawat isa, bahagian ng iniisip at saloobin, hingian p palitan ng mga material na bagay, lalo nan g mga sangkap sa pagluluto at iba pang Gawain sa bahay, at maging tsismisan at umpukan. Ang laman at layon ng interaksyon ay madalas na hinggil sa karaniwang intindihin at Gawain sa araw-araw. Minsan, ang pangangapitbahay ay nauuwi rin sa pakikikain, pakikipag-inuman, at pakikitulog. Sa kabilang banda, ang pagbabahay-bahay ay madalas isinasagawa ng mga kinatawan ng ahensiya ng pamahalaan, pribadong institusyon, o *nongovernment organization* na may tiyak na layong panlipunan na nangangailangan ng kontribsyon, pakikiisa,

at pakikipagtulungan ng mga residente ng isang komunidad. Ang estratehikong estilo sa pagbabahay-bahay ay kahilantulad din ng pangingitbahay: mas personal at impormal, may pagkamusta sa buhay ng pamilyang dinalaw, at lapat sa araw-araw na alalahanin ng pamilya ang takbo ng usapan. Subalit sa una, kadalasang ang mga nagbabahay-bahay ay mga tagalaas ng isang kapitbahayan at ang saklaw ng layon nila sa pagdalaw ay nakasentro sa mga isyu, alalahanin, at programang panlipunan na saklaw ng isang buong komunidad.

**PULONG-BAYAN: Marubdod na Usapang Pampamayanan**

Ang pulong bayan ay pagtitipon ng isang grupo ng mga mamayan sa itinakdang oras at lunan upang pag-usapan nang masinsinan, kabahalaan, problema, programa at iba pang usaping pangpamayanan. Madalas itong isinasagawa kapag may programang pinaplano o isasakatuparan, may mga problemang kailangang lutasin at may mga batas na ipatutupad sa isang komunidad. Depende sa layon, maaring ang mga kalahok sa pulong-bayan ay mga kinatawan ng iba't-ibang sector sa isang pamayanan, mga ulo o kinatawan ng mga pamilya o sinomang residenteng apektado ng paksang pag-uusapan o interesadong makisangkot sa usapin.

Sa isla ng Calauit sa Busuanga, Palawan ang tradisyunal na "saragpunan" o tipunan ng mga tagbanua ay nagaganap sa isang malilim na lugar kung saan may malalaking batong nakaayos nang pabilog na nagsisilbing upuan ng mga kalahok sa pulong.

**MGA KAUGNAY NA BABASAHIN**

## BAYAN AT PAGKABAYAN SA SALAMYAAN: ANG PAGPOPOOK NG MARIKINA SA KAMALAYANG-BAYANG MARIKENYO

**Jayson De Guzman Petras**
**Discipline:** Kalinangang bayan

*Abstract:*

"Kabisera ng Industriya ng Sapatos" ang naging pagkakilanlan ng Marikina sa maraming taon. Sa kabila ng pagtamlay ng industriya ng sapatos sa kasalukuyan, nanatili itong panlabas na tatak ng bayan na iginigiit ng mga istrukturang tulad ng Marikina Shoe Museum at ng kinikilalang pinakamalaking pares ng sapatos sa buong mundo batay sa Guiness Book of World Records. Gayundin, sa kasalukuyang politikal na kaganapan, nailulugar ang Marikina bilang modelo ng kalunsuran. Sa ganitong mga panlabas na pagtingin sa Marikina bilang sentro ng industriya at ng urbanisasyon, naisasantabi ang bigkis ng pagiging bayan mula sa ugnayan ng tao sa kanyang kapwa at kalikasan (Rodriguez-Tatel 10). Samakatuwid, higit pa sa mga panlabas na larawan, isang hamon ang ganap na pagkilala sa Marikina mula sa loob. Nararapat na kilalanin ang Marikina hindi lamang bilang administratibong yunit, kundi lalo't higit sa "pagpapakahulugan, paghuhugis, paglalarawan, paglikha ng lugar at tao batay sa iba't ibang tinig at persepsyon, nakatitik man o salimbibig, sa pagdaan ng panahon" (Nelmida-Flores 1) o "sa natatanging kalinangan at kapaligiran ng nanahan dito" (sipi kay Salazar nina Navarro et al. 129-130). Samakatuwid, nararapat ang isang "pagpopook" o pagsasadiwa ng ako mula sa natatanging karanasan sa loob ng bayan (Nuncio at Nuncio 17). Kaugnay nito, ipinapanukala ng pag-aaral ang konsepto ng "salamyaan" bilang dalumat ng pagkilala sa bayan at pagkabayan na nakaugat sa kamalayang-bayang Marikenyo. Sa simpleng pakahulugan, ang "salamyaan" ay isang salitang Tagalog (bahagi ng diyalektong Marikenyo) na nangangahulugang "isang silungan kung saan ang mga Marikenyo, partikular ang mga matatanda, ay nagasasama-sama upang magpahinga,

magkuwentuhan, magkainan, at maglibang" (Florendo-Imao 12). At sa mga umpukan at kuwentuhang nagaganap sa "salamyaan", mahalagang masuri ang pagtatampok nito sa sama-samang pag-alam at pag-ugat sa kaakuhan ng bayang Marikina mula sa ugnayan nito sa kalikasan at tao sa kabila ng hamon ng modernisasyon.

## Ang Makrong-kasanayan sa Filipinolohiya = The Macro-skills in Filipinology

**Josefina C. Mangahis**
**Discipline:** Languages, Filipinology, Wika, Wikang Filipino, Philippine Language

*Abstract:*

Ang epektibong pagpapahayag ng kaisipan, saloobin, naisin, at damdamin ay isang mahalagang proseso sa pakikipagtalastasan. Ang pangunahing kasangkapan upang maisakatuparan ang matagumpay na pakikipagtalastasan ay paggamit ng wika. Dito nakasalalay ang tagumpay ng anumang propesyon sa pakikipag-ugnayan sa kapuwa. Nilalayon ng artikulong ito na: 1. maipaliwanag ang apat na makrong-kasanayan: ang pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat, 2. malinang ang kakayahang pangkomunikatibo sa pagtuturo ng wika, at 3. mailahad kung paano magagamit ang apat na makrong-kasanayan sa kolaboratibong pagtuturo ng Filipinolohiya.

**MULTIMIDYA**

Panoorin ang alinman sa sumusunod na mga pelikula Heneral Luna; Die Beautiful; Sister Stella o Mulanay. Suriing mabuti ang mga gawing pangkomunikasyon na moobserbahan sa pelikula. Sagutin ang ISA sa mga sumusunod na tanong gamit ang tatlo hanggang apat na pangungusap at ipaskil ( ipost) ang sagot sa iyong social medi page. (Isusulat din sa notebook ang sagot).
1. Ano-ano ang kontribusyon ng mga naobserbahang gawing komunikasyon sa pangkalahatang naratibo at iniwang aral ng pelikula. ?
2. Paano natulungan ng mga gawing pangkomunikasyong ito ang bida sa pelikula upang maharap niya ang mga hamon o maresolba ang mga problema na itinampok sa kwento?

**PAGSUSULIT**
Isulat ang TAMA sa patlang kung tumpak ang sinasabi ng pangungusap at ang MALI kung hindi tumpak ayon sa tinalakay say unit na ito.
__________________1. Walang kinalaman ang katutubong kultura sa mga gawing pangkomunikasyon ng mga Pilipino ngayon.
__________________2. Sa pangkalahatan, ang mga gawing pangkomunikasyon ng mga Pilipino saan man sa bansa ay lubhang Kanluranin na.
__________________3. Walang kahit anong mapapala sa tsismisan kaya dapat itong ipagsawalang bahala.
__________________4. Ang iniisip at nadarama ng mga tao sa isang pamayanan ay maaring malaman sa tsismisan at umpukan.
__________________5. Sa di-berbal na komunikasyon, binibigyang pansin ang taas ng boses ng nagsasalita at emosyong ipinapahiwatig nito sa pagsasalita.
__________________6. Ang mga local na ekspresyon ay nagbibigay ng kulay at katuturan sa mga kwentong bayan.
__________________7. Ang mga sensitibong isyu kagaya ng pagbubuntis ng tinedyer, paggamit ng bawal na gamut at pang-aabuso ng asawa ay mas angkop pag-usapan sa pulong bayan kaysa pagbabahay-bahay.

__________________8. Walang kahihinatnan ang isang talakayan kapag may mga kalahok na magkakaiba ang pananaw.
__________________9. Ang pagsasawalang-kibo ay isang local na ekspresyon ng pagkagalit.
__________________10. Ang umpukan ay maaring magamit sa pananaliksik sa agham panlipunan bilang pamamaraan sa pangangalap ng datos.

# *YUNIT IV*

## MGA NAPAPANAHONG ISYUNG LOKAL AT NASYONAL

**LAYUNIN:**
1. Maipaliwanag ang kabuluhan ng wikang Filipino bilang mabisang wika sa kontektwalisadong komunikasyon sa mga komunidad at sa buong bansa.
2. Matukoy ang mga pangunahing suliraning panlipunan sa mga komunidad at sa buong bansa.

**Kasanayan**
1. Magamit ang wikang Filipino sa iba't ibang tiyak na sitwasyong pangkomunikasyon sa lipunang Pilipino.
2. Makapagpahayag ng mga makabuluhang kaisipan sa pamamagitan ng tradisyonal at modernong midyang akma sa kontekstong Pilipino.
3. Makagawa ng mga malikhain at mapanghikayat na presentasyon ng impormasyon at analisis na akma sa iba't ibang konteksto.
4. Makagawa ng makabuluhan at mabisang materyales sa komunikasyon na akma sa iba't ibang konteksto.
5. Malinang ang Filipino bilang daluyan ng inter/multidisiplinaring diskurso na nakaugat sa mga realidad ng lipunang Pilipino.

**Halagahan**
1. Mapalalim ang pagpapahalaga sa sariling paraan ng pagpapahayag ng mga Pilipino sa iba't ibang antas at larangan.
2. Makapagbalangkas ng gabay etikal kaugnay ng paggamit ng iba't ibang porma ng midya. 3. Maisaalang-alang ang kultura at iba pang aspektong panlipunan sa pakikipagpalitang-ideya.

Kung mayroon mang positibong naidulot ang K to 12, ito ay ang pagkakaroon ng isang Isyu sa Baitang 10. Ayon mismo sa K to 12 sa Araling Panlipunan (Baitang 1-10) na inilabas ng Departamento ng Edukasyon noong Desyembre 13, 2013, pangunahing layunin ng asignaturang ito ang linangin "ang malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral…" sa mga isyu at hamong pangkapaligiran, pang-ekonomiya, pampulitika,, karapatang pantao, pang-edukasyon, at pananagutang pansibiko na kinakaharap ng mga bansa sa kasalukuyan, gamit ang mga kasanayan sa pagsisiyasat, pagsusuri ng datos at iba't ibang saggunian, pananaliksik, mapanuring pag-iisip, mabisang komunikasyon, pagiging makatarungan at matalinong pagpapasya. Sa dami ng mga suliraning panlipunan sa bansa, hindi ganap na natatalakay ang mga isyung nabaggit sa hayskul.

Sa ganitong diwa, ang yunit na ito at kasunod na yunit ay masaklaw na balik aral sa mga suliraning local at nasyonal ng mga mamamayang Pilipino na makatutulong sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral nap ag-aralann suriin, ilarawan, at talakayin ang sitwasyon ng kanilang lipunang ginagalawan sa pamamagitan ng paglinang din sa kanilang kakayahan sa pananaliksik at sintesin ng mga kaisipan na magagamit nila hindi lamang sa pag-unawa sa

daigdig kundi sa paglutas din sa mga suliraning bumabagabag dito. Sa simpleng salita, launin ng araling ito at ng kasunod na aralin na palawakin pa ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga suliraning local at nasyonal upang maging makabuluhan at malaman ang kanilang pakikipagtalastasan sa wikang sarili, sa iba't ibang konteksto at paraan. Sa pangkalahatan, ang malalim nap ag-unawa sa mga sanhi at bunga, at mga puno't dulo ng mga suliraning local at nasyonal na magbibigay ng "laman" sa mga tatalakayin sa iba't ibang paraan ng pakikipagtalastasan.

**MGA NAGBABAGANG SULIRANING LOKAL AT NASYONAL**

Kaakibat ng modernisasyon ang pagsulpot ng maraming suliranin tulad ng pagkawasak ng kalikasan, paglobo ng populasyom, pagtindi ng kahirapan, paglawak ng agwat sa pagitan ng mayayaman at mahihirap, paglala ng kriminalidad at iba pa. sa ganitong diwa, ang tao, ang mamamayan, estudyante ay obligasyong sipatin ang sanhi at bunga ng pagbabago ng daigdig. Lalong tumitindi ang pangangailangan na maisabalik ang ganitong misyon pagkatapos na sumambulat ang pang-daigdigang krisis sa ekonomiya noong 2008, habang lalong nararamdaman ang mga epekto ng pagbabago sa klima na hatid ng pagkawasak ng kalikasan na bunsod naman ng walang rending modernisasyon.

Mula noong 2008, lalong naging lantad ang mga isyung gaya ng kahirapan, migrasyon, at kawalan ng trabaho. Parami na ng parami ang mga mahihirap hindi lamang sa mhihirap na bansa kundi maging sa mga itinuturing na mauunlad na bansang industriyalisado, habang papalaki naman nang papalaki ang bahagi sa kita ng mga pinakamamamayang indibidwal at pamilya. Nanatiling mahirap ang mga mamamayan sa mga bansang dati nang mahirap dahil nakaasa parin sila sap ag-eeksport ng murang hilaw na materyales at lakas paggawa sa mga mauunlad na bansa. Samantala, tumitindi rin ang kahirapan sa mauunlad na bansa dahil sa mga programa ng pagtitipid o paghihigpit ng sinturon ng kani-kanilang gobyerno pagkatapos sumambulat ang pang-daigdigang krisis noong 2008. Hindi rin lahat ng mga mamamayan ay nakikinabang sa paglaki ng kita ng mga korporasyong nakabasa sa mga mauunlad na bansa.

Dahil sa matinding kahirapan, maraming mamamayan ng bansang mahihirap ang naghahanap ng trabaho sa mga bansang itinuturing na mas maunlad. Sa kasamaang-palad, dahil ang *unemployment rate* sa mauunlad na bansa ay mataas o kayaý tumataas pa, nagiging limitado ang oportunudad para sa mga gusting magtrabaho sa ibang bansa, mas humigpit ang mga awtoridad sa mga patakaran sa migrasyon, at sa ilang bansa gaya ng Greece, Great Britain, at France may ilang grupong racist ang nananwagan sa pagpapahinto ng migrasyon. Ang mga suliraning dati atiý tila local lamang ay malinaw na may global nang saklaw, dahil na rin sa mahigpit na integrasyong ekonomiko at sosyo-kultural ng maraming bansa sa proseso ng globalisasyon.

Isa sa mga suliraning global na nangangailangan ng pagtugon ang pagbabago ng kilma. Idinulot ito ng daan taong industriyalisasyon sa mauunlad na bansa na nagbunga ng napakalaking quantity ng *carbon dioxide* at iba pang *greenhouse gas* na naglimita sa kakayaha n ng atmospera na pasingawin ang init sa daigdig. Bunsod ng *climate change*, lalong naging mapaminsala ang mga bagyo at tagtuyot sa iba't ibang panig ng mundo, maging sa mga lugar na dati ratiý hindi binababagyo at hindi rin nakakaranas ng tagtuyot.

Sa gitnan ng ganitong kalunos-lunos na kalagayan ng daigdig, naghahanap ng kasagutan sa mga tanong at solusyon sa mga problema ang mga mamamayang naghahangad ng magandang bukas. Sa asignaturang Kontemporaryong Isyu, hindi man maibigay lahat ng sahot at solusyon ay tiyak na mabubuksan ang iyong mga isipan upang malinang ang iyong interes sa patuloy na paghahanap ng mas magandanf kinabukasan para sa bansa at para sa daigdig ang iyong henerasyon at mga susunod pang henerasyon.

Ang pagtalakay sa mga kontemporaryong isyu at suliranin ay makatutulong din sa paglinang sa mga praktikal na kasanayan sa paglutas ng mga problema, pagsusuri ng datos, paggamit ng estadistika, pananaliksik, paghahambing at iba pa. Saan mang larangan mapdpad, babaunin moa ng isang malawak na perspektiba ng pag-unawa sa iyong lipunan at daigdig, isang perspertibang inaasahang makatutulong sa iyo upang maging mas kapaki-pakinabang ba mamamayan ng bansa at responsableng tagapagpangalaga ng kaisa-isang planetang tahanan ng mga tao.

Isa sa mga pinakamalubhang suliranin ng mga Pilipino ang mga usaping pang-ekonomiya. Saklaw nito ang mga suliraning gaya ng kahirapan, agwat ng mayaman at mahirap, migrasyon, at disempleyo. Ang maraming suliranin ng ating lipunan sa kasalukuyan ay pawing mga mauugat sa anyo ng ating sistemang ekonomiko. Samakatuwid, makabuluhan ang pagtatalakay sa mga isyung pang-ekonomiya sa paghahanp ng mga solusyon sa mga nagnanaknak na kanser ng lipunan. Ayon sa ibang ekonomista, bawat pasya ng mga mamamayan at ng mga pamahalaan ay ginagabayan ng kanilang pag-unawa sa mga usaping pang-ekonomiya.

Tatalakayin natin ang mga isyung pang-ekonomiya at pangkapaligiran upang bigyang diin ang pagkawasak ng kalikasan, ang mga suliraning pangkapaligiran, ay pawing mga isyung ekonomiko rin. Nakasalalay sa pag-iral ng isang makatarungang Sistemang ekonomiko ang pagpapanatili ng pamumuhay ng mga mamamayan at ng planeta para sa patuloy na pagsulong ng sangkatauhan. Gayundin, nakabatay sa pagpapanatili ng masiglang daigdig ang masilang ekonomiko na magbibigay buhay sa mga susunod pang henerasyon.

## ANG SISTEMANG EKONOMIKO NG PILIPINAS SA KASALUKUYAN

Mahalagang maunawaan ang sitwasyon sa sistemang ekonomiko ng bansa upang Makita ang puno't dulo ng karamihan sa ating mga problema. Sa kasalukuyan, nananatiling suplayer ng hilaw na materyales, mga produktong pangkonsumo (*consumer goods*) na karaniwa'y semi-manupaktura (*semi-processed*) lamang, at mga manggagawa ng United States at ang mauunlad na bansa ang Pilipinas, sa halip na maging suplayer ng mga produktong para sa domestikong gamit. Bukod dito, ineeksport din ng bansa ang mga tubo ng mga dayuhang korporasyon dito sa Pilipinas, gayundin ang bahagi ng mga tubo ng mga local na korporasyon na may mga kamay-ari (*stockholder*) o kasosyong dayuhan. Tumatanggap naman ng puhunan, utang, at makinarya/teknolohiya ang Pilipinas mulasa ibang bansa. Kung susuriing mabuti, lugi ang Pilipinas sa ganitong kalakaran dahil sa pangkalahatan, mas malaki ang halaga ng iniimport ng bansa-lalo na ang makinarya/teknolohiya, bukod pa sa mataas na interes sa pautang-kaysa halaga ng inilulunsad nito. Dapat tandaan na kahit ang bilyon-bilyong dolyar na ipinapasok ng mga migranteng Pilipino sa kaban ng Pilipinas ay tila nakakansela naman ng mga suliraning panlipunan na idinudulot nito gaya ng pagkakawata-watak ng pamilya at iba pang *social costs*.

Sa mga nakalipas na taon, mas marami pa ring iniimport kaysa ineeksport ang bansa, at kapansin pansin na ang mga pangunahing eksport ng bansa ay pawang mga hilaw na materyales o kaya'y *semi-processed goods* sa halip na mgakumpletong produkto tulad ng mga kompyuter at kotse. Sa kasalukuyan, ganito pa rin ang kalakaran. Kung papansinin, Malaya ring nakapagnenegosyo ang mga dayuhan sa bansa, gaya ng pinatutunayan ng kanilang pagmamay-ari sa napakaraming minahan sa bansa na pinayagan ng Mining act of 1995. Sa medaling sabi, ekonomiyang kolonyal noon – at neokolonyal o malakolonyal naman ngayon – ang namayani sa Pilipinas sa pangkalahatan. Ito'y isang sistemang ekonomikong nakadepende sa mga dayuhang namumuhunan at kanilang mga local na kasosyo, isang sistemang ekonomiko na pinakikinabangan lamang ng iilan at nabigong maghatid ng malawakang kaunlaran sa buhay ng mga mamamayan. Sa ganitong kalakaran, tila kolonya pa rin ng mas mauunlad na bansa ng Pilipinas. Sa sektor ng agrikultura nariiyan rin ang sistemang *hacienda*. Sa kabila ng programa sa reporma sa lupa ng gobyerno, malaking porsyento ng lupain sa bansa ang pag-aari g iilang

pamilya lamang. Maging ang mga lugar na urban na pinagsulputan ng napakaraming mga *condominium* ay monopolisado na ng iilang pamilya na may kontrol sa industriyang *real estate*.

Sa ilalim ng kasalukuyang sistema, ang paglago ng ekonomiya sa makroekonomikong antas ay hindi nararamdaman ng napakaraming mamamayan. Ang pinakamayayamang pamilya lamang na may kontrol sa malalaking negosyo at malalaking parsela ng lupa ang higit na nakikinabang sa paglago ng ekonomiya. Katunayan, hindi nagbago ang *income share* ng pinakamayayaman at pinakamahihirap sa bansa sa mga nakalipas na dekada. Kung gagamitin naman ang terminolohiya ni Papa Francisco, maituturing na isang "ekonomiya ng eksklusyon´ang sistemang ekonomiko ng bansa, sapagkat, hindi kasali, hindi saklaw ng kaunlaran at paglago ng ekonomiyang ito ang malaking porsiyento ng mahihirap na mamamayan. Sa pananaw naman ng ekonomistang si Alejandro Lichauco na nagtapos sa Harvard University, umiiral ang "economic underdevelopment" sa bansa (1998). Aniya, ito'y tumutukoy sa kawalang-kakayahan sa isang bansa na"… lilikhain ang mga ksangkapan sa produksyon: ang mga kagamitan na makapagbubunsod upang sila'y makalikha ng iba pang produkto…mga kasangkapan na magagamit sa paggawa ng karayom at gunting…makina…tela…*typewriters* at *xerox* (*photocopying*) *machines*." Sa pangkalahatan, ito ang pangunahing kaibahan ng Pilipinas sa mga industriyalisadong bansa sa Asya gaya ng Japan, South Korea, Taiwan, at China. Ganito ang umiiral na hindi makatuwirang kalakaran sa globalisasyon na isa sa mga dahilan kung bakit hanggang ngayon ay hindi pa rin ganap na umuunlad ang bansa, marami pa rin ang mahihirap sa arkipelago, at mataas pa rin ang antas ng disempleyo sa Pilipinas.

**Kahirapan sa Pilipinas**

Hindi matapos-tapos ang mga talakayan hinggil sa kahirapan dahil sa kabila ng pagtatatuwa ng ilang mga nasa pamahalaan, at sa kabila ng sinasabing paglago ng ekonomiya ng bansa batay sa makroekonomikong datos tulad ng GDP at *credit ratings*, malaking porsiyento ng populasyon ng bansa ang mahihirap. Iba-iba ang sukatan ng kahirapan kaya naman iba-iba rin ang estadistika hinggil sa dami ng mga mahihirap. Batay mismo sa datos ng Philippine Statistics Authority (PSA), ang *poverty incidence* sa mga pamilyang Pilipino noong 2006, 2009, 2012, at 2015 ay 23.4%; 22.9%; 22.3% at 21.6%.

Kung tutuusin, mas mataas sa aktuwal na bilang ng mahihirap sa bansa dahil ang opisyal na buwanang *poverty threshold* (minimum na kitang kailangan para matustusan ang mga pangunahing pangangailangan ng isang pamilyang Pilipino na may limang miyembro) na itinakda ng gobyerno ay napakaliit. Katumbas lamang ito ng halagang halos Php37, Php47, at Php52 kada tao bawat araw sa mga nakaraang taon na halos katumbas lamang ng pinakamurang *meal package* (isang tasa nang kanin, ulam, at isang baso ng inumin) sa mga popular na *fast food chain*. Ang ganitong sukatan ng kahirapan ay hindi gaanong komprehensibo dahil hindi nito isinasaalang-alang ang ina pang mahahalagang pangangailangan ng mga mamamayan. Higit na mararamdaman ang suliraning kahirapan kung pag-uusapan ang kuwento ng mga maralita na nagsisikap makaahon sa hirap gaya ng tinalay ni Espiritu (2017) sa lathalaing "Buhay at Pagpupunyagi sa Plastikan" o salaysay ng mga maralitang naghahangad na magkaroon ng sariling bahay tulad ng inilarawan ni Malubay (2017) sa lathalaing "Pira-pirasong pangarap sa Pandi" kapuwa para sa pahayagang *Pinoy Weekly*.

Kung ihahambing naman ang pag-unlad ng Pilipinas sa pag-unlad ng ibang bansa, lalong makikita ang *underdevelopment* ng bansa. Inihayag ng United Nations (UN) sa 2017 Human Development Report (HDR) na nasa ika-116 na puwesto ang Republika ng Pilipinas sa talaan ng 188 na bansa sa buing daigdig na iniraranggo ng pandaigdigang institusyon sa pamamagitan ng Human Development Index (HDI). Sinusukat ng HDI ang pangkalahatang kaunlaran o *holistic development* batay sa antas ng edukasyon, kalusugan, at kita ng mga mamamayan sa bawat

bansa. Sa simpleng pagpapahayag, mahigit kalahati ng daigdig ang nakalalamang sa Pilipinas sa aspekto ng edukasyon, kalusugan, at kita. Ang Pilipinas ay ika-99 sa HDI noong 2010, ika-77 oong 2000 at ika-66 naman noong 1990. Nangangahulugan ito na dumadausdos ang kalagayan o kaya'y mabagal ang pag-unlad ng Pilipinas, kumpara sa kalagayan at pag-unlad ng ibang bansa.

Bukod sa mga nabanggit na datos hinggil sa kahirapan, ang mga estadistika hinggil sa malnutrisyon, disempleyo, at iba pa ay maaari ding gamitin upang masuri ang antas ng kahirapan sa bansa. Sa isang pag-aaral ng Food and Nutrition Research Institute (FNRI) noong 2017, 26% ng mga batang Pilipino ang malnourished. Kahirapan ang pangunahing dahilan ng malnutrisyon sa Pilipinas dahil ito ang humahadlang sa mga pamilya na makabili ng masustansyang pagkain. Sa pagtataya naman ng grupong Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY) may 30,000,000 Pilipino ang maitutring na maralitang tagalungsod o *urban poor*. Malaking porsiyento sa kanila ang walang sariling bahay at lupa, at wala ring trabaho. Ayon sa PSA noong enero 2018, 5.3% o 2.33 milyong Pilipino ang walang trabaho at 18% naman o halos 8 milyon ang *underemployed*. Hindi kataka-takang sa kawalan ng sapat na oportunidad na makapaghanapbuhay sa sariling bansa, halos 6,000 Pilipino ang umaalis sa lupang tinubuan araw-araw para magtrabaho sa ibang bansa ayon sa Philippine Overseas Employment Administration (POEA), batay sa development ng OFWs noong 2016. Sa aktuwal, mas mataas pa rito ang pigura kug isasama ang mga Pilipinong hindi dokumentado ang pag-alis para magtrabaho sa ibang bansa.

Higit na kagimbal-gimbal ang datos sa mga di-karaniwang sukatan ng kahirapan. Halimbawa, may mga residente sa mga komunidad ng mga maralita sa Maynila na nagbebenta ng isang bato nila sa mga dayuhan. Marami ring Pilipino ang nagbebenta ng dugo, ngipin, at iba pang bahagi ng katawan dahil sa matinding kahirapan. Bagama't ilegal ang prostitusyon sa bansa, daan-daang libo ang nasa gawaing ito dahil na rin sa kahirapan. Kung pagtatagni-tagniin ang mga kalat-kalat na estadistikang ito, mahihinuhang habang mabilis na umuumnlad ang ibang bansa sa iba't ibang aspekto (sa antas makroekonomiko man lamang, sapagkat ibang usapan pa kung nakarating o nag-*trickle down* bas a mga ordinaryong mamamayan ang progresong ito), nananatiling mabagal kundi man hindi umuusad ang pag-unlad ng Pilipinas.

**Sanhi at Bunga ng Kahirapan**

Sa kabila ng saganag liaks na yaman ng bansa, tila kataka-taka ang pag-iral ng kahirapan sa Pilipinas. Mailalantad ang mga sanhi ng kahirapan sa Pilipinas kung mulig babalikan ang pagsusuri sa sistemang ekonomiko ng bansa. Gaya ng ulat ng Bertelsmann Foundation (2014), isang institusyong nakabase sa Germany, ang kontrol ng mga iilang pamilyang *elite* sa politika at ekonomiya ng bansa ang pangunahing hadlang sa pag-unald nito at sa paglutas sa kahirapan ng mga mamamayan nito. Kontrolado ng mga pamilyang ito, na tinatawag ding mga dinastiyang pilotikal, ang mga lokal at pambansang mga posisyon sa sangay ng ehekutibo at lehislatibo. Dahil dito, madali nilang naikikiling ang mga batas at patakaran ng bansa pabor sa interes nila at iba pang kapuwa nila bahagi ng *elite*. Sa pamamagitan ng kanilang pangingibabaw sa sistemang political, napapanatili rin nila ang kanilang monopolyo sa sistemang ekonomiko ng bansa. Halimbawa, dahil marami sa mga mababatas ang asendero o *landlord*, hindi naging madali ang pagpapasa ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) sa panahon ng andministrasyon ni dating Pangulong Corazon Aquino. Hinadlangan ng maraming mambabatas ang CARP at naisabatas lamang ito sa pamamagitan ng isang kompromisong bersiyon na higit "malabnaw" kaysa orihinal. Maraming "butas" ang CARP kaya naman hindi ito naging ganap na matagumpay sa pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka. Dahil sa pagpapalabnaw sa CARP, iniurong ng mismong awtor ng orihinal na bersyon CARP (House Bill 400) na si Rep. Bonfacio Gillego ang kanyang *sponsorship* sa nasabing batas. Dahil hindi naging matagumpay ang CARP,

napilitan ang gobyerno na ito'y palawigin pa sa pamamagitan ng CARP Extension with Reforms o CARPER. Gayunpaman, May mga grupo pa rin ng mga magsasaka tulad ng Anakpawis at Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) na nagsasabing hindi pa rin natutugunan ng CARPER ang kanilang pangangailangan. Marami pa rin itong eksempsiyon at butas na maaaring gamitin ng mga asendero upang makatakas sa reporma ng lupa ang mga magsasaka.

Sa kasalukuyan, konsentrado pa rin sa kamay ng iilang pamilya ang malaking porsiyento ng mga lupain sa Pilipinas. Nananatiling walang sariling lupa ang mayorya ng mga magsasaka. Bunsod ng ganitong sitwasyon, nananatili silang mahirap dahil hindi nila ganap na napapakinabangan ang kanilang pinagpaguran, sapagkat hindi sila ang may-ari ng lupang kanilang sinasaka. Ang mga asendero lamang ang yumayaman sa ganitong sistema sapagkat maliit lamang ang bahaging tinatanggap ng mga magsasaka mula sa kita ng *hacienda*. Samakatuwid, ang ganitong kawalan ng matagumpay na reporma sa lupa sa Pilipinas, kumpara sa matagumpay na reporma sa lupa sa South Korea, Vietnam, at iba pang mga bansa sa Asya, ay isa rin sa mga sanhi ng kahirapan sa Pilipinas.

Isa pa sa mga sanhi ng kahirapan sa bansa ang mataas na antas ng disempleyo o *unemployment* at mataas na antas ng kakulangan sa trabaho o *underemployment*. Direktang sanhi ng kahirapan ang disempleyo at *underemployment* dahil hinahadlangan ng mga ito ang pagkakaroon ng mga mamamayan ng sapat na kita uoang sila'y mabuhay at lagpas pa rito ay magmatamasa ng oportunidad sa pag-unlad. Sa simpleng salita, marami sa mga walang trabaho o kaya'y kulang ang trabaho ang tiyak na mananatiling mahirap sapagkat kung walang mapagkukunan ng kita, hindi sila makakaahon sa kahirapan. Sa nakalipas na mga taon, mula 2009-2012, halos hindi nagbago ang antas ng disempleyo sa bansa, gaya ng ipinakita ng datos mula sa World Bank Database: 7.5% (2009); 7.3%(2010); 7.0% (2011); 7.0% (2012). Noong 2018, bagama't bumaba na sa 5.3% ang antas ng disempleyo, tumaas naman at umabit ng 18% ang *underemployed*. Sa ngayon ay isa pa rin sa may pinakamalalang antas ng disempleyo sa Timog-Silangang Asya ang Pilipinas.

Bukod sa disempleyo, ang kawalan ng sapat na *access* ng mga mamamayan sa edukasyon, lalo na sa kolehiyo, ang isa pang sanhi ng kahirapan sa bansa. Sa kabila ng pagkakaroon ng libreng publikong edukasyon sa bansa na ginagarantiyahan ng Konstitusyon, marami pa ring mga mamamayan ang hindi nakakapag-aral. Ayon sa datos ng PSA (2017), halos apat na milyon *out-of-school children and youth* (OSCY). Sakop nito ang nasa edad 6-24 na hindi nag-aaral – mga Pilipinong dapat nag-aaral ngunit hindi nag-aaral. Higit na kakaunting mamamayan ang nag-aaral at nakatapos ng kolehiyo. Bagama't mula 2018 ay libre na ang matrikula maging sa publikong unibersidad, nangangamba ang ilang grupo ng mga kabataan na hindi pa rin makakapag-aral ang lahat ng dapat mag-aral dahil sa kakulangan ng gastos para sa baon at iba pang pangangailangang kaugnay ng edukasyong tersyarya.

Sa pangkalahatan, trahedya ang idudulot ng ganitong sitwasyon sa bansa dahil kapansin-pansin na maraming maunlad na bansa ang may matataas na porsiyento ng *enrollment* sa antas ng tersyarya. Ang mahihirap na bansa naman ay may mababang porsyento ng *enrollment* gaya ng ipinapakita ng World Bank East Asia and Pacific Regional Report (2012) na pinamagatang "Putting Higher Education to Work: Skills and Research for Growth in East Asia." Binigyang-diin sa ulat na ito na walang bansang nagkamit ng papataas na antas ng kita nang hindi muna nagtala ng pagtaas ng bilang ng mga college enrollee at graduate. Dapat bigyang-diin na ang mauunlad na bansa ay karaniwang may matataas na bilang ng mga mamamayang nakatapos ng kolehiyo kaya napapanatili nila ang paglago ng kanilang ekonomiya.

Sa mga nakalipas na *school year*, dumarami na ang nagkokolehiyo sa Pilipinas ngunit hindi pa rin ito *comparable* sa mga nagkokolehiyo at nakakatapos ng kolehiyo sa ibang bansa. Habang lumolobo ang populasyon ng Pilipinas, lalong kinakailangan ng mas maraming administrador sa iba't ibang larangan kaya sa pangkalahatan ay negatibo ang *impact* sa Pilipinas ng papaliit na

bilang na magkokolehiyo at makatatapos nito. Dapat ding tandaan na ang *highly-skilled* na propesyunal na mahalaga ang ambag sa pagpapaunlad ng bansa ay pawang *college graduate* ay nangangahulugang mas kakaunti ring *highly-skilled* na propesyunal para sa isang bansa.

Kung tutuusin, ang kawalan ng sapat na *access* sa edukasyon ay kapuwa sanhi at bunga ng edukasyon, Ito ay sanhi ng kahirapan sapagkat ag kawalan ng edukasyon o sapat na eduaksyon ay isang hadlang sa pagkakamit ng mataas na antas ng kita. Sa PHILIPPINE QUARTERLY UPDATE ng World Bank na pinamagatang "Investing in Inclusive Growth Amid Global Uncertainty" (Hulyo 2012), pinatutunayan na mas malaki ang *average* na kita ng mga *graduate* ng kolehiyo kaysa sa mga *graduate* ng hayskul:

Bukod sa paghadlang sa pagkakaroon ng sapat na *access* sa edukasyon ng mga mamamayan, ilan pa sa mga bunga ng kahirapan ang pagkakaroon ng mga protesta laban sa umiiral na kalakaran sa lipunan, pagtaas ng antas kriminalidad (*crime rate*) gaya ng pandurukot at pagnanakaw, pagkakaroon o paglakas ng mga rebeldeng grupo, pagdami ng Pilipinong migrante, malnutrisyon, paglala ng prostitusyon at iba pang gawaing anti-sosyal at kawalan ng sapat na partisiasyon ng mga mamamayan sa mga prosesong politikal.

Nagkakaroon ng malawakang protesta ang iba't ibang *non-government organization* (NGO) laban sa mga umiiral na kalakaran sa lipunan sapagkat ang mga ito ang sinisisi nila sa pag-iral ng kahirapan sa bansa. Para sa kanila, ang protesta ay isang epektibong paraan ng pagtatampok sa isyu ng kahiraoan at panawagan sa paglutas nito. Samantala, lumalala naman ang kriminalidad dahil sa kahirapan ang nagtutulak sa ilang ordinaryong mamamayan upang gumawa ng mga bagay na labag sa batas ngunit kahit paano'y makatutulong sa kanila para mabuhay at magkaroon ng pambili ng pagkain. Kahirapan ang dahilan kung bakit libo-libong Pilipino ang napipilitang magbenta ng kanilang sarili. Kapansin-pansin na ang prostitusyon ay laganap din sa maraming mahihirap na bansa.

Bunsod ng kahirapan, lumalaki rin ang pagkakataon ng mga rebeldeng grupo na mahikayat ang ilang desperadong mamamayan na sumama sa kanila. Dahil naghahangad din ng pagbabagong panlipunan ang mga rebelde, sa panahon ng paglala ng kahirapan ay tila lalong nagiging kaakit-akit sa mamamayan ang kanilang pagsusuri sa mga problema ng bayan. Hindi kataka-taka na sa mga mauunlad na bansa ay walang rebelyon. Ang mga rebelyon ay karaniwang mauugat sa pag-iral ng matinding kahirapan ng maraming mamamayan kasabay ng paglago ng ekonomiya na pinakikinabangan ng iilang pammilya lamang. Bukod sa Pilipinas, mahihirao din o kaya'y hindi gaanong mauunlad ang mga bansang may malalaking pangkat ng rebelde gatya ng India at Nigeria.

**Unemployment: May Solusyon Ba?**

Dahil sa matinding kahirapan at mataas na antas ng *unemployment* sa Pilipinas, Marami ang napipilitang mangibang bansa. Upang hindi ganoongmaraming Pilipimo ag maging migrante, kailangang lutasin ng bansa ang suliranin ang *unemployment*. Maraming walang trabaho sa Pilipinas dahil sa kakulangan sa paglinang sa sektor ng agrikultura at industriya sa bansa. Kapansin-pansin na sa mga nakalipas na taon, higit na lumalaki ang *share* ng mga trabaho sa sektor ng serbisyo – kung saan mayorya ng mga trabao ay kontraktuwal o di-pangmatagalan – kaysa sasektor ng agrikultura at industriya. Samakatuwid, dalawang pangunahing reporma ang maaaring maging gulugod o *backbone* ng paglutas sa *unemployment* at sa pag-unlad ng bansa: ang tunay na reporma sa lupa at modernisasyon ng agrikultura at makabansa at pambansang industriyalisasyon.

Matagal ng suliranin ng bansa ang kawalan ng reporma sa lupa, ang matibay na kontrol ng iilang pamilya sa mayorya ng lupa sa Pilipinas, ang sistemang kahawig ng piyudalismo sa Europea noong (*Middle Ages*). Tinatayang 60% ng mga luoang agrikultural sa bansa ay kontrolado ng

mayayamang pamilya na bumubuo ng 13% lamang ng populasyon ng bansa, at pito sa sampung magsasaka ang walang sariling lupa. Ang ganitong konsentrasiyon ng lupa sa iilang pamilya ang dahilan ng kawalan ng sapat na pagkain ng bansa at ng sapat na trabaho para sa mayorya ng mga mamamayan (75% ng mga Pilipino ay magsasaka ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, 2008). Ang pagliit ng share ng agrikultura sa pambansang ekonomiya – na bunga ng kawalan ng reporma sa lupa – ay nagreresulta rin ng matinding kahirapan at kawalan ng oportunidad para sa maraming tagaprobinsya. Ayon sa World Fatbook ng Central Intelligence Agency (CIA), 26.9% ng labor force ng bansa ay nasa agrikultura, 17.5% ang nasa indstriya, 55.6% naman ang nasa serbisyo (call centers, fastfood chains, banks, malls at iba pa). Hindi uunlad ang Pilipnas kung patuloy itong aasa sa sektor ng serbisyo. Ang pagbibigay-prayoridad lamang sa sektor ng agrikultura at industriya ang makapagliligtas sa bansa, gaya ng pinatunayan ng Japan, South Korea, China at iba pang karatig-bansa.

Naging pangunahing paksa ng mga obra maestro ng mahuhusay na manunuat sa panitikang Pilipino tulad nina Jose Rizal ( El Filibusterismo), Amado Hernandez (Mga Ibong Mandaragit), at Rogelio Sicat (Tata Selo) ang mga magsasakang inagawan ng lupa, ang magsasakang alipin ng asendero, ang magsasakang simbolo ng karukhaan at pagkaalipin ng samabayang Pilipino. Pagpapatunay ito ng malalang suliraning panliounan ang kawaln ng reporma sa lupa na nangangailangan ng agad na resolusyon. Malaking bahagi ng mga rebeldeng komunista sa ilalim ng Communist's Party of the Philippines-New People's Army (CPP-NPA) ay mga magsasakang naaakit sa programa ng nasabing grupo na libreng lupa para sa magsasaka na isinasaad sa "12point Program" ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), ang political arm ng CPP-NPA. Ayon sa NDFP, bukas ito sa pagpirma ng mga kasunduang nakatuon sa mga repormang sosyo-ekonomiko, kabilang na ang mga reporma sa lupa, gaya nang isinasaad sa panukala nitong Concise Agreement for an Immediate Just Peace (CAIJP) noong 2005. Samaktuwid, Magduduloy din ng agad na kapayapaan ang implementasyon ng tunay na reporma sa lupa. Sa minimum, sa pamamagitan ng reporma sa lupa ay inaasahang agad na darami ang trabaho sa sektor ng agrikultura.

Pagkatapos ng reproma sa lupa, dapat ding simulan and modernisasyon ng agrikultura ang magtitiyak sa *food self-sufficency* ng bansa. Ang kasapatan sa pagkain ay isa ring porma ng pagtitipid sapagkat ang importasyon ng pagkain ay ginugugulan ng dolyar. Sa nakalipas na mga taon ay libo-libong tonelada ng bigas ang inimport ng bansa. Sa halip na mag-import, mas makabubuting gamitin sa modernisasyon ng agrikultura ng bansa ang pondong dating ginagamit sa pag-aangkat ng bigas. Sa pamamagitan ng modernisasyon ng agrikultura ay matitiyak din ang pagkakaroon ng sapatna *raw materials* para sa mga industriyang itatayi sa bansa. Wlang magiging matibay na gulugod ang pambansang industriyalisasyon kung hindi magiging modern ang agrikultura sa bansa. Sa kabuuan, ang pagsigla ng agrikultura na dulot bg reporma sa lupa at modernisasyon ng sektor na ito ay magpapalapad sa pamilihan at magreresukta sa pagsigla ng ekonomiyang agrikultural na magluluwal ng karagdagang capital para sa pagtatayo ng mga industriya.

Sa kabilang banda, hindi rin magiging ganap ang kaunlaran ng Pilipinas kung makukuntento na lamang ang Pilipinas sa pagpapaunlad ng agrikultura. Kailangang isulong ang pambansa at makabansang industriyalisasyon o pagtatayo ng mga industriyang Pilipino na lilikha ng mga trabaho para sa mga Pilipino at magsusuplay ng mga pangangailangan ng bansa. Makakabuti ang pagbibigay ng prayoridad sa industriya ng pagkain, petrolyo, enerhiya, kemikal, gamot, bakal, at mineral na tubig, kuryente, komunikasyon, transportasyon, at iba pang mga industriyang malaki ang papel sa pagpapaunlad ng bansa at pagsusuplay ng mga pangunahing pangangailangan at serbisyo sa mga mamamayan. Natural lamang na gobyerno ang magtaguyod ng prosesong ito dahil ang gobyerno ay inaasahang magsusulong ng interes ng buing samabayanan. Binigyang-diin ni Lichauco (1998) Sa kaniyang aklat na "Nationalist Economics" (1998) ang superyoridad

ng gobyerno, sa halip na mga korporasyon, bilang tagapagsulong ng industriyalisasyon: “Ang estado ang pinakamataas na pagpapahayag ng kolektibong personalidad ng sambayanan.
Kung gayon, ito ang pinakamatibay na kinatawan ng kapangyarihang soberanya (*sovereignty*) ng mga mamamayan, Mula sa kapangyarihang mag-imprentang pera, hanggang sa kapangyarihang linangin (idevelop) at patakbuhin ang patrimonya ng bansa, at ang kapangyarihang pumasok sa produktibong negosyo…” Bukod dito, ang pamumuno ng pamahalaan sa pambansang industriyalisasyon ang makatitiyak na ang mga likas na yaman ng bansa ay magagami nag maayos para sa kapakanan ng sambayanan nang di-gaanong nakakasira sa kalikasan. Sa ganitong diwa, kailangang maunawaan natin ang konsepto ng sustentableng kaunlaran.

**Ang Konsepto ng Sustentableng Kaunlaran**

Bunsod ng paghahangad ng mga dambuhalang korporasyon na palakihin nang palakihin ang kanilang tubo kahit na mangahulugan ito ng pagkawasak ng kalikasan sa pamamagitan ng walang habas na pagmimina, pagkalbo sa mga kagubatan, *overextraction* ng tubig, at polusyon sa hangin, lupa, at tubig, malinaw na dapat limitahan o kaya’y higpitan ang kanilang mga aktibidad upang maisalba ang kalikasan.

Dati rati, lalo na sa mga unang dekada ng industriyalisasyon sa Europea, tubo at paglago lamang ng ekonomiya ang sinusukat ng mga ekonomista at tagabalangkas ng patakaran. Sa gayong sistema, Gross Domestic Product (GDP) ng bansa at *average* na kita lamang ng mga mamamayan ang sinusukat, sa halip na sipatin din ang *impact* ng mga industriya sa kalikasan. Nang maramdaman na ng sangkatauhan ang lupit na pagbabago ng klima o bungsod ng mapaminsalang mga aktibidad laban sa kalikasan, imaalingawngaw ang malakas na panawagan ng mga grupong makakalikasan para sa sustentableng kaunlaran. Binibigyang-diin ng konseptong ito na ang magandang kinabukasan ng sangkatauhan ay nakasalalay sa pagpapanatili ng isang sustentaleng ekonomiya na hindi nakakasira o kaya’y limitado lamang ang *impact* sa kalikasan. Sa medaling sabi, Ang kapakanan ng sangkatauhan at kapakanan ng kalikasan ay magkarugtong at hindi mapaghihiwalay. Samakatuwid, ang tunay na kaunlaran ay kinakailangang hindi lamang makatao kundi makakalikasan din. Ang ganitong pananaw ay ginagamit na rin ng United Nations sa Human Development Index: sinusukat na rin ang pagiging sustentableng uri ng pamumuhay ng mga tao sa bawat bansa, ang epekto ng mga ekonomikong aktibidad ng tao sa kalikasan, lagpas pa sa pagsusuri sa makroekonomikong datos na may kaugnayan sa simpleng paglago ng GDP at iba pang estadistika na tao lamang ang makakaramdam. Ang ganitong perspektiba ay lalong nagiging makabuluhan habang palaki ang populasyon ng daigdig.

**Mga Hamon sa Sustentableng Kaunlaran**

Isa sa mga pangunahing hamon sa sustentableng kaunlaran ang mabilis na paglobo ng populasyon ng daigdig. Bunsod nito, lalong lumalaki ang pangangailangan para sa mga maraming mapagkukunan, bagagy na maaaring lalong mapabilis sa pagkawasak ng kalikasan o kaya’y sustentableng paggamit sa mapagkukunan. Sa kasalukuyan, laganap na ang kagutuman sa maraming bahagi ng daigdig dahil na rin sa hindi magkasunod sa bilis ng paglaki ng populasyon ang bilis ng paglawak ng ani ng mga magsasaka sa bung mundo, ayon mismo sa Food and Agricultural Organization (FAO). Karugtong ng suliraning ito ang kahirapan. Ang kahirapan ay nagiging suliranin sa pagkamit sa sustentableng kaunlaran sapagkat para malutas ito, kinakailangang gamitin ng mga mamamayan ng daigdig ang likas na yaman sa kani-kanilang mga bansa. Ang pagmimina at iba pang industriya na nakapainsala sa kalikasan ay

nakapagbibigay naman ng trabaho sa mga mamamayan at nakatutupad din sa mga pangangailangan ng sangkatauhan. Samakatuwid, hindi ganap na malulutas ang kahirapan kung hindi gagamitin ang mga likas na yaman ng daigdig. Isang hamon sa sangkatauhan ang pagbabalanse sa pangangailangang lumikha ng trabaho at gamitin ang mga likas na yaman ng mundo sa iang banda, at ang pangangailangang isalba ang kalikasan sa tuluyang pagkawasak sa isa pang banda. Ano't anuman, dapat bigyang-diin na hindi lamang ang paglaki ng populasyon ang problema, kundi lalo nang mas malaking suliranin ang hindi maayos na alokasyon o distrbusyon ng mapagkukunan. Halimbawa, sa mga mauunlad na bansa, maraming pagkain ang pinoprodyus at ipinagbibili, ngunit malaking porsiyento rin ang nasasayang lamang at di-napapakinabangan, habang sa maraming bansang mahihirap ay may kakulangan naman sa suplay ng pagkain. Kung magiging maayos ang distribusyon ng mapagkukunan-sa pamamagitan ng pagtitiyak na walang masasayang sa bawat napoprodyus na pagkain at iba pa-marahil ay mababawasan ang "kakulangan" na dinaranas ng maraming mamamayan sa daigdig.

Kaugnay nito, sa mauunlad at umuunlad na bansa, isa sa mga pangunahing hamon sa sustentableng kaunlaran ang konsumerismo. Tumutukoy ito sa labis na pagkonsumo sa iba't ibang produkto lagpas sa kinakailangan, at lagpas sa antas na sustentable para sa kalikasan. Halimbawa, bunsod ng buwanang paglalabas ng bagong modelo ng *cellphone* ng mga korporasyong gumagawa nito, maraming tao ang nahihikayat na magpalit ng *cellphone* kahit na magagamit pa naman ang kanilang lumang yunit. Sa ilang mauunlad na bansa, talamak din ang pagsasayang ng pagkain o kaya'y pagkain nang sobra-sobra sa kailangan. Lumalala ang ganitong penomenon sa pagdami ng mga *fastfood chain* na lagging nang-aakit sa mga tao na kumain nang kumain, lagpas sa kailangan ng kanilang katawan. Bunsod ng konsumerismo, mas maraming likas na yaman ang kailangang gamitin upang makalikha ng mga produkto, habang may mga produkto naman na nasasayang lamang. Kaugnay ng konsumerismo sa gadget, isang suliranin din ang pagkakaroon ng sustentableng enerhiya ng daigdig ay nanggagaling sa mga plantang pinatatakbo ng uling, petrolyo, at iba pang *fossil fuel* na nakasisira sa kalikasan kapag sinunog. Samakatuwid, ang konsumerismo sa gadget at iba pang mga *appliance* na hindi naman talaga gaanong kailangan ay nakadaragdag pa sa problema dahil nangangahulugan ito ng mas mataas na pangangailangan sa kuryente o enerhiya.

Sapagkat bahagi ng kalikasan ang sangkatauhan, ang pag-iral ng *inequality* sa kalusugan ay isa ring suliranin para sa pagkamit sa sustentableng kaunlaran. Batay sa estaditika, relatibong mas malulusog at mahahaba ang buhay ng mga nasa mauunlad na bansa kaysa sa mga mahihirap na bansa. Bunsod nito, mas nakahantad o *exposed* sa iba't ibang sakit ang mga nasa mahihirap na bansa. Sila rin ang pinakanaapektuhan ng malulubhang epidemya sa mga nakaraang dekada dahil ang kanilang sistemang pangkalusugan ay mahina at maliit lamang ang pondo. Dahil dito, hindi lubos na napakikinabangan ng mahihirap na bansa ang *human resources* nito. Sa konteksto naman ng mga indibiduwal na mamamayan, hindi nila nagagawang mag-ambag nang malaki sa pagkakaroon ng sustentableng ekonomiya dahil wala sila sa wastong pangangatawan at hindi maayos ang kanilang kalusugan.

## Ang Hamong Kaugnay ng Climate Change

Gaya ng sustentableng kaunlaran, konektado sa sitwasyon ng kaliaksan ang isyu ng *climate change*. Bukambibig ng maraming tao ang *climate change*. Kung tutuusin, pabago-bago naman talaga ang klima. Gayunpaman, bunsod ng *global warming*, naging masidhi at wala nang pardon ang mga pagbabago sa klima sa nakaraang dekada. *Global warming* o ang itinuturong dahilan ng pagbabago sa klima. Ang pagtaas na ito ng temperature ay bunga ng pagtaas ng *greenhouse gas emission* sa atmospera sa mga nakalipas na dekada dahilsa industriyalisasyon na ngayo'y mauunlad na bansa sa Kanluran at umuunlad na bansa sa Silangan.

Ang mga *greenhouse gas emission* na ito ay nakahadlang sa pagsingaw ng init na dulot ng araw.

Sa halip na malayang makasingaw palabas sa atmospera, natrap o nabitag ang init ng araw sa daigidig dahil sa mataas na konsentrasyon ng *greenhouse gas* sa atmospera. Gaya ng sinasabi nang marami, nawala na ang balance ng kalikasan. Mas uminit ang temperatura lalo na sa mga lugar na tropikal. Humahaba at lumalala ang panahon ng tagtuyot sa ibang lugar, at sinasaklaw na rin nito maging ang mga lugar na dati rati'y hindi naman nakakaranas ng tagtuyot. Ang mga bagyo ay lalong naging malalakas, bagay na nagbubusod ng malawakang pagbaha maging sa mga lugar na dati'y hindi binabaha. Umuulan na nang yelo sa ibang lugar an dati rati'y hindi naman nangyayari iyon. Tumataas na ang lebel ng tubig sa dagat (*sea level*) dahil sa pagkalusaw ng yelo sa rehiyong Artiko.

Malawak at masaklaw ang epekto ng *climate change* sa iba't ibang aspekto ng pamumuhay ng mga mamamayan sa buing daigdig. Higit na ramdam at tuwiran ang epekto ng *climate change* sa aspektong pang-ekonomiya. Bunsod ng *climate change*, naging mas mahirap na ang pagtantiya sa tamang panahon ng pagtatanim. Sa tindi ng pagtaas ng temperatura sa iba't ibang lugar, naging normal na ang tagtuyot at desertipikasyon sa maraming panig ng mundo. Bunsod naman ng paglakas ng mga bagyo at poagtaas ng *sea level*, naging madalas din ang insidente ng pagkawasak ng mga pananim. Sa pangkalahatan, ang *climate change* ay may negatibong epekto sa seguridad sa pagkain ng daigdig. Nagdulot ito ng global na pagtaas sa presyo ng mga karaniwang pagkain o *staple* ng mga mamamayan sa daigdig gaya ng bigas, mais, at iba pang pagkaing butyl.

Isa pang aspektong ekonomiko ng *climate change* ang mataas na gastusin sa *disaster risk response* at *mitigation*. Halimabwa, bilyon-bilyong dolyar bawat taon ang ginagasta ng buing daigdig para sa relokasyon at pagpapakain sa mga biktima ng matitinding baha, bukod pa sa aktuwal na pinsala ng bagyo sa buhay at kabuhayan ng mga mamamayan. Halimbawa, batay sa pagtatay ng administrasyon ni Pangulong Benigno Aquino III, $8.9 bilyon ang kailangan para sa rehabilitasyon ng mga lalawigang apektado ng bagyong Yolanda (Haiyan) noong 2013. Ayon naman sa AIR Worldwide, isang kompanyang eksperto sa "catastrophe risk modeling software and consulting services," tinatayang $14.5 bilyon ang halaga ng pinsala ng bagyong Yolanda sa mga ari-ariang residensyal, komersyal, at agricultural. Samakatuwid, nakabawas sa pondo para sa iba pang serbisyong panlipunan ang paglalaan ng pondo para sa *disaster risk response* at mitigation.

Bukod dito, isa pang suliraning ekonomiko na dulot ng *climate change* ay ang posibleng pagbagal ng paglago ng ekonomiya ng mundo kapag ganap nang ipinatupad ang mga kasunduan sa paglimita sa *greenhouse gas emission* ng mga bansa. Ang mga industriya ng daigdig ay pawang nakakapgdudulot ng pagtaas ng *greenhouse gas emission* kaya anumang paglimita sa gayon ay tiyak na makaaapekto sa paglago ng ekonomiya ng mundo. Kailangang balansehin ang pangangalaga sa kalikasan at ang paglago ng ekonomiya, isang bagay na napakhirap ipatupad.

Dahil sa liaks na kahirapan ng pagpapatupad ng mga kasunduang pandaigdig hinggil sa *climate change* gaya ng paglimita sa *greenhouse gas amission*, may aspektong politikal din ang *climate change*. Halimbawa, ang Kyoto Protocol na isa sam mga kasunduan naglilimita sa *greenhouse gas emission*, ay hindi pa niraratipikahan ng U.S, ang bansang sa kasalukuyan ay may pinakamalaking GDP. Bunsod nito, bantulot din sa pagpapatupad ng Kyoto Protocol ang iba pang bansang industriyalisado. Maraming bansa rin ang hindi pa ganap na umaayon sa implementasyon ng Kyoto Protocol dahil sa napakalaking halagang kailangan sa paglimita sa *greenhouse gas emissions*. Halimbawa, ayon sa isang ulat ng International Energy Agency (IEA), ang paggamit ng *energy resources* na mababa sa *carbon* sa halip na *fossil fuels* ay kailangang gastusan ng $44 trilyon mula 2014 hanggang 2050.

Isang pang politikal na usaping kaugnay ng *climate change* ang paggigiit ng mahihirap na bansang pinakaapektado nito na piliting magbayad-pinsala sa kanila ang mayayamang

industriyalisadong bansa. Sa kanilang opinion, ang *climate change* ay direktang bunga ng ilang dekadang industriyalisasyon ng mauunalad na bansa sa Kanluran na hindi lamang sila ang may pananagutan sa *climate change* dahil nga ang mga bansa sa Silangan ay may sarili na ring mga industriya na nakapagdudulot din ng pagtaas sa *greenhouse gas emission*. Bungan g ganitong debate, nagiging mabagal ang consensus sa pagtugon sa mga hamon ng *climate change*. Tila mga batang nagtuturuan sa pananalasa ang *climate change* sa iba't ibang panig ng mundo.

Sa pangkalahatan, apektado rin ng *climate change* ang aktuwal na pamumuhay ng mga mamamayan sa daigdig. Sa Pilipinas, dahil halos naging regular na ang matinding pagbaha sa mababang lugar, naging pangkaraniwan na rin ang pagbuhay at pagpapalakas sa sistemang kapitbahayan at bayanihan. Ang mga kumang kaisipan na kapaki-pakinabang sa mabilis ng pag-aksiyon sa panahon ng kalamidad ay muling naipatatampok. Samantala, nanganganib naming mabura o kaya magbago nang ganap ang sistema ng pamumuhay ng mga bansang gaya ng Maldives na ang teritoryo'y malapit nang mawala sa mapa dahil sa *climate change*. Kapag nawala ang kanilang teritoryo, isang matinding hamon sa kanila ang paglipat o relokasyon sa ibang bansa. Tiyak na mapipilitan silang baguhin ang kanilang sistemang pamumuhay dahil kailangan nilang makiangkop kahit bahagya sa mga bansang magiging bago nilang tahanan.

Sa Pilipinas, pahapyaw na makikita ang gamitong pagbabago sa sistema ng pamumuhay ng mga mamamayan bunsod ng *climate change*. Sa mga lalawigan sa Cordillera, halimbawa, unti-unti nang naglalaho ang mga *payaw* o hagdan-hagdang palayan bunsod ng matinding pagtaas ng temperatura na hagdudulot ng pagkawasak sa mga likas na sistema ng irigasyon ng dati-rati'y bumubuhay sa mga *payaw*. Sa pagkawala ng mga *payaw*, ang mga mamamayang dating nagsasaka'y napipilitang magahanap ng ibang pagkakakitaan, o kaya'y lumipat sa mga lugar na urban para naman maghanap ng oportunidad sa idustriya ng turismo. Pinakamasahol, ang ilan sa mga mamamayan ng mga lalawigan sa Cordillera ay naging mga palaboy na ring pulubi sa Kamaynilaan bunsod ng kawalan ng sapat na oportunidad sa kanilang mga lugar na maaaring makapag-*compensate* sa pagkawala ng kanilang hanapbuhay sa agrikultura (Tan, Michael. @016. "We Would Never Beg." Inquirer). Samantala sa mauunlad na bansa naman, lumalakas ang kampanya para sa paglimita sa pagkonsumo o pagbili ng mga produktong nililikha sa pamamagitan ng mga proseso na nagdudulot ng mataas na *greenhouse gas emission*. Ilan sa mga ganitong produkto ang karne ng baka, *soya bean*, mga *gadget*, at iba pa. Sa pangkalahatan, lumalakas na rin ang kampanya para sa pagtitipid ng kuryente dahil maraming planta ng enerhiya sa mundo ay pinatatakbo gamit ang mga *fossil fuel* na nagdudulot din ng pagtaas sa *greenhouse gas emission*. Gayundin, binago ng *climate change* ang perspektiba ng mga mamamayan hinggil sa kaunlaran. Dati, inaakalang ang paglago lamang ng ekonomiya ang mahalagang aspekto ng kaunlaran. Naging tila lubhang antroposentriko o nakasentro sa sankatauhan ang depenisyon ng kaunlaran. Dahil sa *cliamate change*, unti-unting nauunawaan ng tao na ang pangangalaga sa kalikasan ay dapat maging bahagi rin ng mga salik sa kaunlaran, sapagkat walang saysay ang anumang paglagi sa ekonomiya kung wawasakin lamang ito ang pagiging sustentable ng daigdig.

**Tugon ng Pilipinas sa Climate Change**

Bilang tugon sa *climate change*, isinabatas ng Pilipinas ang Btas Republika Bilang 9729 o Climate Change Act of 2009. Itinatadhana ng nasabing batas ang pagtatatag ng Climate Change Commission sa ilalim ng Tanggapan ng Pangulo, na siyang tanging ahensiya ng gobyerno na magtatakda ng mga patakaran at magsisilbing tagapag-ugnay, tagamonitor, at tagasuri ng mga aktibidad ng pamahalaan kaugnay ng *climate change"* at "aktibasyon ng mga local government units (LGUs) bilang mga ahensya ng pamahaaln na magiging pangunahing tagapagpatupad ng mga planong hakbang kaugnay ng *climate change*." Ang pagbibigay-diin sa gampanin ng mga LGU ay mahalag sapag ito rin ang mga pangunahing yunit ng pamahalaan na agad makatutugon

sa mga pangangailangan ng mga mamamayan sa panahon ng kalamidad na dulot o pinalalala ng *climate change*.

Bahagi ng tungkulin ng Climate Change Commission ang pagbuo ng National Climate Change Action Plan (NCCAP) na sumasaklaw sa pitong prayoridad na nakaangkla sa mga pangunahing kahinaan ng bansa: seguridad sa pagkain; kasapatan ng suplay ng tubig; seguridad pantao; sustentableng enerhiya; mga industriya at serbisyong *climate-smart*; paglinang ng kaalaman at kapasidad. Batay sa mga prayoridad na ito, malinaw na ang mga planong aksyon ng bansa kaugnay ng *climate change* ay isang pagsisikhay na sumasaklaw sa marami pang ibang ahensiya tulad ng Department of Environment and Natural Resources (DENR); Department of Agriculture (DA); Department of Energy (DOE); Department of Trade and Industry (DTI); Department of Public Works and Highways (DPWH); Department of Social Welfare and Development (DSWD); Department of Interior and Local Government (DILG); Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS); Local Water Utilities Administration (LWUA); National Fodd Authority (NFA); Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BEAR), at iba pa.

**Polusyon sa Tubig, Hangin at Lupa**

Bukod sa *climate change*, problema rin ng mga bansang gaya ng Pilipinas ang polusyon. Ang polusyon ay tumutukoy sa pagkakaroon ng mga *contaminant* tulad ng kemikal o anupamang bagay na bumabago sa kalagayan ng likas na kapaligiran, at kung gayo'y karaniwang may negatibong epekto. Sa Pilipinas, polusyon sa tubog, Hangin at lupa ang higit na kapansin-pansin sapagkat ang mga ito rin ang may direktang *impact* sa mga komunidad.

Karaniwang bunga ng industriyal na aktibidad ang polusyon sa tubig sa bansa. Marami sa mga pabrika sa bansa ang walang *liquid waste treatment facilities* kaya karaniwang ang mga ilog ang nagiging taounan ng mga duming nagmumula sa mga ito. Ang sitwasyon ng Ilog Pasig ay isa sa magpapatunay sa ugnayan ng industriyal na aktibidad at polusyon sa tubig. Kapansin-pansin na ang kahabaan ng Ilog Pasig na bumabaybay sa iba't ibang lungsod ng Metro Manila gaya ng Pasig, Maynila, Taguig, Makati, Marikina, at Quezon ay punong-puno ng mga pabrika, lalo na noong dekada '90. Bukod sa mga pabrikang naglalabas ng duming likido na hindi isinasailalim sa *treatment*, pinalalala rin ng paglobo ng populasyon ng mga naninirahan sa gilid ng Ilog Pasig ang polusyon nito. Bagama't karaniwang isinisisi sa mga *informal settler* o *squatter* ang ganitong penomenon, dapat bigyang-diin na sa kahabaan ng Ilog Pasig ay napakarami na ring matataas na gusaling residensyal na ang mayayaman at nasa panggitnan uri lamang ang nakakabili. Ang mga gusaling residensyal na ito ay nagdudulot din ng polusyin sa tubig sapagkat ang mga *sewage system* ng mga ito ay karaniwang direkta o kaya tumatagas tunging Ilog Pasig. Ang kawalan ng sentralisadong pagpaplano sa Metro Manila ang isa sa mga salarin sa walang rending paglobo ng populasyon sa gilid ng Ilog Pasig.

Sa ibang lugar gaya sa Marinduque, ang pagmimina ay isa ring sanhi ng polusyon sa tubig. Noong 1996, nagkaroon ng aksidente sa pagmimina ng kompanyang Marcopper. Nasira ang isang bahagi ng *waste treatment facilities* ng Marcopper kaya bigkang umagos ang nakalalasong dumi sa Ilog Baoc mula roon. Bunsod sa trahedyang ito, ang Barangay Hinapulan ay nailibing sa putik, at nakontamina ang tubig sa mga karatig-lugar. Nagkamatay rin ang mga isda at iba pang nasa Ilog Baoc. Mula noo'y itinuring nang patay na ilog ang 26 na kilometrong Ilog Baoc. Dahil sa tindi ng polusyon mula sa Marcopper, hindi na kayang mabuhay ng anumang organism sa nasabing ilog. Noong 2005, nagsampa ng kaso sa U.S laban sa may-ari ng Marcopper ang pamahalaang lokal ng Marinduque uoang papanagutin ang kompanya sa polusyong dulot nito na sumira sa buhay at kabuhayan ng mga mamamayan doon.

Kung ang polusyon sa tubig ay nagdudulot ng kontaminasyon ng mga pinagkukunan ng tubig ng mga mamamayan, bukod pa sa kontaminasyon ng mga anyo ng tubig na pinagkukunan ng

kabuhayan ng mga mangingisdang Pilipino. Ang polusyon naman sa hangin ay sanhi ng pagdami ng insidente ng pagkakasakit sa baga at sa puso ng mga Pilipino. Ang polusyon sa hangin ay inaakalang karaniwang dulot din ng mga industriyal na aktibidad. Gayunpaman, ayon sa 2006 National Emission Inventory ng DENR, 65% ng polusyon sa hangin sa bansa ay mula sa mga sasakyan at 21% lamang ang magmumula sa mga di-natitinag o *stationary sources* gaya ng mga pabrika at mga planta ng koryente na gumagamit ng mga *fossil fuel* gaya ng *coal* at petrolyo. Ayon sa datos ng World Bank, may 29 at 30 sasakyan para sa bawat 1000 tao sa bansa noong 1999-2003 at 2004-2008. Batay naman sa ulat ng Chamber of Automotive Manufacuturers of the Philippines Inc. (Campi) at ng Truck Manufacturers Association (TMA), patuloy na tumataas ang kabuuang benta ng mga kotse sa Pilipinas sa mga nakalipas na taon.

Matinding suliranin din ang polusyon sa lupa. Ang polusyon sa lupa ay tumutukoy sa kontaminasyon ng lupa sa pamamagitan ng pagtatambak ng mga basura sa ibabaw ng lupa at pagtagas ng mga dumoo o kemikal sa ilalim ng lupa. Nagbubunsod ng pagbaba ng produktibidad ng lupa para sa agrikultura ang polusyon sa lupa. Samakatuwid, malaki ang epekto nito sa pagkakaroon ng sapat na suplay ng pagkain sa bansa. Ang mga dumi na sanhi ng polusyon sa lupa ay karaniwang nagmumula sa mga industriyang illegal na nagtatambak ng basura sa iba't ibang lugar, mga dumi ng hayop, pagtagas ng nakalalasong likido mula sa mga tambakang walang pasilidad ng *treatment*, at paggamit ng mga pestisidyo na may nakalalasong kemikal. Bukod sa negaibong epekto nito sa sapat na suplay ng pagkain, ang polusyon ng lupa ay sanhi rin ng mga depekto sa mga sanggol na isinisilang sa mga lugar na kontaminado ang lupa. Marami ring kaso ng pagkakasakit ng mga tao-tulad ng kanser-na naitatala dahil sa polusyon ng lupa na nagdudulot din ng kontaminasyon sa mga pinagkukunan ng tubig at ng mga pananim.

**Pagmimina sa Pilipinas: Sanhi ng Pagkasira ng Kalikasan, Pakinabang para sa Ilan**

Problemang pangkalikasan din ang mapangwasak na pagmimina sa ilang bahagi ng bansa. Bagama't nakapag-aambag nang kaunti sa ekonomiya ng bansa ang pagmimina, dapay bigyang-din na nagdudulot din ito ng maraming suliraning panlipunan at pangkalikasan, gaya ng dislokasyon ng mga katutubong mamamayan na karaniwang pinalalayas sa kanilang lupang ninuno o *ancestral domain* at mga aksidente sa pagmimina. Ang mga epekto ng malawakang pagmimina ay itinala ng isang aklat ng Philippine Rural Reconstruction Movement (PRRM) na inilathala noong 2005. Ayon sa PRRM, ang pagmimina ay nagdudulot ng pagkawasak ng natural na habitat o tirahan ng mga hayop; pagkalason ng mga ilog at kontaminasyon ng lupa na dulot ng mga tumagas na kemikal sa minahan; pagkawala ng natural na taba ng lupa; peligrong bunga ng mga estrukturang tulad ng dam na maaaring magdulot ng biglaang pagbaha; polusyon dahil sa pagtagas ng kemikal sa mga *drainage* ng minahan, pagtagas ng petrolyo mula sa mga makinarya at iba pang aparato, pagtagas ng mga kemikal sa *waste treatment facilities*, pagbuga ng usok ng mga makinarya sa pagmimina, pagbuga ng alikabok na dulot ng pagdurog sa lupa at mga bato, at paglabas ng *methane* mula sa mga minahan.

Maraming pangyayari sa bansa ang nagpapatunay na hidni sapat ang proteksiyong pangkalikasan na ipinatutupad ng malalaking korporasyong nagmimina. Noong 2005, tumagas sa mga karatig-katubigan ang *mine tailings* mula sa *ore processing mill* ng Rapu-rapu Pollymetaliic Project (RRP) Regis , Emelina, 2007. "The Tradegy of Mining in Rapu-rapu Island Ecosystem, Albay Province." Malalaking quantity ng nakalalasong  of Mining in Rapu-rapu Island Ecosystem, Albay Province." Malalaking quantity ng nakalalasong *cyanide* ang tumagas sa mga katubiagn ng nagdulot ng pinsala sa isda at iba pang organism roon. Noong 2012 naman, inatasan ng

gobyerno ang Philex, isa sa mga pinakamalaking korporasyong nagmimina sa bansa, na magbayad ng P1.034 bilyong mullta pagkatapos na masira ang *tailings pond* sa Benguet. Humigit-kumulang 20 milyong metrikong tonelado ng duming mula sa minahan ang tumagas sa mga katubigan sa paligid ng minahan ng Philex. Noong 2011, nagsampa naman ng kaso sa Korte Suprema ang taga-Surigao upang ipahinto ang mapaminsalang operasyon ng limang korporasyong nagmimina na pag-aari ng mga Tsino, na nagdulot ng polusyon sa katubiagn bunsod ng *open-pit* na pagmimina.

Ang matinding pinsala sa kalikasan na dulot ng pagmimina ay maaari sanang maibsan kung ang mga korporasyong nagmimina ay nagbabayad ng sapat na buwis na maaaring magamit sa rehabilitasyon ng mga lugar na napinsala. Sa kasamaang-palad, hindi gaanong malaki ang ambag ng mga korporasyong nagmimina sa GDP ng bansa, at maliliit na porsiyento lamang din ito ng kita sa buwis ng gobyerno.

**Deforestation, Mabilis na Urbanisasyon, At Iba pa**

Isa pa sa mga suliraning pangkalikasan sa bansa ang pagkalbo sa mga kagubatan o *deforestation*. Sa mga nakalipas na taon ay bumilis ang *deforestation* sa bansa, at lalong lumalawak ang saklaw nito, bunsod ng mabilis na urbanisasyon, legal at ilegal na pagtotroso, pagkakaingin, pagmimina, at mga sunog sa kagubatan (*forest fires*). Ipinapakita sa talahanayang ito ang mabilis na pagkawasak ng mga kagubatan mula noong panahon ng kolonisasyon ng mga Espanol hanggang sa dekada ’90. Kapansin-pansin na malaking-malaki ang nabawas sa kagubatan ng bansa mula noong 1950 hanggang 1990, panahong talamak ang pagtotroso dahil sa mataas na demand sa mga materyales na pang-eksport.

Batay sa pananaliksik ng grupong Kaliaksan, ang pagmimina ay sanhi rin ng *deforestation* dahil pinayagan ng Mining Act of 1995 ang mga korporasyong nagmimina na mamutol ng puno sa mga lugar na saklaw ng kanilang operasyon. Ayon sa Kalikasan, noong 2011 ay 1 milyong ektarya ng kagubatan ang saklaw ng mga permit at aplikasyon sa pagmimina. Idinagdag pa ng nasabing grupo na ang pagtatanim ng mga halamang nakapgpoprodyus ng *biofuels* tulad ng *jatropha* ay nakasisira rin sa likas na kalagayan ng mga kagubatan sa bansa. Ang pagtatanim ng *species* na hindi bahagi ng natural na ekosistema ng isang lugar ay itinuturing na hindi kapaki-pakinabang na uri ng *reforestation*. Upang maging kapaki-pakinabang at epektibo ang *reforestation*, kailangang ang itanim sa mga kagubatan ng bansa ay ang *species* tulad ng narra, molave, yakal at iba pa, na natural na bahagi ng ekonomista ng mga kagubatan sa bansa.

Bungan g malawakang pagkawasak ng mga kagubatan, ang maraming lugar sa Pilipinas mula sa Marikina Valley at Rodriguez, Rizal sa Luzon, hanggang sa Davao City sa Mindanao, ay nawalan na ng natural na proteksiyon sa bagy at pagbaha. Gayundin, nagdudulot na ng pagguho ng lupa sa ilang lugar ang malawakang *deforestation*. Bukod dito, maraming *species* ng hayop ang nawawalan ng tirahan bunsod ng *deforestation*. Samakatuwid, namemeligrong malagay sa listahan ng *endangered species* ang maraming hayop na nakatira at kumukuha ng pagkain sa mga kagubatan ng bansa. Ang deforestation, gaya ng polusyon, ay problemang dulot ng mabilis na urbanisasyon.

**Basura, Baha, at Iba oang Problema**

Sa mga lugar na urban ay karaniwang malaking problema ang basura, na karaniwang isa rin sa mga dahilan ng pagbabara ng mga kanal at estero, at nakapaghpapalala ng baha kapag tag-ulan. Maaari itong lutasin sa pamamagitan ng *waste management* o paglimita, pagbabawas o kaya’y wastong pagtatapon ng mga basurang likido at solido ng naglalayong panatilihin ang kalinisan ng kapaligiran, at tiyakin na ang mga likas na yaman ng daigdig ay magiging sustentable para sa

mga susunod na henerasyon. Madalas, wastong pagtatapon ng mga basura ang pangunahing tuon ng mga programa sa waste management dahil ito ang piankamdaling ipatupad. Ang proseso ng wastong pagtatapong ng mga basura ay nagsisimula sa segregasyon at koleksiyon nito. Sa mga lugar na hindi bahagi ng nakagawian ng mga mamamayan ang segregasyon, nauuna ang koleksiyon at pagkatapos isinasagawa ang segregasyon o paghihiwa-hiwalay ng mga basura ayon sa mga sumusunod na kategorya: nabubulok, di-nabubulok ngunit di-nairerecycle; di-nabubulok ngunit nairerecycle; kemikal, lason, basurang mula sa mga ospital (*hospital waste*), at iba pang katulad nito.

Hangga't maaari, kailangan ng *materials recovery facility* (MRF) upang maisagawa nang maayos ang segregasyon. Sa MRF ay agad na maihihiwalay ang mga maaari pang pakinabangan sa mga basura na dapat nang itapon. Karaniwan, ang mga basurang nabubulok (basurang organikko gaya ng dahon, tiring pagkain, dunmi ng hayop, at iba pa) ay binubulok at pinoproseso upang maging lupa o pataba. Samantala, ang mga basurang di-nabubulok at hindi rin nairerecycle ay karaniwang itinatapon sa mga *sanitary landfill* o mga kontroladong tambakan ng basura na pinaiibabawan ng lupa kapag puno na. Ang mga basurang nabubulok at maaaring irecycle (tulad ng mga sisidlang plastic at *tecjnology junk* gaya ng mga siranng kompyuter at *cellphone*) ay ipinapadala sa mga plantang nagrerecycle. Ang mga kemikal, lason, at iba pang katulad nito ay dinadala naman sa mga *waste facilities* o mga pasilidad na nagpoproseso ng kemikal at iba pang dumi upang hindi makapinsala sa kalikasan ito. Ang mga *hospital waste* ayy karaniwang sinusunog sa mga *incinerator* sa mga bansang pinapayagan pa iyon. Sa maraming bansa naman, karaniwang sa *sanitary landfill* ipinapadala ang mga basurang mula sa ospital.

Bukod sa wastong pagtatapon ng basura, ang paglilimita at pagbabawas ng basura ay bahagi rin ng *waste management*. Ang dalawang prosesoong ito'y mabisang naipatutupad sa pamamagitan ng kampanyang *reuse, reduce, recycle* o kampanya ng muling paggamit o paghahanap ng mapaggagamitan sa mga bagay na inaakalang patapon na, pagbabawas ng bassura, at *pagrerecycle* o pagpoproseso ng basura upang muli itong magamit. Sa pangmatagalan, ang pagbibigay-diin sa paglilimita at pagbabawas ng basura ay lalong nagiging mahalaga sapagkat ang walang rending paglikha ng basura ay tiyak na makapipinsala sa kalikasan. Limitado lamang ang kapasidad ng mundo sa paglikha ng mga bagong *sanitary landfill* para sa mga basurang hindi ma maaaring mai-*recycle*.

**Komunikasyon at mga Suliraning Lokal at Nasyonal**

Bilang mga mag-aaral ng komunikasyon sa Filipino, isang kahingian na maunawaan ang mga tinatalakay sa suliraning local at nasyonal. Mahalaga ang papel ng komunikasyon, ng pakikipagtalastasan sa paglalarawan, pagtalakay, at paghahanap ng mga solusyon sa mga problema n gating mga komunidad at ng buong bansa. Sa antas ng local at nasyonal na gobyerno, mahalaga ang komunikasyon upang matiyak na matitipon ang input mula sa mga komunidad para sa pagpaplano ng mga patakaran at aksiyon ng pamahalaan hinggil sa mga nabanggit na suliraning local at nasyinal. Susi rin ang komunikasyon sa iba't ibang paraan upang maipalaganap ang impormasyon hinggil sa mga bagong patakaran ng gobyerno kaugnay ng mga isyung panlipunan. Sa lebel naman ng akademiya o unibersidad na kinabibilangan ng mga estudyante ng komunikasyon, walang pananaliksik na maisasagawa nang maayos at mabisa kung walang pagmamasid, pagtatanong, pakikisalamuha, pakikipag-usap, pakikipagtalakayan, at pakikipamuhay sa mga komunidad ng mga kapuwa Pilipino. Samakatuwid, mahalaga ang kasanayan sa komunikasyong Fipino sa pagbabahaginan ng salaysay at karanasan sa iba't ibang pangkat sa mga komunidad na ating kinabibilangan.

**MGA KAUGNAY NA BABASAHIN**

## Ang Implikasyon ng Kahirapan sa Identidad at Saloobin ng mga Batang Kargador sa Crossing, Calamba

**Jasmin L. Bathan** | **Joanna Lou A. Aguja** | **Airess R. Villaluz**
**Discipline:** Psychology

*Abstract:*

Ang pag-aaral ay naglayong alamin kung ano ang implikasyon ng kahirapan sa identidad at saloobin ng mga piling batang kargador sa Crossing, Calamba, Laguna. Ito ay gumamit ng kwalitatibong pamamaraan kung saan purong mga salita lamang ang ginamit at hindi malalalim na istatistika. *Case study* ang espisipikong ginamit sa pag-aaral kung saan indibidwal na pakikipanayam, pampangkat na talakayang may pokus o *FGD*, at pagsulat sa journal ang naging metodolohiya sa pagkalap ng mga datos na kinakailangan.

Nabatid sa pag-aaral na ito na ang mga batang kargador ay mayroon positibong paningin sa sarili bilang isang bata ngunit nagiging negatibo kung titingnan nila ang sarili bilang isang batang kargador. Bata ang pagtingin nila sa sarili kapag edad ang pagbabatayan ngunit kung pagtatrabaho at mga gawain ang bibigyang-pansin, matanda ang pagtingin nila sa sarili. Nang dahil sa kahirapan, napilitang magtrabaho ang mga batang ito at nagtamo ng hindi matatag na pagtingin sa sarili. Malaking impluwensya ang kahirapan sa hindi pagbuo ng identidad ng mga batang kargador. Resulta nito, ang mga batang ito ay naging hirap sa pagbabahagi ng kanilang saloobin sa ibang tao dahil na rin sa bigat ng epekto nito sa kanila. Ang kanilang saloobin sa kahirapan, edukasyon, pagtatrabaho, at mithiin ang apat na aspetong pinakinggan at sinuri sapagkat ang mga ito ay may kinalaman sa kanilang kalagayan na maaaring magdikta sa saloobin nila. Sa kabilang banda, may positibong saloobin ang mga batang kargador sa edukasyon at mithiin habang negatibo para sa kahirapan at pagtatrabaho.

**MGA TANONG:**

1. Ano-Ano ang sanhi at bunga ng kahirapan sa bansa? Sa iyong opinion, paano malulutas ang matinding kahirapan
2. Bakit sinasabing konektado ang problema ng kahirapan, disempleyo at migrasyon?
3. Bakit isang malaking suliranin sa mga bansang mahihirap ang climate change?
4. Posible bang maisakatuparan sa Pilipinas ang sustenableng kaunlaran? Paano o bakit hindi?
5. Sa iyong palagay, ano sa mga tinalakay na suliranin ang pinakamalalang problema na dapat unahing lutasin? Ipaliwanag.
6. Paano nagiging pambansa ang isang problemang lokal at vice-versa?

**PAGSUSULIT**:
Hanapin sa Hanay B ang bunga ng bawat isyung nakatala sa Hanay A. ISulat lamang sa patlang ang titik ng tamang sagot.

| SAGOT | HANAY A | HANAY B |
|---|---|---|
| 1. | Kahirapan | A. Mataas na greenhouse gas emissions |
| 2. | Mataas na antas ng disempleyo | B. malnutrisyon |
| 3. | Paggamit ng fossil fuels | C. climate change |
| 4 | Mataas na greenhouse gas emissions | D. bansot na ekonomiya |
| 5. | Mabilis na Urbanisasyon | E. Pagkasira ng kalikasan |
| 6. | Pagmimina | F. Kasapatan sa pagkain |
| 7. | Polusyon | G. migrasyon |
| 8. | Kawalan ng reporma sa lupa at industriyalisasyon | H. katatasan ng mga komunidad |
| 9. | Maayos na disaster risk management | I. pagdami ng mga maysakit sa puso at baga |
| 10. | Modernisasyon ng agrikultura | J. Pagkakalbo ng kagubatan |

# *YUNIT V*

## Mga Napapanahong Isyung Lokal at Nasyonal (Ikalawang Bahagi)

Mga Layunin

*Pagkatapos ng araling ito, magagawa ng bawat mag-aaral na:*

- Maipaliwanag ang labuluhan ng wikang Filipino bilang mabisang wika sa kontekstwalisadong komunikasyon sa mga komunidad at sa buong bansa
- Matukoy ang mga pangunahing suliraning panlipunan sa mg a komunidad at sa buong bansa
- Magamit ang wikang Filipino sa iba't ibang tiyak na sitwasyong pankomuni- kasyon
- Makapagpahayag ng mga makbuluhang kaisipan sa pamamagitan ng tradisyunal at modernong midyang akma sa konstekstong pilipino
- Makagawa ng mga malikhain at mapnghikayat na presentasyon ng impormasyon at analisis na akma sa iba't ibang konteksto
- Makagawa ng makabuluhan at mabisang materyales sa komunikasyong akma sa iba't ibang konteksto
- Malinang ang Filipino bilang daluyan ng inter/multidisiplinang diskurso na nakaugat sa mga reyalidad ng lipunang Pilipino
- Mapalalim ang pagpapahalaga sa sariling paraan ng pagpapahayag ng mga Pilipino sa iba't ibang antas at larangan
- Maisaalang-alang ang kultura at iba pang aspektong panlipunan sa pakikipagpalitang ideya

**LUNSARAN**

Pakinggan ang kantang "Walang Natira" ng rapper na si Gloc 9. Suriin kung paano nito inilalantad ang mga sosyo-politikal at ekonomikong problemang kinakaharap ng mga Pilipino na nagtutulak sa kanila upang mangibang bayan at maghanap ng *greener pastures.*Bigyan pansin din partikular sa ikalawa at ikatlong taludtod ng kanta ang mga peligrong kinakaharap ng mga manggagawang Pilipino sa pangingibang bansa. Tanungin ang sarili matapos maoakinggan ang kanta: "Mas pipiliin ko ba na manatili sa bansa at magsilbi sa bayan, o bigyan ng magandang buhay ang aking pamilya sa pamamagitan ng pangingibang-bansa?"

**BABASAHIN**

Sa yunit na ito, bibigyang konteksto ang komunikasyon sa Filipino sa pamamagitan ng paglalahad ng mga suliraning kinakaharap ng bansa sa lokal at nasyunal na antas. Inaasahan ding sa pamamagitan ng pagtukoy at pagsuri ng mga reyalidad ng lipunang Pilipino, mabibigyan kayo ng pagkakataon na palalimin ang paggamit sa wikang Filipino, at mapatunayang maaari mong gamitin bilang intelektwalisadong wika n g komunikasyon.

Hinati sa dalawang bahagi ang pagtalakay sa mga reyalidad ng llipunang Pilipino sa yunit na ito. Sa unang bahagi tatalakayin ang globalisasyon ng ibat ibang bahagi ng buhay ng tao mula sa politikal, ekonomiko hanggang sa sosyo-kultural na epekto nito. Bahagyang uugatin dito sa bahaging ito ang kasaysayan ng globalisasyon at mga milyahe(milestone) kaugnay nito, pag-uusapan ang mga sanhi at bunga ng korapsyon sa kontekstong Pilipino. Tatalakayin din ang ginagampanang tungkulin ng dinastiyang politikal sa pagpapanatili ng korapsyon sa Pilipinas. At sa huli, maglalahad ng ilang mungkahi upang solusyunan ang problemang ito sa bansa.

Pagtitibayin din sa yunit na ito ang ginagampanang tungkulin ng Filipinisasyon ng komunikasyon sa paglalapit ng ugat at mungkahing solusyon sa mga Pilipino tungo sa paglutas ng mga kontemporanyong suliranin sa lipunan.

**Globalisasyon: Isang Depinisyon**

Sa payak na pananalita, ang globalisasyon ay tumutokoy sa proseso ng malayang pagpapalitan ng mga produkto, kultura, at kaalaman ng mga bansa. Ito ang dahilan kung bakit may Samsung, Colgate, at Coke sa Pilipinas, at kung bakit may patis sa bansa na gawa sa Thailand, at kung bakit may restawran sa New York City na may diniguan at adobo sa menu. Globalisasyon din ang dahilan kung bakit ang mga damit na ibinibenta ng Uniqlo na isang kompanyang Chino ay tinatahi sa Vietnam, Bangladesh, at Cambodia. Dahil din sa globalisasyon kung bakit madali ng makapagdownload ng pelikulang *Dutch* o kaya'y *French* sa mga website na ang server ay nasa Swedeno iba pang bansang Europeo, kung paanong madaling ring mahanap (at mag ambag) ng impormasyon sa mga online encyclopedia gaya ng Wikipedia. Sa aklat na "The Travels of A T-Shirt in The Global Economy" ni Pietra Rivoli (2009), masining na ipinaliwanag ang kabuluhan ng globalisasyon sa kontemporaryong panahon. Detalyadong inugat ni Rivoli sa nasabing aklat kung paano nabubuo o natatahi ang isang kamiseta sa pamamagitan ng mga hilaw na materyales mula sa iba't ibang bansa at sa pamamagitan hakbang-hakbang na pagpoproseso sa kamiseta, ang mga komponent ay ginawa sa iba't ibang bansa.

Hindi lamang produkto, kultura, at kaalaman ang maaaring ibahagi at ipagpalitan sa ilalim ng globalisasayon, Inaasahang ang mga tao ay magtatamasa rin ng mobilidad sa panahon ito. Ibig sabihin, may kakayahan na ang mga tao na magpalit palit ng lugar ng tirahan o kaya'y trabaho dahil narin sa pag unlad ng teknolohiya sa mabilis na transportasyon. Sa paaralan, Globalisasyon ang pangunahin dahilan na nagtutulak sa pagkakaroon ng mga *student at faculty exchange program.*

**ANG ALAMAT NG GLOBALISASYON**

Walang eksaktong petsa na maituturing na simula ng proseso ng globalisasyon. Katunayan, may mga historyador na nagsasabing ang globalisasyon ay nagsimula noon pang sinaunang panahon ng malalaking imperyo tulad ng Imperyong Roman, Persian, Greek, at Tsino. Anila sa pamamagitan ng napakalawak na saklaw ng mga nasabing imperyo, naging pangkaraniwan na ang pagpapalitan ng prdukto mula sa iba't ibang panig ng imperyo. Katunayan, Ipinapakita sa mapa ng Silk Road ang mga ruta ng mga nangangalakal na nagdadala ng mga produkto mula Silangan tungong Kanluran at vice versa.

Gayumpaman, ang modernong porma ng globalisasyon ng kalakalan ay naging pormal lamang sa pamamagitan ng paglagda ng maraming bansa sa tinatawag na *General Agreement on Tariffs and Trade*(GATT) na malayo'y naging pormal na organisasyong tinatawag na *World Trade Organization(WTO)* noong 2014. Sa pamamagitan ng GATT, sinimulan ng maraming bansa ang proseso ng pag alis sa mga restriksyon at limitasyon sa malayan kalakalan. Halimbawa, mula noong dekada 90 ay unti unti nang inalis ang mga taripa o buwis sa maraming angkat na produkto. Sa pamamagitan nito, naging mabilis ang pagpapalitan ng mga Produkto. Bukod sa GATT-WTO, mahalaga rin ang papel ng mga internasyunal na institusyong pinansyal gaya ng World Bank at International Monetary Fund (IMF) sa globalisasyong ekonomiko. Ang mga institusyong ito ang nagpapautang ng salapi sa mahihirap na bansang kasapi ng United Nation (UN) para sa mga proyektong pangkaunlaran tulad ng patubig o irigasyon, imprastruktura, at iba pa. Subalit ang mga institusyong ito ay nagpapautang nang may kondisyon tulad ng pagpataw ng mataas na interes, paniningil  ng mas bago o mas mataas sa buwis(Upang matiyak ang pagbabayad sa utang), at pagtitipid sa mga serbisyong panlipunan. Sa pangmatagalan, ang mga gayong kondisyon ay nagiging tanikalang nagtitiyak na hindi na makakabangon sa utang ang mahihirap na bansa ay sa halip ay mangungutang na lamang sila ng mangungutang. Maaaring suriin ang kalagayan ng Pilipinas upang mapatunayan ito. Sa mga nakalipas na dekada, napakalaking porsyento ng pambansang badyet ang inilaan ng Pilipinas sa pagbabayad ng utang ngunit habang tumatagal ay palaki rin ng palaki ang utnag ng bansa.

Kung globalisasyon naman sa aspektong politikal ang pag-uusapan maituturing na ang pagtatatag ng UN pagkatapos ng ikalawang Digmaang Pandaigdig  ang panandang bato o *milestone*. Itinatag ng mga bansa ang UN bilang tanda ng kanilang pangako sa pagpapanatili ng kapayapaan at pagkakaisa ng digdig pagkatapos ng mapaminsalang digmaan na kumitil sa milyon milyong buhay at nag wasak sa bilyon bilyong dolyar na halaga ng ari arian. Samakatuwid, ang UN ay iniluwal sa paghahangad ng mga bansa na maiwasan ang pagkakaroong muli ng pandaigdigang digmaan, at maitaguyod ang kooperasyon ng mga bansa tungo sa paglutas ng mga global na suliranin tulad ng kahirapan, kagutuman at mga epidemya.

Sa pamamagitan ng UN ay nagkaroon ng estruktura ang isang entidad na may limitadong kapangyarihang sumaklaw sa halos lahat ng mga bansa sa daigdig. Ang UN ay kumikilos sa pamamagitan ng isang General Assembly na binubuo ng isang kinatawan mula sa bawat bansang kasapi ng UN, at ng Security Council na binubuo ng kinatawan mula sa limang pinakamakapangyarihang bansa - China, US, Russia, United Kingdom at France. Pagkatapos ng ikalawang digmaang pandaigdig at ng ilan pang mga kinatawan mula sa iba't ibang bansang inihahalal at nagsasalitan. Ang *UN General Assembly*(UNGA) ay taunang nagpupulong tuwing setyembre. Sa pulong na ito ay tinatalakay ang pinakamahalagang usapin na nakaka apekto sa kapakanan ng nakararaming mamayan ng daigdig. May kapangyarihan ang UNGA na maglabas ng mga resolusyon o mga dokumentong nagpapahayag ng pagkakaisa para sa laban para sa isang partikular na usapin, entidad aat gobyerno. Samantala, ang *UN Security Council(UNSC)* naman ay may kapangyarihang patawan ng parusa ang mga bansang lumabag sa mga tuntunin ng UN.

May kapangyarihan din ito na atasan ang mga kasaping bansa ng UN na magpadala ng Tropa sa mga bansang nangangailangan ng tulong para mapanatili ang kapayapaan at seguridad ng mga mamamayan nito, lalo na sa panahon ng Digmaan. Bukod sa UNGA at UNSC, marami pang ibang mahahalagang ahensyang pandaigdig ang nasa ilalim ng UN tulad ng UNESCO, *International Labor Organization*(ILO) *Food and Agricultural Organization*(FAO), at *World Health Organization* (WHO). Sa pamamagitan ng mga ahensyang ito, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga bansa na mag tulungan pra sa pagpapabuti ng antas ng edukasyon, pamumuhay, at kalusugan ng mga mamamayan.

Ang aspektong Sosyo kultural ng globalisasyon naman ay maaring ugatin sa panahon ng kolonyalismo at imperyalismo na lalaong nagpatibay sa ugnayan ng mga bansa sa Kanluran at Silangan. Bagama't isang mapait at marahas na panahon sa kasaysayan ang panahon ng kolonyalismo at imperyalismo, nagbigay ito ng pagkakataon sa Kanluran at Silangan na makapag palitan ng kultura. May mga pagkaktaong sapilitang ipinataw ng mga bansang mananakop ang kanilang kultura sa mga bansang kanilang sinasakop. Mayroon din namang mga sitwasyon na naiimpluwensyahan ng katutubong kultura mula sa silangan ang kultura ng bansang mananakop. Sa pagkain, pananamit, wika at iba pang larangan, kitang kita ang mga resulta ng pagpapalitan ng kultura mula pa noong panahon ng kolonyalismo. Sa panahong post kolonyal, nagpatuloy ang ganitong proseso sapagkat hindi naman talaga maaring basta na lamang burahin ang tatak ng kolonyalismo sa mga bansang dating kolonya.

Sa kasalukuyan, ang globalisasyong sosyo kultural ay lalong pinagsigla ng mabilis na takbo ng teknolohiya sa komunikasyon at impormasyon. Halimbawa, mula nang maimbento ang internet noong dekada 70, unti unting nagsimula
Halimbawa, hindi na kailangang pumunta sa U.S ng mga estudyanteng Tsino para mag aral ng wikang Ingles.

Ngunit sa kabila ng maraming mabuting bunga ng globalisasyon sa aspektong sosyo kultura , partikular sa mga umuunlad na bansa, hindi rin mapagsisinungalingan ang mga negatibong epekto nito sa pamamaraan ng pamumuhay ng mga tao. Ayon sa The Endangered Language Project, 40% ng 7,000 wikang umiiral sa bansa ang nasa peligro ng pagkawala bunsod ng patuloy na pag igting ng globalisasyon na ang pangunahing wikang isinusulong ay Ingles. Kasunod nito ang mga patakaran sa wika na pawang nakatuon sa paghubog sa mga mag aaral na matuto ng English gaya ng nangyayari sa pagpaplanong pangwika ng Departamento ng Edukasyon, na nanatiling nakasandig, lalo na sa antas sekundarya. nalalagay din sa peligro ang mga relihiyon bunsod ng homogenisasyon ng mga paniniwala sa katunayan, sa pag aaral ni Jaime Bulatao S.J, isiniwalat nya ang katayuan ng pananampalataya  sa Pilipinas at tinawag itong *split level Christianity* dahil sa pagkakahalo ng ilang Tsino at  *Indigenized*  na paniniwal at sa mga gawi at ritwal ng mga Kristiyano, gay ng sayaw sa Obando at paniniwala sa *feng shui* sa kabila ng pagiging kabilang sa Simbahang Katolika. Patuloy rin ang paglabnaw ng sistema ng pagpapahalaga (*values system*) ng mga Pilipino dahil sa palagiang *exposure* sa kulturang Kanluranin. Kapansin pansin ngayon na mas nagiging indibidwalista ang pananaw ng kabataan hinggil sa maraming isyung panlipunan, gaya ng mantrang "Pera ko ito, gagastusin ko ito sa paraang gusto ko" na maituturing na imoral kung isasaalang alang ang sitwasyon ng maraming Pilipino, at taliwas sa dating masinop na paraan ng pamumuhay ng mga tao. Nakakabahalarin ang epekto ng labis na pagtalima sa kiulturang Kanluranin na nagbubunsod ng malalim na kagustuhan ng mga Pilipino na pumuti upang makasunod sa pamantayan ng kagandahan sa konteksto ng mga Kanluraning bansa. Nakakaalarma, higit sa lahat, ang patuloy na militarisasyon sa mga pambansang minorya gaya ng mga lamad at iba pa na pilit pinaaalis sa kanilang mga ansestral na lupain ng mga kompanya ng pagmimina sa mg abansa. Nakalulungkot

din na mas matibay ang proteksyon na ibinibigay ng gobyerno sa mga nasabing kompanya kaysa mga grupong ito.

**Talahanayan 5.1.**
OFW Remittances mula 1989-2012

| **YEAR** | **Remittance ng mga OFW** |
|---|---|
| 1989 | 1,001,911,000 |
| 1990 | 1,203,009,000 |
| 1991 | 1,649,374,000 |
| 1992 | 2,221,788,000 |
| 1993 | 2,276,395,000 |
| 1994 | 3,008,747,000 |
| 1995 | 3,868,578,000 |
| 1996 | 4,306,491,000 |
| 1997 | 5,741,835,000 |
| 1998 | 7,367,989,000 |
| 1999 | 6,021,219,000 |
| 2000 | 6,050,450,000 |
| 2001 | 6,031,271,000 |
| 2002 | 6,886,156,000 |
| 2003 | 7,578,458,000 |
| 2004 | 8,550,371,000 |
| 2005 | 10,689,005,000 |
| 2006 | 12,761,308,000 |
| 2007 | 14,449,928,000 |
| 2008 | 16,426,854,000 |
| 2009 | 17,348,052,000 |
| 2010 | 18,762,989,000 |
| 2011 | 20,116,992,000 |
| 2012 | 21,391,333,000 |
| 2013 | 20,604,789,0008 |

**Migrasyon: Problema o Solusyon?**

Gaya ng nabanggit na isa sa mga bunga ng kahirapan sa bansa ang migrasyon. Maraming mamamayan ang naghahangad na mangibang bayan sapagkat mas maraming oportunidad para sa pagkakaroon ng mas magandang trabahho sa ibayong dagat. Ang migrasyon ay maaari namang maganap sa loob ng isang bansa lamang. Sa ganitong sitwasyon, ang mga mamamayan mula sa mas mahirap na lugar (gay ng mag lugar na rural) ay lumilipad sa mga relatibong mas mauunlad na lugar(gaya ng mga lugar na urban) kung saan inaakalang mas madaling makakuha ng trabaho. Marami sa mga migranteng internal ay mga magsasakang walang sariling lupa na nakikipagsapalaran sa kamaynilaan. Gayunpaman, sa pangkalahatan, sa konteksto ng Pilipinas, mas malaking penomenon ang migrasyong eksternal. Kapag sinuring mabuti, tila hindi rin solusyon sa kahirapan ang migrasyong eksternal. Sa halip ay nagdudulot rin ito ng napakaraming problema.

Ang estadistika sa tumataas na halaga ng perang padala *(remittance)* ng mga OFW sa mga nakalipas na taon na nagpapakitang halos umabot sa 20 beses ang laki ng *remittance* mula noong 1989 hanggang dalaawang dekada pagkatapos ay nagpapatunay na may aktwal na pakinabang ang bansa sa migrasyon kung aspetong pinansyal ang susuriin, ayon sa datos ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP)

Ikinakubli ng EEP ang kahinaan ng ekonomiya ng bansa sa pamamagitan ng pagsampa ng limpak limpak na remittance na nagiging dahilan upang hindi na mapansin ang pagkakasangkot ng mga lokal na industriya sa unang tingin malusog ang ekonomiya ng Pilipinas batay sa GDP, ngunit malalantad ang kahinaan nito kapag sinipat ang paghina ng sektor ng pagmamanupaktura sa mga nakaraangtaon kasabay ng paglawak ng pag asa ng ekonomiya sa mga remittance ng mga OFW habang halos patuloy ang paglaki ng remittances , ang *balance of payment* ng bansa sa mga produkto ay narerehistro ng negatibong paglago ng ekonomiya.

Ang malaking remittance ng mga OFW ay nagsisilbi ngang salbabida ng sisinghap singhap ngang ekonomiya ng bansa ngunit ito'y itinataguyod habang kinalilimutan ang sektor ng industriya na may potensyal na may ambag sa paglago ng ekonomiya. Umaasa na lang ang bansang Pilipinas sa pag eksport ng mga manggagawa at sa pagkubra ng mga remittance , sa halip na bigyang pansin din ang paglinang sa saganang likas na yaman nito. Taliwas ang programa ng Pilipinas sa ginagawa ng ibang mauunlad at umuunlad nna bansa sa Asya, gaya ng pinapatunayan ng datos hinggil sa porsyento ng pagmamanupaktura sa kanilang GDP, at ang relatibong maliit na porsyento ng remittance bbilang bahagi ng kanilang GDP.

Sapangkalahatan, mas nagbebenipisyo ang bansang pinagtatrabahuhan ng mga OFW kaysa Pilipinas, dahil ang bawat migranteng Pilipino ay katumbas ng nawalang *skilled* na manggagawa at propesyonal. Ang mga manggagawang inieeksport ng Pilipinas sa bansang industriyal ang siya mismong utak at katawan na kinakailangan ng bansa upang makaahon sa kahirapan sa pamamagitan ng industriyalisasyon at modernisasyong agrikultural.

Dahil sa migrasyon, nagagawa rin ng mauunlad ng bansang tulad ng Singapore na mamili ng mas murang laks-paggawa gaya ng pinatutunayan ng kanilang pagbibigay prayoridad sa pagkuha ng mga kasambahay na Cambodian at ng iba pang mamamayan na handang magtrabaho sa mas mababa pa sa tinatanggap ng mga pilipinong kasambahay, habang tumitindi ang kompetisyon sa pagiatan ng mga bansang Third World na nagkakandarapa sa pagbebenta ng sariling mamamayan, lalo namang tuwang tuwa ang mga employer na maunlad na bansa na sinasamantala ang karerang pabaratan*)race to the bottom)* . Kung tutuusin ang pagtitipid sa

sweldo ng mga manggagawa ang pangunahing dahilan kung bakit pinapayagan at kung minsa'y hinihikayat pa ng mayayamang bansa ang pagtatrabaho ng mga migranteng manggagawa mula sa third world.

Sa pananaliksik ni Tan (2013), pinatutunayan na nakapagambag ng malaki ang mga migranteng manggagawa sa paglago ng ekponomiya ng pinakamayamang bansa batay sa kanilang *real gross domestic product* (RGDP). Ayon kay Tan, mayorya sa mga bansang ito'y may malalaking populasyon ng migrante. Batay rin sa datos mula sa World Bank kapansin-pansin na ang mga bansa /teritoryong ito'y mga bansa/teritoryong destinasyon din ng mga OFW. Katunayan ang bansang Qatar, Singapore, Hong Kong, Kuwait, Norway, UAE, at US ay kasama sa nangungunang destinasyon ng mga OFW.

**Mga Panlipunang Epekto ng Migrasyon**

Lalong mapatutunayan ang pinsala ng migrasyon, kapag sinipat ang mga panlipunang epekto nito sa bansa. Sa isang pananaliksik na pinondohan ng Friedrich Ebert Stritrung (FES) inisa isa ni Akid (c.2005) ang napakaraming panlipunang epekto ng migrasyon tulad ng *'exodus'* ng mga nars kasam na ang mga dating doktor bagay na inaasahang hahantong sa malubhang krisis sa sistemang pangkalusugan ng bansa *"De Skilling"* ng mga propesyonal at ang negatibong *impact* ng migrasyon sa pamilyang plipino.

Sa pangkalahatan, pinigilan at binansot nito ang pagunlad ng mga industriya sa Pilipinas sapagkat nahirati na ang gobyerno sa pagdepende sa remittance. naging salbabida ng ekonomiya ng bansa ang remittance ng mga OFW ngunit higit naman ang pakinabang ng bansang destinasyon ng mga OFW. Pinalalabnaw ng samo't saring epekto ng panlipunang epekto sa mga benipisyong nakukuha ng bansa sa pamamagitan ng migrasyon. Gayundin marami ang nabibiktima ng pang aabuso at pagsasamantala ng mga employer sa mga bansang destinasyon ng mga migranteng manggagawa. Sa ganitong diwa hinihikayat ang mga awtoridad nang Pilipinas at ng iba pang bansang third world na suriing mabuti ang kanilang patakaran sa migrasyon at humanap ng alternatibong landas patungo sa kaunlaran na hindi na magsasakripisyo sa yamang tao ng bansa, sa altar ng tubo at ginhawa para sa mayayamang bansang mapagsamantala.

**Mga Isyung Politikal**

Ano nga ba ang Politika? Bakit interesado ang madami sa mga Isyung Politikal? Maraming suliranin sa ating bansa gaya ng katiwalian at mga dinastiyang politikal ay malinaw na suliraning Politikal. Bagama't suliraning ekonomiko ang rebelyon, maituturing na kaugnay ito ng mga isyung politkal dahil malinaw na may ugnayan din sa sistemang ekonomiko at sistemang politikal ng bansa. Halimbawa, ang dinastiyang politikal na may kontrol sa mga institusyon ng pamahalaan ay may mga koneksyon din sa mga pamilyang *elite* na may kontrol naman sa estrukturang ekonomiko ng bansa. Samakatuwid, ang rebelyon ay maaring may pinagmulan ding politikal na suliranin.

**Kontemporaryong Sistemang Politikal ng Pilipinas**

Naitaboy ng mga Pilipino ang mga Japanese at sa mga huling Linggo ng labanan noong ikalawang digmaang pandaigdig ay muling bumalik ang mga amerikano sa Pilipinas. Muli nilang Ipinataw ang dating kalakaran. Ang mga opisyal na itinalaga ng mga japanese ay pinalitang muli ng mga maka Amerikano. Samantala, nalusaw ang ma nagsasariling yuniy ng pamahalaang lokal na binubuo ng mga pangat ng gerilya.

Noong Hunyo 4-1946,ay ipinahayag ng mga amerikano ang dumayo'y wakas ng kanilang okupasyon sa pilipinas ngunit ayon sa ilang mga mamamayan, ang mga tanikalang kolonyalismo ay makikita parin sa kontemporaryong sistemang politikalng bansa. Sa madaling sabi, maraming magpapatunay na bagama't ang ating mga pinuno mula sa pangulo hanggang sa mga opisyal ng barangay ay pawang mga pilipinong halal ng nakararami, ang ating sistemang political ay impluwensyado pa rin ng mga dayuhan. Halimbawa, kapansin pansin na napakadaling makalusot sa sangay ehekutibo ng alinmang kasunduang paborable sa amerika gaya ng Enchanted  Defence Cooperation Agreement (EDCA), Pinalayas na ng bansa ang mga base militar na amerikano noong dekada '90 ngunit sa ilalim ng EDCA ay maari nang maging base militar ang alinmang bahagi ng bansa. Samantala, maging ang mga patakarang ekonomiko tulad ng agmamay ari sa mga minahan ay impluwensyado rin ng mga dayuhan. Halimbawa, sa ilalim ng Philippine Mining Act of 1996, pinapayagang magmay ari ng 100 malalaking minahan ang mga dayuhan sa kabila ng isang probisyon sa konstitution na hindi nagpapahintulot sa gayon. Maging ang patakrang pang edukasyon ng bansa ay tila nakakiling din sa mga pangangailanganng dayuhan gaya ng pinatunayan ng mga opisyal na pahayag hinggil sa pagpapataw ng sistemang lokal sa pilipinas. Ang ganitong malakas na implwensya ng mga dayuhan sa pagbabalangkas ng patakaran ng bansa ang batayan ng ilang istoryador at ekonomista tulad nina Renato Constantino, Edberto Villegas at Alejandro Lichauco para sabihing sistemang politikal ng bansa na malakolonyal o kaya'y neokolonyal.

Samantala, ang pagiging elitista ng kasalukuyang sistemang politikal ay kitang kita pa rin. Kapansin pansin na malaking porsyento ng mga posisyong ehekutibo at lehislatibo sa antas lokal o nasyonal man ay kontrolado ng mga promnenteng angkan o dinastiyang politikal. Halimbawa, ang kasalukuyang presidente ay anak naman ng dating presidente. Ang kanyan kalihim panloob ay apo naman ng isang dating presidente. Ang nakaraang pangulo ay anak naman ng isang dating presidente. Ito ang Tinatawag na Dinastiyang Politikal. Halimbawa ang kasalukuyang pangulo ay isang anak ng isang dating presidente. Ang kanyang kalihim panloob ay apo naman ng isang dating presidente. Ang nakaraang pangulo naman ay anak ng dating presidente. Marami sa mga senador ay anak ng mga dati ring senador. Ang ganitong kontrol ng iilang pamilya ay sistemang political ay idinidikta ang sistema ng eleksyon na magastos at hindi nakatuon sa mga plataporma. Ang malalaking partidong politikalay pawang iisa lamang ang sinasabi at ginagawa. Katunayan talamak ang paglilipat lipat ng partido ng mga politiko dahil wala namang pagkakaiba sa platapporma ang malalaking partidong political. Paligsahan ng pera sa halip ng plataporma ang halalan.

**Mga Ugat ng Korapsyon**

Marami sa mga pamilyang asendero na ito'y nanatiling ng *alta sociodad* sa kaslukuyan sapagkat mayaman sila sa salapi at lupain. Hindi naging mabisa ang reporma ng mga Amerikano sa panahon ng kanilang pananakop, at hanggang ngayon ang programa sa reporma sa lupa ng pamahalaan-ang CARP na pinalawig pa at naging CARPER-ay napatunayan na ring hindi mabisa. Samakatuwid, napanatili ng iilang pamilya mula pa noong panahon ng Espanyol ang

kontrol sa malalaking lote ng lupa at ang kanilang kayamanan. Sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang kayamanan ay nangangahulugan din na may kakayahan silang mag aral hanggang kolehiyo , at bumuo ng mga koneksyon sa iba pang makapangyarihan sa lipunan. Sa mga unang dekada ng pananakop ng mga Amerikano, ang karapatang mahalal ng mahalal ay maari lamang tamasahin ng mga mamamayang may edukasyon at ari-arian. Samakatuwid, lalong tumibay ang monopolyo ng mayayaman sa makapangyarihang politikal sa panahong iyon, bagay na nagpatuloy hanggang sa kasalukuyan.

Sa pamamagitan ng monopolyo nila sa kapangyarihang politikal, naging mahirap para sa mga ordinaryong tao na bantayan at lumahok sa prosesong politikal. Halimbawa, ang mayayaman lamang ang may malalaki ng pagkakataon na manalo sa mga eleksyon dahil sa laki ng mga salaping kailangan sa pangangampanya. Kung may mayayaman mang galing sa mahihirap na pamilya ang magwagi, karaninwang dahil lamang din sa suporta ng mga mayayamang nagbigay ng salaping pangampanya. Sa panahon na manalo ang mag pwersang ito, malaks ang tukso na gamitin ang salapi ng bayan upang mabawi ang kanilang "puhunan" sa pagtakbo at pangangampanya. Samakatuwid, maituturing din na ugat ng korapsyon ang monopolyo ng iilang dinastiyang politikal sa kapangyarihan at ang kawalan ng sapat na partisipasyon ng mga mamamayan sa prosesong politikal.

**Mga Dinastiyang Politikal**

Sa aklat na *"The Modern Principalia: The Historical Evolution of the Philippine Ruling Oligarchy"* (2007) ni Prop. Dante Simbulan, detalyadong sinuri ang pangingibabaw ng mga dinastiya sa sistemang politikal ng bansa. Ayon sa kanyang pananaliksik na sumasaklaw mula 1946 hanggang 1963, may 169 dinastiya sa Pilipinas na pinagmulan ng opisyal ng gobyerno kasam sa mga parting presidente; dalawang bise presidente; 42 senador; at 147 kinatawan sa kongreso.

Batay naman sa pag-aaral ng Asian Institute of Management Policy Center noong 2011, mahigit 100 na kinatawan ng ika 15 kongreso na nahalal noong 2010 ang may kamag-anak sa ika-12, ika-13, ika-14, kongreso o kaya mga lokal na opisyal na nahalal noong 2001, 2004, 2007 at 2010. Karamihan sa kanila ay mga multimilyonaryo na ang average ng kanilang yaman ay P32 milyon. Ayon na rin sa mga nasabing pananaliksik kontrolado din ng mga dinastiya ang mga partido politikal batay rin sa komposisyon ng kasapian o membership ng mgfa nangungunang partido.

Ayon naman sa aklat na *"The Rulemakers, How the Wealthy and Will born Dominate Congress"* (2004) nila Sheila Coronel et.al. halos isang siglo nang kontrolado ng mga dinastiya ang sistemang politikal ng bansa. Anila, bagamat hindi na puro asendero ang mga dinastiyang nakapwesto lahat ng mga angkan na ito'y pawang mayayaman at maituturing na bahagi ng novenu rich. Samakatiwid, malinaw na ang kayamanan at kapangyarihang politikal ay magkaugnay parin hanggang sa kaslukuyan.

**Mga Bunga ng Korapsyon**

Isa sa mga pangunahing bunga ng korapsyon ang lkawalan ng oportunidad ng mga ordinaryong mamamayan na ,magkaroon ng espasyo ng iba't ibang sektor ng pamahalaan.

Pangalawang bunga ng korapsyon ay ang pagliit ng pondo na maaring magamit ng pamahalaan para sa mga serbisyong panlipunan gaya ng pabahay, edukasyon, transportasyon, at kalusugan. Malaking halaga ng budget ng gobyerno ang napupunta sa korapsyon, na tinatayang umaabot sa 200 bilyong piso kada taon.

Bunga rin ng korapsyon ang kawalan ng mga tunay na partido politikal sa bansa. Sa halip na propesyonal at ideolohikal na partidong may magkakaibang paninindigan sa iba't ibang mahahalagang isyu, mga personalistikong partido ang nangingibabaw sa bansa mga partidong kontrolado at pinopondohan  ng mayayamang dinastiya.

**Mga Solusyon sa Korapsyon**

Sa ganitong diwa, ang pagsasagawa ng mga repormang politikal gaya ng pagsasabatas ng konstitusyunal na probisyon na nagbabawal sa mga dinastiyang politikal sa mga bansa na nagpapatibay sa mga representasyon ng mga grupo. Bukod sa mga institusyunal na pagsisikap na maisabatas ang Anti-Dynastry Bill ang pagreporta sa mga grupo ng mga ordonaryong mamamayan na lumalahok sa politika, gaya ng mga partyler ay epektibong paraan din para sa pagpapahina sa mga dinastiyang politikal. Ang pagsasagawa ng voter's sa panahon at pagkatapos nito ay makatutulong din sa pagpapalakas ng partisipasyon ng mga mamamayan sa politika, na makakapagpahina naman sa kapangyarihan ng mga dinastiya.

## MGA KAUGNAY NA BABASAHIN

## KALAGAYAN NG SINING AT KULTURA SA PANAHON NG GLOBALISASYON

Jenifer Padilla
Executive Director, Amado V. Hernandez Resource Center

### I. INTRODUKSYON

Kamakailan lamang ay nag-survey ang Pulse Asia tungkol sakawalan ng pag-asa ng mga Pilipino sa ating bansa. Ayon sa survey, wala pa sa kalahati ng mga Pilipino ang naniniwalang “may pag-asa pa ang bansang ito.” Dama ng karamihan ang pangangailangan para sa pundamental na pagbabago sa ating lipunan ngayon. Kailangan ng pagbabago sa ating ekonomya kung saan ang karamihan ay nananatiling hikahos, hindi nakikinabang sa kanilang pinagpapawisan. Kailangan ng pagbabago sa ating pulitika, kung saan ang gobyerno ay gobyerno ng iilan, at hindi ng karamihan. Pero batid din natin na ang pagbabago sa lipunan ay hindi magiging ganap kapag walang kasabay na pagbabago sa kultura ng bayan. Pagbabago sa dominanteng kaisipan, kaugalian, pagpapahalaga, panlasa, sining at panitikan. Pero ano nga ba ang kailangan baguhin sa kultura sa bansa ngayon? Hayaan ninyo akong magbahagi ng aming pagsusuri hinggil sakasalukuyang kalagayan ng sining at kultura sa Pilipinas, mga patakaran at programa sa kultura ng pamahalaan at pribadong sektor, at ugnayan ng mga ito sa ekonomya at pulitika ng bansa sa panahon ng globalisasyon. Kung ito ay makakatulong sapaglilinaw at paggigiit sa tungkulin ng artistang Pilipino sa pagsusulong ng pagbabago sa ating lipunan, nakamit na rin namin ang aming layunin sa pagkakataong ito.

### II. KASALUKUYANG KRISIS NG SINING AT KULTURA SA PILIPINAS

Ang dominanteng kultura sa Pilipinas ay nananatiling kolonyal, burges at pyudal sa kasalukuyang panahon. Itinatakda ito ng mga dominanteng pwersa sa ekonomya at politika ng bansa – ang U.S. at ang mga elit sa ating lipunan, ang malalaking kapitalista at asenderong

Pilipino. Ang pamantayan ng U.S., hindi lamang sa pulitika at ekonomya, kundi maging sa kulturang kolonyal ang nagiging sukatan kung ano ang mahusay at hindi para sa mga Pilipino. Sa kulturang burges, ang sining ay kalakal at ang mga tao ay palengke na pwedeng manipulahin para higit na pagtubuan. Pinapanatiling mangmang, kimi at palaasa sa "swerte" at sa kawanggawa ang masang bihag ng kulturang pyudal. Sa tulong ng dominanteng kulturang ito, nagiging mas madali ang patuloy na pagkontrol at pagsasamantala ng mga dayuhan at iilan sa sambayanang Pilipino. Sa ngalan ng "globalisasyon", ibayo ang pananalakay ng dalawang pinakadominanteng pwersa sa kulturang Pilipino – ang imperyalismong U.S. at ang simbahang Katoliko Kinakasangkapan din ng mga dayuhang imperyalista at mga naghaharing uri ang estado upang ipalaganap ang artipisyal na kulturang popular, ang kultura ng korupsyon, at kultura ng pasismo upang palakasin at higit na palawakin ang kanilang dominasyon.

## Kultura ng Globalisasyon

Ang Pilipinas ay nakapailalam sa mga kasunduan at patakarang pinagkaisahan at idinidikta ng mga economic superpowers o mga imperyalistang bansa. Kabilang dito ang mga neoliberal napatakaran ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatitsasyon na itinutulak ng IMF, WB at WTO lalo na sa mga mahihirap na bansa. Sa gayon ang mga bansang katulad ng Pilipinas ay nagsisilbing mas maluwag na palengke para sa mga produkto at serbisyo ng mga malalaking kapitalista mula sa mayayamang bansa. Malayang kalakalan ng mga produktong pangkultura Dahil sa patakaran ng import liberalization mas malaya nang nakakapasok pati mga dayuhang produktong pangkultura sa Pilipinas katulad ng pelikula, aklat, musika at software. Sa ilalim ng Trade-Related Aspects of Intellectual Property Rights o TRIPS ng WTO, nagiging mas madali para sa mga higanteng korporasyon mula sa ibang bansa ang pamumuhunan, pagbili,diversity – na itinataguyod ng globalisasyon at tinatangkilik ng gobyerno – ay ang paglikha ng napakaraming produkto at serbisyo mula sa iba't ibang kultura. Binibigyan ng halaga naparang sa palengke ang mga "kakaiba," ispesipiko, "walang katulad," at exotic na kultura. May pagromantisa pa sa samu't-saring tribo at komunidad na nagsisilbing materyal para sa imahinasyon at pantasya ng "mas maunlad" na sibilisasyon. Hungkag ang ganitong konsepto ng "cultural diversity" sapagkat hinihiwalay ang kultura sa kinaiiralan nitong panlipunang konteksto. Mapananatili ba ng mga katutubo ang kanilang kultura kung sila ay sapilitang inaalis sa kanilang lupain? Sa anong antas makikipagturingan nang matino sa mga Muslim kung patuloy silang itinatakwil at binabansagang terorista?

## Kultura ng Turismo

Laganap ang samu't-saring festival sa buong kapuluan ngayon sa layunin ng mga lokalidad at ng pambansang pamahalaan na pasiglahin ang turismo sa bansa . Sa isang banda nakabubuti ang turismo, kung bahagi ito ng edukasyon ng mga Pilipino at ng mga dayuhan na makilala ang mayamang kultura sa ating bayan .Ngunit kung ang pangunahing layunin ay kumita ng pera, nagiging kapital ang turismo sa komersiyalisasyon ng kultura. Bukod pa sapinagkakakitaan ang kultura, mas masahol ang usapin ng panghihimasok sa isang kultura at ang artipisyal na pagpoproseso dito upang maging mabenta sa pinakamaraming tao. Madalas kaysa hindi, nababago sa kalaunan ang isang kultura kundi man ito tuluyang nasisira. Sa praktika ng gobyerno, ginagamit nito ang turismo bilang tugon sa kahirapan. Sa isang banda, sinusuportahan nito ang produksyon ng mga tradisyunal na kagamitan. Ngunit ang pagpayag at paghihikayat ng gobyerno sa pagpasok ng mining companies at sa laganap na militarisasyon na nagtataboy sa

mga kababayang tumutugon sa tradisyunal na kagamitan ay siya ring pumapatay sa tradisyunal na produksyon. Kulturang Popular at Artipisyal Ang tinaguriang “kulturang popular” ba ay tunay na kultura ng masa? O nagiging popular ito dahil pilit itong ipinamumudmod samasa, hinuhubog ang kanilang panlasa hanggang sa tanggapin na nila ito bilang sariling kultura? Ang mga eksena mula sa palabas na Wowowee at iba pang gameshow ay nagpapakita ng matinding desperasyon ngnapakaraming maralitang Pilipino . Pinapalaganap nito ang pantasya na “swerte” at kagandahang-loob ng iba ang sagot sa kahirapan ng masa. Nilalako nito ang hungkag na pag-asa sa milyon-milyong tagapanood, kasabay ng mga produkto ng mga malalaking kumpanyang isponsor ng mga palabas na ito, sila na kumikita ng limpak-limpak sa pagtangkilik ng masa. Gayundin, hungkag na kaligtasan ang nilalako ng mga fantaserye at telenovela, gawa man dito o dinub mula sa ibang bansa, Sa mga palabas na ito, hindi sistemang panlipunan o gobyerno ang ugat ng paghihirap kundi mga masasamang nilalang. At ang katubusan ay nasa balikat ng mga indibidwal na may kakaibang mga kapangyarihan, mga superhero, hindi sa kolektibong pakikibaka ng mga inaapi at pinagsasamantalahan. Ito ang artipisyal na kulturang popular na “binebenta” ng industriyang pangkultura ng mga local na naghaharing-uri at ng imperyalismo sa masang mamimili. Dahil ang mga lokal nanaghaharing uri at imperyalismo ang mayhawak ng halos lahat ng mayor na industriya sa kultura at sining (musika, pelikula atbp.) sila ang nagtatakda kung ano ang isinasalaksak sa isipan at panlasa ng masa. Sila ang nagtatatak na pang-masa ang ganitrong kulturang mapang-alipin. Sila ang nagpapanatiling mababaw o tanga ang masa – habang umaani ng tubo mula sa mga produktong kanilang ibinebenta sa masa.

## Kultura ng Korupsyon

Ang “kultura ng korupsyon” ay ang pananatili ng malawakang korupsyon (o ang pag-abuso sa posisyon para sa sariling interes)sa halos lahat ng antas ng gobyerno Sa loob ng burukrasya, mas tumitindi ang korupsyon habang pataas nang pataas ang posisyon dahil lumalaki rin ang kapangyarihan at dumadami ang oportunidad para dito .Kaya’t ang mismong paggogobyerno ay ginagamit ng mga naghaharing uri upang higit na magpayaman at panatalihin ang kanilang kapangyarihan. Sa aktwal, tinatangkilik nila kultura ng korupsyon habang kunwa’y iwinawaksi nila ito sa publiko. Halimbawa na lang ang programa ng kasalukuyang gobyerno para labanan ang korupsyon. Nasasaad dito ang values formation, lifestyle check, kompyuterisasyon at deregulasyon ng mga transaksyon ng gubyerno. Pero sa dami ng kinasangkutang anomalya ng Pangulo at ng pamilya nito, mula sa Diosdado Macapagal Highway, Jose Pidal account, ang fertilizer scam, paggamit ng pondo ng OFWs sa OWWA para sa pangangampanya, pandaraya sa eleksyon, atbp., wala ni isang na-imbestiga ng malaliman. Ang kulturang ito ay sinusuhayan din ng US upang matiyak ang pagyuko ng burukrasya sa kaniyang mga maniobra, lalo na sa usaping negosyo. Walang magtatagumpay na kampanya laban sa korupsyon hanggang may pakinabang ang mapagsamanatalang sistema ng globalisasyon at nagahaharing uri dito. Kultura ng Panunupil at Pasismo Sa kasalukuyan, halos 80% ng mamamayan ay mahirap at mahigit 11 milyong Pilipino ang wala o kulang ang kabuhayan. Ang lumalalang krisis pang-ekonomya ang nag-uudyok samamamayan na magpahayag ng hinaing at diskontento lalo pa’t nasasangkot sa maraming anomalya ang gobyernong Arroyo. Ngunit sa halip respetuhin ang karapatang mapahayag at magtipon-tipon, ibinaba ang Executive Order 464 -- pumipigil sa mga kawani ng gobyerno na umattend ng hearing sa Senado at Kongreso ng walang pahintulot mula sa pangulo; ibinaba rin ang Proclamation 1017 upang ideklara ang state of emergency, kasabay ng pagbabawal sa mga kilos protesta, pagbibigay kapangyarihan sa mga pulis na marahas na buwagin ang anumang pagtitipon, pasukin ang mga opisina ng mga publikasyon at arbitraryong mang aresto ng mga kritiko ng pamahalaan tulad ni Ka Crispin Beltran. Kultura ng Terorismo

Inatras na ang State of Emergency pero hindi natigil ang "pagsensura" sa mamamayan. Patuloy at dumarami ang di malutas na kaso ng mga pandurukot at pagpatay sa mga aktibista, mamamahayag at maging mga taong simbahan. Satinatayang 747 na pinatay mula nang maupo si Arroyo sa Malakanyang, kalakhan ay nagmula sa mga progresibo at militanteng organisasyon na kritikal sa mga patakaran ng gobyerno. Matindi ang mensahe ang naiis ipaabot ng panunupil at pasismo -- nais nitong patahimikin ang mga naghahangad ng pundamental na pagbabago, nais nitong kitlin ang kaisipang mapanlaban at mapagpalaya -- hanggang sa mamanhid ang mamamayan sa ganitong kalagayan. Bahagi ng all-out-war laban saterorsimo ng gobyerno, laganap ngayon sa kanayunan ang papatinding militarisasyon na bumibiktima sa mga magsasaka at mga katutubo. May itinatakdang curfew at checkpoints, ipinagbabawal ang flashlights, kailangan laging may hawak na sedula ang mga residente. Ang mga hindi tumutugon ay arbitraryong inaakusahan na miyembro o tagasuporta ng NPA. Kasunod nito ay harasment, pandarahas, o sa sukdulan, pagpatay . Bahagi ito ng "all-out war" ng gobyerno, alinsunod sa "giyera laban sa terorismo" ng US . Asahan pang titindi ang kultura ng terorismo kapag naisabatas na ang Anti-Terrorism Bill (ATB) na masugid na tinutulak
ng gobyernong Arroyo sa kongreso.

## Kultura ng Pangangayupapa

Ginagamit ng gobyerno ang islogang "culture of peace" para palubagin ang loob ng mga nag-aaway na grupo. Ang iba't ibang cultural exchange programs na binubuo ng immersion activities atmga pagtatanghal ay aktibo nitong sinusuportahan upang idiinang "esensiyal na pagiging mapayapa at mapagkasundo" ng mga kultura. Subalit sadya itong inihihiwalay sa konteksto. Halimbawa,ang mapanlabang tradisyon ng maraming katutubo sa Cordillera ay pinahihina at pinipilit gawing masunurin sa pagpapaloob sa development aggression projects ng pambansa at lokal na gobyerno. Isa pang halimbawa ay ang gera laban sa terorismong isinusulong ng US , kung saan ang Pilipinas ay nagiging lunsaran na rin ng digmang idinidiin ang pangkulturang katangian. Binabansagan ang Islam bilang sibilisasyon ng mga barbaro at terorista. Ang "militanteng Islam" ay ipinapailalim sa "mapayapang Kristiyanismo"; sa totoo'y binibigyan lang nito ng katuturan ang sistematikong pagsasantabi sa mga karapatang pantao ng mga Muslim sa Mindanao at iba't ibang bahagi ng bansa. Ang islogang "culture of peace" ng gobyerno ay kapayapaang mabuway dahil hindi nakasandig sa makatarungang kaayusan ang natututunan ng mamamayan.

### I. KONKLUSYON AT MGA RESOLUSYON

Pinatitingkad ng globalisasyon, kulturang popular, korupsyon at panunupil at pasismo ang dominanteng kulutrang kolonyal, burgest at pyudal. Ang ganitong kalagayan sa kultura ay sumasalamin sa malakolonyal na estado at malapyudal na ekonomIya ng bansa. Naisasalarawan ng kulturang ito ang tumitindi at mas sopistikadong pagsasabwatan ng imperyalismo, burukrata kapitalismo at pyudalismo – ang tatlong ugat ng kahirapan sa Pilipinas. Hamon at Panawagan Mahalaga ang pagsabay ng pangkulturang pakikibaka sapagsulong ng pagbabago sa pulitika at ekonomya. Mahalaga ang papel ng mga artista sa paglikha ng sining na bitbit ang kaisipang direktang sumasalungat sa dominanteng kultura. Mahalaga ang kulturang pambansa –na nagtataguyod ng pambansang identidad na nasasalamin ng pambansang pamana ng mga mayayamang kultura ng iba't-ibang rehiyon at ng mga grupong etnolingwistiko. Mga tatak ng paggalang sa sarili at sa kasaysayan ng mga Pilipino, sa kakayanan ng komunidad mabuhay ng sagana, na nagpapatibay ng patriotismo. Dapat bitbitin ang kulturang may kritikal na pananaw at pamamaraan, dahil may kaakibat ang sining na gawaing edukasyongnagpapalaya at

nagpapalawak ng kamulatan salungat sa pyudal na kaisipang nagpapamangmang. Bibit din ng mga alagad ng sining ang pagpapalaganap ng kulturang maka-masa, hindi para sa iilang sector lamang ng lipunan. Sinasalamin nito ang kanilang mithiin at ibinabandila ang kakayahan ng malawak namamamayan, partikular ang mga manggagawa at magsasaka, sa paghubog ng lipunan at paglikha ng kasaysayan.Komprehensibo ang gawaing kultura, dahil komprehensibo din ang saklaw nito. Sa usapin ng paglikha ng sining na bitbit ang kulturang pambansa, kritikal ang pananaw at pamamaraan, at para sa malawak na mamamayan, malaki ang hamon sa mga artista, ngunit bahagi lang ito ng pagbabago sa kultura. Mahalagang tungkulin din niya makiisa, makilahok sa pagkilos ng mamamyan sa pagsusulong ng pagbabago. Dahil ang pagbabago ng lipunan ay gawain ng lahat. Walang bansang masagana ang walang sariling kultura.

**MGA TANONG**

1. Magbigay ng ilang mga tanong ilang mga bagay at pangyayaring mapapansin at makikita sa araw-araw na pawang ibinunga ng globalisasyon.
2. Mas kapaki-pakinabang ba ang mga OFW sa kanilang bansang pinagtatrabahuhan kaysa sa Pilipinas? Pangatwiran ang iyong sagot.
3. Paano binago at patuloy na binabago ng teknolohiya, partikular sa komunikasyon (internet, traditional media, at social media) ang kulturang Pilipino? Magbigay ng mga tiyak na halimbawa.
4. Isa-isahin ang mga epekto ng dinastiyang politikal sa pag-usbong at pagpapanatili ng korapsyon sa lipunang Pilipino.
5. Makatutulong ba upang mapabuti ang sitwasyong politikal sa bansa kung magkakaroon ng charter change o cha-cha? Bakit?

**MULTIMIDYA/ PAGPAPAHALAGA**

Muling panoorin at pakinggan ang kantang “ Walang Natira” ng pinoy rapper na si Gloc 9 sa Youtube at pagnilayan ang sumusunod na mga tanong:

1. Mas pipiliin ko ban a manatili sa bansa at magsilbi sa bayan o bigyan ng magandang buhay ang aking pamilya sa pamamagitan ng pangingibang bansa?

2. Sa paanong paraan ko maipaabot sa karamihan ang aking kaalaman tungkol sa mga tinalakay na problemang panlipunan at mga mungkahing solusyon sa mga ito?

3. Paano ako makapag aambag sa paglutas sa mga nasabing problema?

*YUNIT VI*

# MGA TIYAK NA HALIMBAWA NG SITWASYONG PANGKOMUNIKASYON

**LAYUNIN**

1. Mailarawan ang mga gawing pangkomunikasyon ng mga Pilipino sa iba't ibang antas at larangan.
2. Maipaliwanag ang kabuluhan ng wikang Filipino bilang mabisang wika sa kontektwalisadong komunikasyon sa mga komunidad at sa buong bansa.
3. Makapagmungkahi ng mga solusyon sa mga pangunahing suliraning panlipunan sa mga komunidad at sa buong bansa, batay sa pananaliksik.

**Kasanayan**

1. Magamit ang wikang Filipino sa iba't ibang tiyak na sitwasyong pangkomunikasyon sa lipunang Pilipino.
2. Makapagpahayag ng mga makabuluhang kaisipan sa pamamagitan ng tradisyonal at modernong midyang akma sa kontekstong Pilipino.
3. Makagawa ng mga malikhain at mapanghikayat na presentasyon ng impormasyon at analisis na akma sa iba't ibang konteksto.
4. Makagawa ng makabuluhan at mabisang materyales sa komunikasyon na akma sa iba't ibang konteksto.

**LUNSARAN:**

Panoorin ang “Why the only future worth building includes everyone” isang panayam ni Pope Francis sa TED Talk na tumatalakay sa kahalagahan ng pagkakaisa upang makamit ang isang makabuluhang kinabukasan. Suriin at pagnilayan ang ginagampanang tungkulin ng komunikasyon na may pokus sa pag-unawa sa pagtugon sa pangangailngan sa kapwa at pagpapaunlad ng ugnayan ng mga tao, komunidad at bansa.

**BABASAHIN**

**MAIKLING [MULING] PAGTATALAKAY SA KAHALAGAHAN NG KOMUNIKASYON**

Nasa puso ng pang-araw-araw na transaksyon ng tao ang komunikasyon. Napakalaki ng ginagampanan nitong tungkulin upang mapadali ang mga nais makamit ng mga tao sa isang tiyak na konteksto. Sa katunayan, napakadaling pangatwiranan na kung wala ito, hindi uusbong ang anumang uri ng sibilisasyon. Hindi yayaman nang gaya ng sa kasalukuyan sang nalalaman ng tao sa agham, matematika, medisina, humanidades, arkitektura, at iba pa kundi ito dumaan sa mauring pagtalakay at bahagian na kaalaman at mga natuklasan. Mahirap ding kuruin kung ano ang kahihinatnan ng mga lipunan at bansa kung walang naganap at nagaganap na komunikasyon sa pagitan ng mga lider at kinatawan ng nauuna. Sa mga praktikal na antas, upang mapagtibay ang relasyon, nangangailangan ng patuloy na komunikasyon sa pagitan ng magkakaklase, magkaibigan, mag-asawa/magkasintahan, magkasama sa trabaho o adbokasiya. Sa madaling salita, dinodomina ng komunikasyon ang lahat ng uri ng relasyon ng tao-mapaakademiko, propesyuonal, personal, o sibika.

Upang mas maging sistematiko at lalong mabigyan ng konteksto ang pagtatalakay sa komunikasyon at iba’t ibang tiyak na sitwasyong pinaggagamitan nito, mahalagang balikan ang ilang puntos sap ag-aaral nina Eadie at Goret (2013) na lumagom sa iba’t ibang teorya at pag-aaral ng layunin ng komunikasyon. Ayon sa dalawang eksperto, may iba’t ibang layunin ang tao sa pakikipag-ugnay, ngunit para sa hangarin ng pagtalakay, tatlo lamang sa limang layunin ang babanggitin. Pinagsama rin sa isang ketgorya ang komunikasyon bilang tagapagpalaganap ng impormasyon at kultura.

**Komunikasyon Bilang Panghubog ng Opinyon sa Madla**

Malaki ang ginagampanang tungkulin ng komunikasyon sa paghubog ng opinion o '*consensus'* ng mga tao. Ginagamit ng mga gobyerno sa buong mundo ang komunikasyon upang palaganapin ang isang kaisipan hinggil sa mga programa nito upang mapabilis ang pagtanggap ng mga mamamayan. Lubod na napadadali ang pagpapalaganap ng mga mensaheng ito sa pamamagitan ng midya gaya ng radio at telebisyon.

Noong 2013, nilagdaan ng dating Pangulong Benigno Aquino III ang Batasang Pambansa Bilang 10361 o mas kilala sa tawag na Kasambahay Law, na naglalayong bigyang proteksyon ang mga kasambahay. Kapansin-pansin na habang dinidinig ng dating mungkahing batas sa Kongreso at Senado, malimit na laman ng balaita sa radio at telebisyon ang mga pang-aabuso sa mga kasambahay-mula sa kawalan ng benepisyo at mababang pangsahod, hanggang sa pisikal, berbal at emosyonal na pananakit ng mga amo. Dahil ditto, nagging madali ang pagtanggap sa mungkahi at bumuhos ang simpatya ng mga mamamayan sa may-akda ng nasabing batas.

Isa pang halimbawa ng paggamit ng komunikasyon upang hubugin ang opinyon ng madla ang patuloy na pagpapakalat ng balita.

**Komunikasyong Bilang Panlinang ng Ugnayan**

Gaya ng nabanggit say unit na ito, isang tungkulin din ng komunikasyon ang luminang ng ugnayan at relasyon. Nagsisimula ang pagkakaibigan sa interaksyon sa pagitan ng dalawang nilalang na may pinagkasunduang bagay. Nagiging mas matibay ang samahang ito sa pamamagitan ng palagiang pakikipag-usap sa isa't isa. Komunikasyon din ang nagpapatibay sa ugnayan ng mga miyembro ng isang komunidad. Sa pamamagitan ng patuloy nap ag-uusap sa kung paano pamamahalaan ang mga mamamayan, lugar at mga pinagkukunan, lalong napagbubuklod ang isang lipunan.

Sa mas malaking konteksto, pinagtitibay ng komunikasyon ang ugnayan ng mga bansa gaya ng patuloy na nagaganap sa pagitan ng mga miyembro ng ASEAN Community. Dahil sa tuloy-tuloy na diyalogo sa pagitan ng mga lider ng bansa, nagiging possible ang mas mabilis na pagpapalitan ng mga produkto at serbisyo. Nagging mas madali rin ang palilipat-lipat ng kapital at puhunan sa pagitan ng mga bansang bahagi nito. Isa pa sa mga nagging epekto ng ASEAN Integration ay ang mas maluwag na *foreign policy* na nag-alis sa ilang restriksiyon sa pagbisita at pagtatrabaho sa mga miyembrong bansa.

**Komunikasyong Bilang Paghahatid ng Impormasyon at Pagpapalaganap ng Kultura**

Marahil isa sa pinakamahalagang tungkulin ng komunikasyon ay ang gamit nito sa pagpapalaganap ng impormasyon. Maraming buhay ang naililigtas dahil sa maaga at maagap na pagpapakilala ng interbensyon at gamut sa pasyente ng isang doctor. Nagiging possible rin ang pagpapasa ng karunungan at kaalaman upang mas maraming tao ang makisangkot sa pagbabagong panlipunan dahil sa pakikipag-ugnayan. Marami ring aksidente sa daan ang naiiwasan dahil sa mga warning signs at iba pang babala.

Ngunit iba naman ang naging kaso noong 2013 nang tamaan ng napakalakas na bagyo na pinangalanang Yolanda ang Tacloban City, Leyte. Umabot sa 6,000 katao ang tinatayang namatay, halos 2,000 ang patuloy na nawawala, at mahigit 28,000 ang sugatan sa pananalasa na nasabing bagyo (NOAH-UP). Bagama't maagang nagpalabas ng mga babala ang lokal na gobyerno at maging ang *national government* ,hindi masyadong naging matagumpay ang kanilang hangarin.

## ANTAS NG KOMUNIKASYON

### Pangkatang Komunikasyon

Itinuturing na pangkatang komunikasyon ang ugnayan sa pagitan ng tatlo o mas maaarami pang taong may iisang layunin. Gaya ng iba pang uri ng komunkasyon, maaaring maganap ang pangkatang komunikasyon sa personal o maging sa iba pang platform gaya ng *group chat* sa *social media* at *video conferencing*. Bilang mag-aaral, malimit na maganap ang pangkatang komunikasyon upang tuparin ang mga kahingian sa iisang asignatura gaya ng kolaboratibong pananaliksik na nangangailangan ng pagtalakay at pagpapasiya. Isa ring halimbawa nito ang pagpupulong sa barangay o sa munisipyo na naglalayong solusyunan ang isang problema gaya ng trapiko, na sinisimulan sa pagbibigay ng mungkahi at pagpapatalaga ng mga taong gaganap sa mga tiyak na gawain.

### Pampublikong Komunikasyon

Bilang pinakakinatatakutang uri ng komunikasyon, ang pampublikong komuniasyon ay mas nakapokus sa tagapagpadala ng mensahe kaysa tumataggap- na malimit ay higit sa apat. Sa lahat ng uri mh komunikasyon, ito rin ang pinakamalayunin sapagkat mas madalas itong pormal. Mahirap ding iwasan ang paraang ito ng pakikipag-ugnay sapagkat ginagamit ito sa buhay-akademiya, buhay-trabaho, at buhay-sibika. Ilan sa mga halimbawa nito ay ang pagharap sa klase upang bumigkas ng talumpati bilang *performance task*, pangangampanya para sa isang panibagong proyekto sa inyong komunidad gaya ng *anti-human trafficking campaign*, at marami pang iba. Mainam itong paraan ng pagpapalaganap ng kaalaman at impormasyon dahil na rin sa bilang ng mga kalahok nito. Mas marami ang hindi sanay makipag-ugnayan gamit ang modang ito sapagkat nangangailangan ito ng masusing preperasyon at tiyak na antas ng kahusayan upang hindi umani ng negatibong puna sa mga tagapakinig.

### Pangmadlang Komunikasyon

Gaya ng pampublikong komunikasyon, layin din ng pangmadlang komunikasyon na makipa-ugnayan at maghatid ng mensahe sa madla. Gayunpaman, naiiba iro sa nauna kung ang mensahe ay ipinadadala nang palathala (diyaryo o magasin) o sa pamamagitan ng *electronic media* gaya ng telebidyon at radio. Kakaiba rin ang modang ito sa paraang mistulang bumubuo sa personal na koneksiyon ang tagapagpadala ng mensahe, bagamat ang layunin nito ay naipakalat ang nasabing nilalaman (content) sa mas malaking tagasubaybay. Pagbabahagi ng rebuy ng isang pelikula o *album* ng isang musikero, suri sa isang bagong panukalang batas, ulat sa kaganapang pangkalikasan, pampolitika *misinformation* hinggil sa Martial Law, na ipinataw noong panahon ng diktaturya ni dating Pangulong Ferdinand Marcos. Kapansin-pansin na upang mabura ang mga negatibong epekto ng Martial Law gaya ng patong-patong na pangungutang at pandarambong ng dating pangulo na ayon sa Ibon Foundation ay patuloy na pagbabayaran ng mga Pilipino hanggang 2025, kabi-kabila ang pagpapakalat ng *fake news* at iba pang mapanlinlang na dokumentaryo at komentaryo sa radio, telebisyon at sa *social media.* Ang lahat ng ito ay upang mailuklok ni Bong-bong Marcos sa pagkabise-presidente noong halalang 2016.

Bagama’t hindi nagwagi sa puwesto, malaking porsyento pa rin ng boto ang nakamal ng dating senador – patunay na malaki ang tungkulin na ginampanan ng mga dokumentaryo at propagandang nabanggit.

## MGA TIYAK NA HALIMBAWA NG SITWASYONG PANGKOMUNIKASYON

Upang lalong bigyang-linaw ang kalikasan ng bawat antas ng komunikasyon, maiging talakayin din ang tiyak na halimbawa nito.

### Pangkatang Komunikasyon

### Roundtable at Small Group Discussion

Mainam na balangkas ang *roundtable* at *small group discussion*, na kalimitang kinasasangkutan ng tatlo hanggang 12 kalahok, upang makapagbahagi ng kaalaman tungo sa paglutas ng isang isyu o suliranin. Mainamn din itong *venue* upang makapagmungkahi ng solusyon para mapabuti ang pagsasagawa ng isang bagay (disenyo, proyekto, at iba pa). Upang maghing maayos ang pangangasiwa ng nasabing Gawain, iminumungkahi ang sumusunod na mga padron:

- paglalahad ng layunin ng talakayan,
- pagpapakilala ng mga kalahok (pangalan at organisayson),
- pagtalakay sa paksa
- pagbibigay ng opinion, puna at mungkahi ng mga kalahok,
- paglalagom ng mga napag-usapan at napahkasunduan,
- pagtukoy ng susunod na mga hakbang.

Dapat ding gabayan ng paggalang at respeto sa ideya ng mga kasama ang pagsasagawa ng ganitong uri ng Pgpupulong, upang maging mas epektibo ang pagdaos nito. Mahalagang maunawaan na sa gawaing ito, pantay-pantay ang pagpapahalaga sa inout ng mga kalahok.

Upang mapanindigan ang mga napag-usapan ng grupo, mahalagang magtakda rin ng isang *documenter* na magtatala ng lahat ng napagkasunduhan. Maaaring sundin ang format sa ibaba sa pagsulat ng dokumentasyon o *minutes* ng pagpupulong:

- Paksa ng pagpupulong

Oras at lugar kung saan ginanap ang pagpupulong relasyon. Madalas itong matunghayan sa pagitan ng mag-asawa, dalawang miyembro ng pamilya, magkaibigan, amo at empleyado, at iba pa. ilan panghalimbawa nbg interpersonal na komunikasyon ay ang interaksyon sa pagitan ng *fitness coach* at *trainee*, doctor at kaniyang pasyente, *consultant* at isang opisyal ng gobyerno. Dahil madalas itong gamitin sa antas personal, nangangailangan ito ng mataas na antas ng kakayahan sa pakikinig at *conflict management* (Jones, 2008) upang maging lubusang maging epektibo.
Maaari ding gamiting estratehiya nag pagdaos ng *roundtable* at *small group discussion* ang *brainstorming*. Nilalayon ng estratehiyang ito na mangalap ng iba’t ibang tugon at mungkahi sa mga kalahok, na malimit ay may iba’t ibang perspektibo hinggil sa paksang pinag-uusapan.

Epektibong estratehiya rin ang pagpaskil ng mga katanungan na isa-isang sasagutin ng mga kalahok, gaya ng ginagawa sa isang *Focus Group Discussion (FGD)*.

Isa rin sa maaaring gamiting mga pamamaraan sa maliliit sa pagpupulong sa naglalayong magbigay ng solusyon sa probe ang *Six Thinking Hats* ni De Bono (1985). Ang estratehiyang ito ay nagtatakda ng tiyak na tungkulin sa mga kabahagi ng gawain depende sa sombrerong kanilang isinusuot upang mas maging maayos ang talakayan. Ang bawat sombrero ay tumutukoy sa tungkulin na may suot:

- Puti – nagbabahagi ng mga impormasyon (facts) tungkol sa paksang tinatalakay
- Dilaw – nakapokus sa positibong epekto ng mungkahi
- Itim – nakapokus sa pagpapalutang ng mga panganib sa dulot ng mungkahi
- Pula – nagpapahiwatig ng pakiramdam, bagama't walang lohikal na paliwanag, tungkol sa mungkahi
- Berde – nakapokus sa pagbibigay ng alternatibo at bagong ideya
- Asul – tagapagdaloy ng pagpupulong

Mainam itong estratehiya upang maging mas *targeted* ang mga tugon na nais makalap mula sa mga participant.

**Pampublikong Komunikasyon**

**Lektyur at Seminar**

Dalawa sa pinakaginagamit na termino ng mga organize ng pagsasanay, nakatuon ang lektyur at seminar sa maliliit na pagtitipon ng mga kalahok, kadalasang 2o hanggang 70 na naglalayong masinsinang matutuhan ang isang tiyak na paksa. Malimit itong inoorganisa upang pagtibayin ang propesyonalismo ng mga nakikibahagi, at nagtatagal mula isang buong maghapon, hanggang pitong araw depende sa layunin ng pagsasanay. Ilan sa mga halimbawa ng lektyur at seminar ang mga pagsasanay sa makabagong pamamaraan ng pagtuturo sa silid aralan, mga *mandatory* seminars sa mga bagong luklok na opisyal na barangay, at iba pa.

Mabisang platform ang lektyur at seminar para ipakilala ang mga bagong kaalaman, paraan uoang i-*update* ang dati nang nalalaman ng mga protektibong kalahok. Upang lalong matiyak kung natamo ang mg layunin ng lektyur at seminar, iminumungkahi na magkaroon ng pagtataya sa pagtatapos ng gawain. Hindi iminumungkahi na gamitin ang balangkas na ito kung may inaasahang bagong output mula sa dadalo.

**Wokrsyap**

Kadalasang nagtatagal nang anim hanggang walong oras sa magjapon, o

Nito pagiging demokratisado, dahilan upang hindi mabigyan ng pagkakataon sa tagapakinig o tagapanood upang malaya at agarang makapagbigay ng puna at haka sa mga inilalahad na impormasyon ng tagapanayam o host. Isa pa sa mga puna sa telebisyon at radio ay ang pagiging *corporate-driven* ng mga ito. Dahil may mga pinapangalagaang interes ang mga estasyon, malimit na nakakiling ang opinion ng mga tagapanayam.

**PANGMADLANG KOMUNIKASYON**

Ang paggamit ng dyaryo, radyo, telebisyon, video conferencing at social media ang ilan lang sa mga halimbawa ng pangmadlang komunikasyon. Ang pangunahing hamon sa uring ito ng komunikasyon ay ang kawalan ng agarang mekanismo para sa tugon o *feedback*, - dahilan upang mas madaling magpakalat ng mensahe nang walang oposisyon. Ngunit sa pag-usbong ng *social media* gaya ng Facebook, Twitter, blogs at iba pa, nagiging bukas sa lahat ang publikong komuhnikasyon sapagkat binibigyan nito ng kakayahan at oportunidad ang mga tumatanggap ng mensahe sa pamamagitan ng pagko-*comment*, pag-*repost* ng isang *content* may kasamang komentaryong maaaring sumasang-ayon o sumasalungat, at direktang pagtugon sa nagbahagi ng (hal. @KelvinBriones). Bagamat mistulang mabisang pamamaraan ang pangmadlang komunikasyon upang mabilis na maipamahagi ang isang mensahe (hal. Pag-oorganisa para sa isang malaklihang rally upang kondenahin ang illegal na pagpapatalsik sa punong mahistrado), kapansin-pansin din na maaari nitong ikompormiso ang kahulugan ng mensahe, dahil bagama't tiyak ang layunin ng tagapagpadala, hindi naman tiyak ang konteksto ng tumatanggap ng mensahe- dahilan upang magkaroon ng pagkakaiba-iba ng interpretasyon at tugon.

**Video Conferencing**

Bilang epekto ng globalisasyon, nagging mas progresibo ang teknolohiya na nagbunga ng iba't ibang paraan upang makipag-ugnayan. Isa na rito ang *video conferencing*, o ang interaksyon sa pagitang ng dalawa o higit pang tao na nasa magkaibang lokasyon, sa pamamagitan ng pagtatawagan na mag kasamang *video*. Nangangailangan ito ng Internet *connection* at computer, o 'di kaya'y *tablet* o *smartphone*. Epektibong midyum ito lalo na para sa mga kompanyang may mga *satellite* sa ibang bansa o rehiyon. Ginagamit ito ng mga kompanya o maging ng mga kinatawan ng mga bansa upang magdaos ng mga pagpupulong para makatipid sa pamasahe, oras at iba pang pinagkukunan. Nagging daluyan rin ng mga pagsasanay ang modang ito ng komunikasyon, particular sa mga *open universities*. Pinapadali nito ang dating mas mahirap na proseso ng pagkamit ng digri o sertipiko sa mga programa. Malimit din itong ginagamit ng mga pamilyang may kamag-anak sa ibang bansa, lalo na ng mga pamilyang OFW na tinatayang 23 milyon na noong 2017 (Philippine Statistics Authority).
Ngunit ilan sa mga maaaring maging hamon sa paggamit ng video conferencing ay ang limitadong Internet connection sa Pilipinas at mahabang antas ng karunungan sa nabanggit na pamamaraang pangkomunikasyon sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya pagitan ng mga eksperto ay ang limitasyon nito sa pagpapakita ng tunay na tugon ng mga kalahok.

**Komunikasyon sa Social Media**

Kasabay ng mabilis nap ag-unlad ng teknolohiya ay ang parami nang paraming naiimbentong platform upang makipag-ugnayan. Ilan sa mga ito ay Facebook, Twitter, Instagram, Youtube, at iba pa na ginagamit ng mga tao upang makapagdala ng mensahe sa isa't isa, magpaskil ng mga larawan, magpahayag ng mga larawan, magpahayag ng mga sentimiyento, opinion o kuro, at magbenta at bumili ng mga produkto at iba't iba pa. Sa nakalipas na mga taon, patuloy ring pinalalawig ng *management* ng mga nasabing *online platforms* ang *usability* ng kanilang mga *application*. Nagagamit na rin ang mga ito upang tukuyin ang lokasyon ng mga kainan at tindahan.
Parami rin nang parami ang mga taong gumagamit ng mga nasabing *social media* sites "A profile of Internet users in the Philippines." Sa katunayan ayon sa Rappler, sa taong 2015, tinatayang 47 milyong Pilipino ang aktibo sa Facebook pa lamang. Ayon sa prehong ulat, itinuturing na pundamental na pangangailangan ng mga Pilipino ang pagiging *online*. Ilan sa mga kapansin-pansing pamamaraan ng paggamit sa Facebook ay propaganda o pagpapalaganap ng kaisipan

tungkol sa isang paksa gaya ng pagpapabango sa pangalan ng isang kandidato, pagsusulong ng interes ng nakararami sa pamamagitan ng adbokasiya, pakikipagkaibigan, pagbuo ng mga grupo upang mas mapabilis ang palitan ng impormasyon, panliligaw, pagbebenta ng produkto, at iba pa.

Bukod pa sa mga nabanggit, nauuso rin ngayon ang mga *dating application* gaya ng Tinder at Grinder. Ang Tinder ay isang *platform* na nag-uugnay sa mga taong nais makakilala ng ibang taong maari nilang maka-*date* o maging kasintahan. Malimit itong ginagamnit ng mga *straight* o *heterosexuals*, dahil ang mga *homosexual* naman ay mas pinipili ang Grinder. Ipinakikita ng *app* na ito ang mga miyembro na malapit sa iyong lokasyon. Binibigyan ka nila ng pagkakataong ipakita ang iyong interes sa ibang iyembro sa pamamagitan ng pag-*swipe* sa pakanan, at kawalan naman ng interes sa pamamagitan ng pag-*swipe* pakaliwa. Mayroon din itong *feature* na gaya ng sa Facebook at iba na magagamit upang makapagpadala ng mensahe sa iba.

Bagama't pinadadali ng *social media* ang pakikipag-ugnayan sa kapuwa, pinalalabnaw naman nito ang kalidad ng mga relasyon. Sa kaso ng mga *dating app*, kung gaano kabilis nabubuo ang relasyon sa *platform* na ito, ganoon din ito kabilis natatapos. Nagiging *disposable* ang mga relasyon dahil sa *availability* ng iba pang posibleng partner. Isang banta rin ng paggamit ng mga nasabing *social media site* ay ang mga *online predator* na nananamantala sa bata at hindi gaanong aral na miyembro nito. Kung walang gabay mula sa nakatatanda, maaari ring maging sanhi ng pagkakalantad sa mga sensitibong paksa ang mga bata sa Internet. Talamak din ang pandaraya sa pagbebenta ng mga gamit sa *social media*. Naging malaking salik din ito ng pakikipag-ugnayan sa kapuwa sa puntong nakabase ang relasyon sa mga interaksyon sa mga *app* na ito, gaya ng *overhsaring* na malimit ginagawa upang kumalap ng simpatya sa iba imbes na iresolba ang problema sa mas pribadong pamamaraan. Dahil na rin sa demokrastisasyon ng impormasyon sa *social media*, nagging madali at talamak ang pagpapakalat ng tinatawag na *fake news* o misimpormasyon, dahilan upang lalong lumaganap ang pagkakahati0hati ng mga tao pagdating sa opinion at paniniwala.

Dahil sa kagustuhan ng mga *developer* ng *social media sites* na ito na maabot ang mas malaking *audience*, nananatili ring dominante ang wikang Ingles sa Facebook, Twitter, Innstagram, Youtube, at iba pa. ito ay sa kabila ng ilang pagtatangka na bigyan ng *option* ang mga gumagamit ng mga nasabing *app* na isalin ang *content* nito sa Filipino.
Bunsod sa mga nabanggit at iba pang mali at abusadong paggamit sa *social media*. Isinabata ang Republic Act 10175, o mas kilala sa tawag na Cybercrime Law of 2012. Layon ng batas na ito hadlangan at patawan ng kaso ang mga nais gumawa ng krimen sa Internet. Bilang tugon sa hamon ng nagbabagong panahon, patuloy rin ang ginagawang pagtuturo ng literasi sa midya sa mga paaralan at unibersidad sa Pilipinas. Sa katunayan, bahagi ng kurikulum sa Senior High School ang Media at Information Literacy.

**Pasalitang Pag-uulat sa Maliit at Malaking Pangkat**

Ang ano man sa mga nabanggit na sitwasyong pangkomunikasyin ay napapabilang sa dalawang kategorya: maliit at malaking pangkat. Ano mang tiyak na sitwasyon ang kinasasangkutan, mainam na sagutin ang sumusunod na mga katanungan upang magabayan at matiyak ang mabisang pakikipag-ugnay sa kapuwa.

**Ano ang layunin ng komunikasyon?**

Nagiging malayunin ang pakikipag-ugnayan kung natitiyak sa simula pa lamang ang inaasahang *outcome*. Sa kaso ng mga worksyap at mga pagpupulong, mahalagang malinaw ang

tunguhin upang maging handa ang mga kalahok at upang maging handa ang mga kalahok at upang maging mahusay ang paggamit sa oras, kagamitan, at iba pang *resources*.

**Paano padarainin ang impormasyon?**

Maigi ring isaalang-alang ang daluyan ng komunikasyon. May mga sensitibong mensahe na nagtatakda ng personal na iteraksyon. Mas nagiging mas mabili, at matipid naman ang pagpapalaganap ng mga hindi gaanong sensitibong mensahe kung ang gagamiting daluyan ay gaya ng *social media* o malakihang kongreso o kompetensiya. Kaugnay rin nito, mahalagang tukuyin kung sa paanong paraan ihahayag ang impormasyon sa kausap-galit, pasigaw, malumanay, mabilis, pasulat, pasalita, at iba pa.

**Sino at ilan ang mga kalahok?**

Sa pagsasagawa ng mga komperensua, maging *video conference* o malakihan,
Maging tukuyin ang kahandaan at antas ng mga kaalaman ng mga kalahok upang matiyak na ang mensaheng ipararating ay malinaw na matatanggap. Gayon din ang kaso sa pakikipag-usap sa mg akaibigan o kakilala, halimbawa na lamang ay kung kasalukuyang may dinaramdam o pinagdaraanan ang kausap, maiging mas maging maingat sa mga salitang gagamitin.

**Gaano katagal ang dapat ilaang oras sa pakikipag-usap?**

Mainam na tukuyin kung gaano kahaba o kaikli ang oras na ilalaan sa isang tiyak na situwasyong pangkomunikasyon, lalo na kung pormal ang ugnayan. Isang halimbawa nito ay ang mga lecture, lalo na kung ang mga kalahok ay mga *teenager* na pawang may mas maikling *attention span*.

**Nangangailangan ba ng materyales o kagamitan upang matiyak ang epektibong komunikasyon?**

Sa maraming pagkakataon gaya sa mga worksyap at seminar, gumagamit ang mga tagapagsalita ng mga *handout* upang lalong mapagtibay ang pag-unawa sa tinatalakay na paksa. Maigi ring itanong kung kailangan ba ng karagdagang kagamitan o materyales gaya ng *overhead projector, vide, flipchart,* at iba pa upang lalong tumimo ang diwa ng paksang tinatalakay.

**Anong katangian ng tagapagsalita ang hinihingi ng sitwasyon?**

Napakahalagang mapagtibay ang kakayahan at kahusayan ng tagapagsalita upang matiyak na sulit ang interaksyon sa tagapanayam at mga kalahok, gaya sa isang

- Mga kalahok
- Mga mungkahi at komento ng mga kalahok
- Mga napagkasunduan
- Mga sumusunod na hakbang ng grupo

**MGA KAUGNAY NA BABASAHIN**

## Wika ng mga Manlalarong Pilipino: Pagsusuri sa Pinagmulan at Saysay ng mga Salitang Ginagamit sa Mundo ng DotA 2 at LoL

**Merwyn Abel | Christan Autor | Aaron Gripal | Feorillo Petronilo Demeterio I**

Tinatalakay sa papel na ito ang wikang ginagamit ng mga Pilipinong manlalaro sa Multiplayer Online Battle Arena (MOBA) game na Defense of the Ancients 2 (DotA 2) at League of Legends (LoL). Espesipikong pinili ang mga larong ito sapagkat dalawa ito sa mga larong may halos magkatulad na estilo ng mechanics at may maraming bilang ng manlalaro sa Pilipinas. Sasaliksiking mabuti ang mga salitang ginagamit sa pakikipag-ugnayan sa iba pang manlalaro habang nagaganap ang laro at maging sa labas ng laro na kinakatawan ng mga online forum, mga Facebook page at group, at iba pang klase ng talakayan. Paghahambingin ng papel na ito ang orihinal na kahulugan ng mga piniling salita sa pagpapakahulugan nito sa mundo ng DotA 2 at LoL. Susuriin din ng papel na ito ang mga pagbabago sa kahulugan ng mga salita ayon sa takbo ng panahon. Sa mga pagsusuring ito ay gagamitin ng aming pangkat ang konsepto ng pragmatics sa pag-analisa at pagbibigay-kahulugan sa mga salitang pinili sa pag-aaral. Pagkatapos isa-isahin ng papel na ito ang pagpapakahulugan sa mga salita, aming i-uugnay ang paggamit ng mga salitang ito sa kasalukuyang estado ng lipunang Pilipino at ang kahalagahan nito sa patuloy na pag-usbong ng online gaming sa Filipino gaming community. Sa kabuuan ng pag-aaral, ang pag-usbong ng bagong kahulugan ng mga salita at ng mga bagong salitang likha ng mga manlalaro sa Pilipinas ay isa lamang patunay na nananatiling buhay at matatag ang wikang Filipino. Bukod pa, makikita rin sa wikang ginagamit ng mga manlalaro sa Pilipinas ang estado ng lipunang Pilipino—mahirap at magulo ngunit sa pamamagitan ng mga larong ito ay nagkakaroon ng interaksyon, positibo man ito o negatibo.

## Isang Pagsusuri sa Korpus Ukol sa Pagbabago ng Wikang Filipino, 1923-2013

**Maria Kristina Gallego**

Kinakailangan ng masusing diyakronikong pagsusuri upang maisalarawan ang mga pagbabago sa wika. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa korpus sa mga isyu ng Liwayway Magazine na inilimbag noong mga taong 1923, 1951, 1969, 1995, at 2013, ipinapakita ng pag-aaral na ito ang ilang mga indikasyon ng pagbabago sa Filipino katulad ng sa ortograpiya at pagbaybay, at aspektong leksikal at estruktural ng wika.

Simula 1923 hanggang kasalukuyan, masasabing maraming nadagdag at nawalang mga salita, hindi lamang sa pangngalan at pandiwa kundi pati na rin sa mga pangatnig at ilang kataga. Nagkaroon din ng estruktural na pagbabago kung saan unti-unting dumadalang ang paggamit ng ilang mga panlapi at maging ng partikular na porma ng pangungusap.

Gamit ang mga software na AntConc at Voyant Tools, naisasalarawan ang mga padron ng pagbabagong pinagdaraanan ng mga salita at porma sa Filipino. Ang mga pagbabagong ipinapakita sa pag-aaral na ito ay masasabing dulot ng natural na prosesong pinagdaraanan ng anumang wika (kagaya ng pagbabago ng tunog), o dala ng interaksyon ng Filipino sa ibang wika, partikular na sa wikang Ingles. Bagamat ilang dekada lamang ang pinagtuunan ng pansin sa pananaliksik, hindi maitatatwang mabilis ang pagbabagong pinagdaraanan ng wika lalo na sa kasalukuyan. Ang noo'y itinuturing na "balbal" na istilo ay maaaring maging istandard sa paglipas ng panahon. Masasabing sa kabila ng pagtatakda ng mga panukala at alituntunin patungkol sa istandardisasyon ng Filipino, hindi mapipigilan ang pagbabago sapagkat bahagi ito ng buhay ng anumang wika.

Ang wika ay daynamiko at patuloy na nagbabago. Makikita ang ganitong mga pagbabago sa iisang wika kung susuriin ang mga pahayag na siyang ginamit sa magkakaibang mga panahon. Madaling matukoy na kontemporaryo ang patalastas na ginamit sa itaas sapagkat kakikitaan ito ng mga hiram na salita mula sa wikang Ingles. Kung titingnan naman ang isang patalastas na inilathala noong taong 1923 na sinipi sa ibaba, masasabing kakatwa nang

pakinggan ang ganitong uri ng pamamahayag sapagkat hindi na ito madalas ginagamit sa mga kaswal na usapan.

Ang taong malusog ang pangangatawan ay palaging malakas, masigla at masipag sa lahat nang sangay nang kabuhayang kaniyang panghimasukan – ang pahayag ng isang katulong sa La Vanguardia.

Upáng lumusog ang katawan ay itinatagubiling gumamit ng mga bantog na inuming nakapagpapalusog na gaya ng na sa Universal Drug Store nina Santos Ocampo at Ka. Mga parmaseutikong mahaba ang kasanayan. Bagamat isang malaking katotohanan na dumaraan sa pagbabago ang anumang wika, naniniwala ang ilan na imposibleng mahuli ang mga pagbabagong ito sa isang punto ng panahon. Hindi tuwirang maituturo ang mismong taong nagdala ng pagbabago sa wika sa kadahilanang kinakailangan ng matagalang panahon upang makita ang konkretong operasyon ng mga partikular na pagbabagong sinusubaybayan. Sa kabilang banda, ang pagdating ni William Labov at ng kanyang variationist na pagtingin sa wika ang nagpakita sa posibilidad na maobserbahan ang ganitong mga pagbabagong pangwika na umiiral sa isang punto ng panahon, partikular na sa aspeto ng ponolohiya Tinitingnan ang wika bilang isang mahalagang pagmamay-ari ng tao. Madalas ay kaakibat ng ganitong pagtingin ang partikular na sentimentalidad, kung saan pinapaboran ang sinaunang anyo ng wika dahil sa pagiging “puro” nito, at inaayawan naman ang kontemporaryong anyo nito na itinuturing na “pagkabulok” sa nauna nitong purong estado.

Bukod sa ganitong mga pag-uugali patungkol sa wika, hinahangad ding mapigilan ang mabilisang pagbabago nito upang maituro ito nang wasto sa mga paaralan. Ang mga hakbang katulad ng pagpapatupad ng preskriptibong grammar at gabay sa tamang pagbaybay na tumutungo sa malawakang istandardisasyon ng wika ang ilang halimbawa ng sinasabing di-pagbabago ng wika na idinidikta ng lipunan at ng mga 75

Sa kabila nito, masasabing limitado lamang ang nagiging tagumpay ng mga nasabing hakbang sa pagpigil at pagkontrol sa mga pagbabago sa wika. Maging hanggang sa mga nailathalang akda, na sinasabing mas mabagal ang pagdating ng pagbabago, makikitang malayo na ang narating ng wikang Filipino dala na rin ng magkasalong kasaysayan nito sa mga wikang banyaga katulad ng Ingles at Espanyol.

Gaya nga ng nabanggit sa itaas, ang wika ay daynamiko, at ang pagbabagong pinagdaraanan nito ay dala ng iba’t ibang dahilan at paraan. Layon ng pag-aaral na ito na masundan ang ilang mga pagbabago sa Filipino mula dekada 1920 hanggang kasalukuyan. Ito ay mayroong quantitative at qualitative na pagtingin, kung saan idinidetalye ang mga naganap na pagbabago sa estruktura ng Filipino sa loob ng ilang dekada. Tinutukoy din ng pag-aaral na ito ang ilang mga salik sa lipunang nagdadala ng ganitong mga pagbabago sa wika.

Sa huli, ang pag-aaral na ito ay mayroong mas malawak na implikasyon sa iba pang larangan sa sosyolinggwistiks, katulad na lamang ng sa pagpaplanong pangwika. Maaari rin itong palalimin at palawakin upang i-ugnay sa mas malawak na variationist approach na tulad ng ginamit ni Labov sa kanyang pag-aaral sa wikang Ingles.

Ang terminong “Filipino” na tumutukoy sa lingua franca na ginagamit sa Metro Manila na lumalaganap sa iba pang mga sentrong rehiyonal ng bansa sa pamamagitan ng print at broadcast media (Rubrico, 1998) ay maituturing na resulta ng mahabang talakayan tungkol sa pagbubuo ng isang Pambansang

Wika ng Pilipinas. Noong 1936, itinatag ang National Language Institute na siyang inatasang mamahala sa pagbubuo ng Wikang Pambansa na nakabatay sa mga wikang sinasalita sa Pilipinas. Noong 1937, iminungkahi ng National Language Institute ang Tagalog bilang batayan ng Wikang Pambansa, na siya namang sinimulang tawaging "Pilipino" ng Kagawaran ng Edukasyon noong 1959. Pagdating ng taong 1973, tinawag na "Filipino" ang Wikang Pambansa alinsunod sa Konstitusyon (Rubrico, 1998).

Maraming isyu ang kaakibat ng pagbubuo ng Wikang Pambansa. Sa isang banda, mayroong tumitingin sa Filipino bilang nagbabalat-kayong Tagalog, at sa kabilang banda naman ay may mga nagsasabing ang Filipino ay nakabatay sa mga katangian ng mga wika sa Pilipinas (Yabes, 1977). Kung susuriin ang kasalukuyang anyo ng Filipino na siyang ginagamit sa media, paaralan, at sa komunidad, masasabing malaki na ang pinagdaanan nitong pagbabago dala na rin ng malaking impluwensiya ng mga wikang banyaga katulad ng Espanyol at lalo't higit ng wikang Ingles.

Hindi maitatatwa ang malalim na ugnayan ng Filipino at Tagalog. Bagamat noong 1973 lamang nagsimula ang paggamit ng terminong "Filipino," malinaw na ang pinag-ugatan nitong wika ay ang Tagalog, na isa sa mga wikang sinasalita sa Gitnang Luzon. Sa pananaliksik na ito, ginagamit ang terminong "Filipino" upang tukuyin ang wika sapagkat ito ang wikang kasalukuyang ginagamit ng Liwayway na siyang lathalaing sinuri sa pag-aaral. Sa kabilang banda, importante ding maisaad na nagsimula ang Liwayway noong dekada 1920 bilang isang lathalaing Tagalog, kung saan makikitang ang pagbabago mula Tagalog patungong Filipino ay kaugnay ng pagkakabuo at pagkakatatag ng Wikang Pambansa.

Ang mass media ay salamin ng realidad, at para sa iba, ay bahagi mismo ng mga pangyayari sa lipunan. Ang mga ugnayang ipinapahayag sa media ay kapwa nakasalalay at humuhubog sa wika at lipunan (Leitner, 1998, p. 129). Naniniwala ang ilan na ang pagbabago sa wika ay kumakalat palabas mula sa sentro. Ang sentrong ito ay isang indibidwal o pangkat o institusyong nagpapasimula ng bagong istilo, salita, o gamit sa wika, at ayon sa lakas ng kanilang impluwensiya ang layong mararating ng dinala nilang pagbabago.

Ang mass media ay malakas na puwersang may kakayahang magdala ng pagbabago sa wika na siyang madaliang tinatanggap ng mga tagatangkilik nito. Maituturing itong malakas na puwersang nasa sentro na siyang may tuwirang ugnayan sa mga indibidwal. Sa gayon ding paraan, anumang umiiral na paggamit sa wika ay masasabing sinasalamin ng media. Kumplikado ang interaksyon ng mass media at ng mga tao sa lipunan, ngunit hindi maitatatwang kapwa salamin at tagahubog ang mass media ng indibidwal at ng kanyang wika.

Mula sa ganitong pagtingin sa mass media, ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng mga nailathalang akda sa magazine na Liwayway na siyang sinimulang ilimbag bilang isang photo magazine noong 1922. Ito ay lingguhan at sa kasalukuyan ay may sirkulasyon na 90,000 kopyang ipinagbibili sa Metro Manila at sa mga malalaking siyudad at probinsya sa buong Pilipinas. Kung pag-uusapan naman ang demographics ng mga mambabasa ng nasabing lathalain, sumasaklaw sa A, B, at broad C ang sosyo-ekonomikong estado ng mga ito (Manila Bulletin Publishing, 2013, p. 1).

Napili ang Liwayway sapagkat malawak ang sirkulasyon nito at mahaba na ang kasaysayang pinagdaanan nito. Mula sa mga artikulong nailathala dito simula dekada 1920, naisasalarawan ng mga lathalain nito ang paggamit sa

wika batay sa bawat panahon. Ang pagsasalarawang ito patungkol sa pinagdaanan ng Filipino ay base sa mga produkto ng maraming manunulat na dumaan sa masusing editing at pagwawasto.

Sa gayong paraan, nailalapat ang mga sinasadyang hindi pagbabago sa wika dahil sa pagsunod nito sa mga preskriptibong grammar at mga gabay sa pagbaybay. Sa huli, ang mga artikulo, matapos ang mabusising pagwawasto, ay masasabing sumasalarawan sa ideal na porma ng wika na umiiral sa partikular na panahon kung kailan nailimbag ang mga ito. Samakatuwid, ang pagkukumpara sa mga artikulo mula sa iba't ibang dekada ay maituturing naring pagkukumpara sa idinidiktang istandard sa wika sa bawat panahon. Ang mga nakitang ebidensya ng pagbabago sa bawat dekadang susuriin ay sinikap na pagtagni-tagniin upang makabuo ng malawakang pagsasalarawan ng pinagdaraanang kasaysayan ng wikang Filipino.

Sa pagsusuri ng mga teksto at lathalain ng nasabing magazine, gumagamit ng mga software na AntConc at Voyant Tools upang tiyak na matukoy ang pagtaas at pagbaba ng paggamit ng mga salita, ang collocation at concordance, at iba pa. Sa pagsisimula sa ganitong quantitative na pagtingin sa korpus, makikita ang mga salita at porma sa wika na madalas ginagamit at ang mga salitang kapansin-pansing dumaan sa mga pagbabago sa paglipas ng mga dekada. Ipinagpapalagay na ang ganitong mga padron sa datos ay indikasyon ng pagbabago hindi lamang sa pasulat na anyo ng Filipino kundi lalo't higit sa estruktura nito.

Nakatuon lamang ang pag-aaral na ito sa ilang mga kapansin-pansing pagbabago sa Filipino pagdating sa (1) ortograpiya at pagbaybay, (2) bokabularyo, at (3) estruktura. Hindi matatalakay ang pagbabagong semantiko at pragmatiko. At dahil na rin sa limitasyon ng nakalap na korpus, hindi gaanong maitatalakay ang aspekto ng ponetika at ponolohiya.

**Gawain**

**A.** Bilang pagtanaw ng utang na loob sa iyong bayan matapos kang mabiyayaan ng iskolarsyip sa isang primyadong unibersidad sa Alemanya, nahilingan kang magbahagi ng iyong kaalaman upang lalong mapalawig ang partisipasyon ng at tuluyang mahimok ang mga mamamayan sa paglaban sa korapsyon. Gagawin mo ito sa pamamagitan ng isang recorded video na ipakikita sa isang asembliya sa inyong sa inyong munisipyo. Binilinan kang gumamit ng simpleng wika at halimbawa upang lubos na maunawaan ng mga manonood. Susuriin ang bias ng iyong presentasyon sa pamamagitan ng sumusunod na rubrik:

**B.**

| **Pamantayan** | **Mahusay (10-8)** | **Maayos (6-5)** | **Hindi-Mahusay (4-0)** | **Marka** |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Mahusay at kumpleto ang presentasyon | Maayos ngunit kulang ang mga hinihinging lalamnin ng presentasyon | Hindi mahusay at kulang ang nilalaman ng presentasyon | |
| Kahusayan sa paggamit ng wika at gramatika | Mahusay na nailahad ang mensahe gamit ang tamang bigkas, mga salita, at gramatika | Maayos na nailahad ang mensahe gamit ang tamang bigkas, mga salita at gramatika ngunit nangangailangan ng kaunti pang ensayo | Hindi mahusay at maraming mali sa paggamit ng bigkas, salita, at gramatika | |
| Paglalahad ng Halimbawa at Ebidensiya | Gumamit ng sapat na halimbawa at ebidensiya upang pangatwiranan ang mungkahi | Gumamit ng halimbawa at ebidensiya upang pangatwiranan ang mungkahi ngunit kulang | Hindi gumamit ng halimbawa at ebidensiya upang pangatwiranan ang mungkahi | |

Idaraos ngayong buwan ang ikatlong pagpupulong ng inyong Regional Development Committee na binubuo ng iba't-ibang ahensya ng gobyerno at advocacy groups. Naatasan ka, bilang kinatawan ng isa sa mga ahensya ng gobyerno/advocacy groups, na magbahagi ng inyong priority project para sa lalawigan.

Mamili ng isa sa mga ahensya ng gobyerno/advocacy groups na nais irepresenta:

1. Sektor ng Edukasyon (SUC/LUC/DepEd/CHED/TESDA)
2. Opisina ng Gobernador
3. National Economic Development Authority
4. Department of Social Welfare and Development
5. Department of Health
6. Gender and Development Advocacy Groups
7. Department of Environment and Natural Resources
8. Department of Interior and Local Government (particular ang PNP)

Bibigyan ka ng 5-10 minuto upang ilahad ang planong implementasyon ng proyekto na binubuo ng mga sumusunod:

- Background at Pangangailangan na Isagawa ang Proyekto
- Budgetary Requirement

- Human Resource Demand
- Timeframe
- Mekanismo ng Ebaluwasyon ng Programa

Mamarkahan ka sa iyong presentasyon batay sa sumusunod na rubrik:

| **Pamantayan** | **Mahusay (10-8)** | **Maayos (7-5)** | **Hindi-Mahusay (4-0)** | **Marka** |
|---|---|---|---|---|
| Mensahe | Mayaman ang mensaheng inilahad | Maayos ang mensaheng inilahad ngunit nangangailangan pa ng karagdagang lalim | Hindi mabisa ang mensaheng inilahad | |
| Paggamit ng Wika | Mahusay na nailahad ang mensahe gamit ang tamang bigkas, mga salita, at gramatika | Maayos na nailhad ang mensahe gamit ang tamang bigkas, mga salita at gramatika ngunit nangangailangan ng kaunti pang ensayo | Hindi mahusay at maraming mali sa paggamit ng bigkas, salita, at gramatika | |
| Bilang ng Sangguniang Ginamit | Sapat ang halimbawa at sanggunian na ginamit | Gumamit ng sanggunian ngunit may maidaragdag pa | Walang ginagamit na sanggunian | |

**Mga Tanong**

1.Bumuo ng sariling kahulugan ng komunikasyon batay sa tinalakay na kalikasan at mga halimbawa nito.

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

2.Gaano kahalaga ang intrapersonal na komunikasyon o internal vocalization sa pakikipag-ugnayan sa kapuwa?

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

3.Sa kabila ng pagiging mabisang platform sa paghahatid at pagtugon sa mensahe o impormasyon, sa iyong obserbasyon, ano pa ang mga negatibong dulot ng social media sa komunikasyon? Pangatuwiranan ang iyong sagot.

4.Pagyamin ang prinsipyong nabanggit hinggil sa katangiang taglay ng isang tagapagsalita. Bakit kinakailangang mahusay ang tagapanayam sa isang pagsasanay?

5.Ipaliwanag ang kahalagahan ng pagsasaalang-alang sa konteskto, layunin at kalahok sa pagpili ng pamamaraan upang makipag-ugnayan

6.Magbigay ng iba pang halimbawa ng tiyak na sitwasyong pangkomunikasyon at ipaliwang ang prosesong nakapaloob dito.

MGA IBA PANG BABASAHIN

**Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12)**

**Galileo S. Zafra**

Abstrak Naglalahad sa papel ng isang dulog sa pagtuturo ng wika na lumilihis na nakagawiang pagtuturo na may diin sa gramatika at komunikasyon. Ang ipinapanukalang dulog ay nagpapatingkad sa ugnayan ng wika at kulturang Filipino. May iba't ibang aspekto ang ugnayang ito ngunit itinatampok ang pagtingin sa wika bilang "daluyan" o "sisidlan" ng kultura. Gayumpaman, hindi humihinto ang pananaw na ito sa enumerasyon lamang ng mga tao, lugar, bagay, pangyayari, konsepto, at iba pang sagisag-kulturang Filipino, at sa halip, laging iginigiit na ang kultura ay dinamiko, kolektibo, at may ginagalawang konteksto. Naglatag din ng isang kongkretong modelo, at halimbawang aplikasyon, sa pagsusuri ng mga cultural domain o pangkulturang larang na nakatuon sa wika. Sa huling bahagi ng papel ay iminungkahi kung paano puwedeng ituro sa konteksto ng K-12 ang wika at kultura na nakabalangkas ayon sa wika ng paglalarawan, wika ng pagbuo ng kahulugan, wika ng pagtugon, at wika ng paglahok. The paper presents a language teaching approach that veers away from the traditional form of teaching language which focuses on grammar and communication. The proposed approach emphasizes on the link between language and Filipino culture. There are different aspects in this, but language is highlighted as an outlet and receptacle of culture. And yet, this view does not limit itself to simply listing down people, places, objects, events, concepts, and other forms of Filipino cultural symbols, instead, it pushes for the concept of culture as dynamic, collective, and within a context. A specific model is also presented, and its application, in analyzing cultural domains or cultural fields pertaining to language. The concluding part of the paper proposes on how language and culture can be taught in the context of the K-12 program, with focus on how it is outlined according to the language of describing, language of defining, language of responding, and language of participating. Mga Susing Salita: edukasyong pangwika,

edukasyong pangkultura, wika at kultura, wika at lipunan, disiplinang Filipino Keywords: language education, cultural education, language and culture, language and society, Filipino discipline Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 1 Introduksiyon Sa mga klase sa Filipino sa elementarya at hay-iskul, karaniwang nakatampok sa pagtuturo ng wika ang dalawang larang: wika at gramatika o balarila, at wika at komunikasyon. Sa wika at gramatika, karaniwang nagiging layunin ng pagtuturo ang ipaliwanag ang katangian ng iba't ibang bahagi ng wika at ang mga tuntunin sa paggamit nito. Tinatalakay dito ang alpabeto, mga tunog, pagbubuo ng salita, pagbubuo ng pangungusap, at pagpapakahulugan. Sa wika at komunikasyon naman, karaniwang layunin ng pagtuturo ang ipaliwanag ang mabisang paggamit ng wika para sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao, pasalita at pasulat. Madalas na lumilikha sa loob ng klasrum ng iba't ibang komunikatibong sitwasyon para mahasa ang estudyante sa mabisang pakikipag-ugnayan gamit ang wika. Pangkalahatang layunin ng papel na ito ang talakayin ang ibang posibilidad ng pagtuturo ng wika sa disiplinang Filipino na lumilihis sa nakaugaliang pagtuturo ng Filipino bilang gramatika at bilang komunikasyon. Ang mga tiyak na layunin ng papel ay ang: · Ilahad ang kontekstong historikal ng pagtuturo ng wika bilang gramatika at bilang komunikasyon · Ipaliwanag ang isang pananaw sa ugnayan ng wika at kultura · Ipaliwanag ang isang paraan ng pagtuturo ng wika at kultura · Magbigay ng halimbawa ng paglalapat ng mungkahing paraan ng pagtuturo ng wika at kultura · Magmungkahi ng paglalapat ng pagtuturo ng wika at kultura sa elementarya at hay-iskul. Historikal na Konteksto ng Pagtuturo ng Wika sa Sistema ng Edukasyon sa Pilipinas Sa disertasyong "Istratehiyang Ideyolohikal ng Kolonyalismong Amerikano sa Pilipinas: Pagsusuri ng Kanong Pampanitikan sa Paaralan, 1901-1942" (1999), sinuri ni Ma. Isabel C. Pefianco ang edukasyong pangwika at panitikan noong panahon ng kolonyalismong Amerikano. Ang pangunahing ideang nilinang niya sa disertasyon ay ito: Naging kasangkapan ng pananakop ang edukasyong pangwika at pampanitikan noong panahon ng kolonyalismong Amerikano. Iba't ibang pangunahing sanggunian ang ginamit niya sa saliksik tulad ng mga opisyal na kurso sa pag-aaral (courses of study), planong leksiyon ng mga guro, ulat ng Direktor ng Bureau of Education at iba pang opisyales, at iba pang kagamitan sa pagtuturo. Tinipon din niya ang mga teksto, teksbuk, at reader na itinakda at ipinabasa sa mga mag-aaral sa elementarya at hay-iskul sa apat na dekada ng pananakop ng mga Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 2 Amerikano. Sa kabuuan, kapani-paniwala ang paliwanag ni Pefianco kung paanong sa pamamagitan ng edukasyong pangwika at pampanitikan ay naisulong ang plano at pakana ng kolonyalismong Amerikano, at sa kabilang banda'y sistematikong naisantabi ang katutubong wika, panitikan, at kultura. Paano ito nangyari? Simulan nating talakayin ang edukasyong pampanitikan. Una, itinakda na Ingles ang maging tanging wika ng sistema ng edukasyon noon. Kinailangang magkaroon ng ideolohiyang pangwika na magiging salalayan ng patakarang ito kaya pinalaganap ng mga Amerikano ang mito na ang katutubong wika ay angkop lamang sa tahanan, samantalang ang wikang Ingles ay may unibersal na katangian na nangangahulugang may kabuluhan sa anumang lugar, panahon, larangan, o lahi (Pefianco c). Pangalawa, ang kanong pampanitikan na ipinabasa sa mga Filipinong mag-aaral sa elementarya at hay-iskul ay naglaman ng mga akda mula sa Amerika at Inglatera. Tuwirang isinaisantabi ng kanong ito ang sarili't katutubong panitikan. Dahil itinampok ang panitikang Kanluranin, pinalaganap ang isang kultura ng pagtakas, paghiwalay sa realidad ng kalagayang kolonyal, at paghadlang sa anumang diwa at damdaming mapagpalaya (c-d). Pangatlo, ang pedagohiya o paraan ng pagtuturo ay lalo lamang nagbunga ng pagkahiwalay ng Filipinong mag-aaral sa kaniyang sariling kultura at realidad. Sa pagbibigay-diin sa oryentasyong formalistiko (iyong nakatutok sa mga elemento at katangiang pormal na panitikan) at moralistiko (iyong naghahanap lagi ng aral sa akdang pampanitikan) sa pagbabasa ng panitikan, hindi nabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na suriin ang ugnayan ng panitikan at lipunan (d-e). Sa pagtuturo naman ng wika, idiniin ang oryentasyong lingguwistiko. May mga aralin sa spelling, reading, writing,

speaking, phonetics, at grammar sa elementarya; sa antas sekundarya, may mga sabjek na literature at composition. Kahit iba't iba ang mga araling ito na mayroon sanang magkakaibang tuon, ang diin ay laging nasa pagtuturo ng kasanayan sa pagsasalita (Pefianco 1999, 228) at sa ilang panggramatikang aspekto ng wika. Sa isang tagubilin ni Dr. Fred Atkinson, ang unang General Superintendent ang Department of Public Instruction, sa pamamahala ng klase sa Baitang 2, sinabi niya: Let oral work predominate. Give some attention to written work at the desk. Make it very simple, avoiding the use of complex sentences. Make the getting of thought preceed the expression of it. Notice carefully the common mistakes and give special work to correct these mistakes. Teach the use of punctuation marks as illustrated in the lessons. Teach the most common abbreviations: Mr., Mrs., Dr., the abbreviations for the months, P.I., U.S., etc. (Atkinson, Education; nasa Pefianco 228; akin ang diin). Sa antas sekundarya naman, idiin pa rin ang kasanayang pangwika, lalo na ang kasanayang pasalita, kahit sa mga klase ng pagbasa. Sa isang ulat pa rin ni Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 3 Atkinson noong 1902, ganito ang kaniyang sinabi: First, they are to be taught to read; that is to say, to gain the thought of a selection placed before them, of the particular sentences, and the meaning of the words; to give intelligible utterance to the same by appropriate and correct pronounciation. Much reading aloud is required. This is accompanied by much questioning as the thought of the selection and meaning of the particular words, and is followed by oral and written reproduction. (Bureau of Education 1954; nasa Pefianco 228-229, akin ang diin) Lumilitaw sa mga sinipi na sa pagtuturo ng wika sa elementarya at hayiskul, may diin sa pagtuturo ng mga kasanayang pangwika lalo na sa pagsasalita. Kahit sa mga klase ng pagbasa, nauuwi pa rin ang pamamaraan ng pagtuturo sa pagsasanay sa pagsasalita tulad ng pagwawasto ng pagbigkas, pagbabasa nang malakas, at pagpapaulit. Bakit binigyang-diin ng mga Amerikano ang kasanayan sa pagsasalita? Sa unang bahagi ng kolonyalismong Amerikano, nasa interes ng mga mananakop na matutong makipag-ugnayan ang mga mamamayang Filipino sa wikang Ingles. Bukod sa sistema ng edukasyon, Ingles na rin ang naging pangunahing wika sa mga tanggapan ng kolonyal na pamahalaan. Nang itatag ng Taft Commission noong 1900 ang Philippine Civil Service, ang eksaminasyon para sa nais pumasok sa serbisyo sibil ay nasa wikang Espanyol at Ingles. Gayunman, mabilis na dumami ang gustong kumuha ng eksaminasyon sa wikang Ingles. Noong 1905, may 80% ang kumuha ng eksaminasyon sa Espanyol; pero noong 1925, may 1% na lamang ang kumuha ng eksaminasyon sa wikang Espanyol (Hayden 117-118; nasa Gonzalez 29). Ang dahilan ng pagdami ng nais gumamit ng Ingles ay mahihiwatigan sa isang ulat ng Civil Service Board noong 23 Agosto 1901. Sa ulat, sinasagot ng Lupon ang mga punang lumabas sa mga pahayagan tungkol sa mas mababang pagpapasahod sa mga Filipinong kawani kompara sa mga Amerikanong kawani gayong kapuwa naman silang nakapasa sa parehong eksaminasyon. Ayon sa ulat: The articles in the press were evidently written under the impression that ability to pass the examinations in Spanish demonstrated the fitness of the persons examined as well as the passing of the examinations in English. It is true that the questions in the examinations in English and Spanish were identical, but it can readily be seen that a person whose general intelligence had been tested in Spanish, but who has no knowledge of English, would be of little service in an office where the business is necessarily in that language …. (Hayden875). Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 4 Batay sa siping ito, naging praktikal na para sa mga Filipino ang magtamo ng kakayahan sa wikang Ingles dahil ito ang pangunahing wika sa mga tanggapan ng pamahalaan. Pagsapit ng 1925, tanging mga stenographer at interpreter sa korte na lamang ang kinailangang may kakayahan sa wikang Espanyol (Gonzalez 29). Samantala, tila hindi naging batayan ang kaalaman sa anumang katutubong wika sa Pilipinas sa larangan ng serbisyo sibil. Dahil ang diin ng pagtuturo ng wika ay nasa aspektong pasalita, may mga Filipinong pinanday ng sistema ng edukasyong pinalaganap ng mga Amerikano na naniniwalang ang wikang Ingles ay hindi isang hiram at dayuhang wika kundi isa nang wika ng Pilipinas. Para naman sa hindi

talaga ganap na natutuhan ang wikang ito, ang wikang Ingles ay naging isang wikang minimithi sa pag-aakalang ang pagtatamo ng kasanayan sa wikang ito ay katumbas ng pagtatamo ng isang mataas na antas ng pamumuhay (Pefianco 233). Bukod sa mga tagubilin ng mga Amerikanong opisyal ng Kawanihan ng Edukasyon, may isa pang sitwasyong makapagpapaliwanag sa pagiging malaganap ng mga mekanikal na paraan ng pagtuturo ng wika. Noon pa lamang 1902, may ilang Filipino nang nagtuturo ng Ingles sa mga estudyanteng Filipino. Noong 1904, iniulat na sa elementarya, halos lahat ng guro sa Ingles ay Filipino na. Dahil hindi pa gaanong bihasa ang mga gurong Filipino sa wikang Ingles, madalas gamiting paraan ng pagtuturo ang pagsasalin —isinasalin ang mga pahayag sa Ingles tungo sa wikang katutubo o sa wikang Espanyol. Bukod sa pagsasalin, ilan pa sa iminungkahing paraan ng pagtuturo ng wika ay ang paulit-ulit na paggamit nito, pagsasaulo ng mga diyalogo, pagbasa nang malakas, at iba pa (Pefianco 251). Pinuna na ang ganitong mekanikal na paraan ng pagtuturo ng wika ng ilang opisyal na Amerikano: This tendency is due to the old idea of teachers in demanding from the pupil a finished product rather than more activity and a less perfect result. There are still those who are more anxious to obtain from the pupil the proper use of words than the proper comprehension of ideas. (Bureau of Education 60; nasa Pefianco 257) Sa pahapyaw na pagbabalik-tanaw sa kasaysayan ng edukasyong pangwika at pampanitikan noong panahon ng Amerikano, mabubuo ang ilang obserbasyon. Una, sa pagpapagamit sa Ingles bilang tanging wikang panturo at sa pagtuturo ng kanluraning pampanitikang kanon, tuwirang naisantabi ang wika, panitikan, at kulturang Filipino sa sistema ng edukasyon. Pangalawa, bukod sa nilalamang itinuro, malaki rin ang kinalaman ng pedagohiya sa naging bisa ng edukasyon sa kabataang Filipino. Sa pagtuturo ng panitikan, ang pagbibigay-diin sa dulog na formalistiko at moralistiko ay naging hadlang upang masuri ang panlipunang Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 5 realidad at upang mapanday ang mapanuri at malikhaing pag-iisip. Sa pagtuturo naman ng wika, ang mga mekanikal na paraan ng pagtuturo ay hindi nakatulong para makamit ang higit na mahalagang layunin ng pagkatuto ng wika—ang matamo ang iba't ibang kasanayang pangkaisipan tulad ng pagkuha ng kaalaman, pagunawa, pagsusuri, pagbubuo, pagtatasa, at paglalapat ng natutunan. Sa pangkalahatan, maipapalagay na higit na naging kapaki-pakinabang ang edukasyong pangwika at pampanitikan sa mga Amerikanong mananakop lalo't kung ang sadyang naging bunga ng itinatag nilang sistema ng edukasyon ay gawing mabubuti at masunuring kolonyal ang mga Filipinong mag-aaral. Panukalang Tunguhin sa Pagtuturo ng Wika at Kultura Sa maikling paglalahad tungkol sa historikal na konteksto ng pagtuturo ng wika at panitikan sa ilalim ng sistema ng edukasyong kolonyal na itinatag ng mga Amerikano, matingkad ang dalawang tema: una, naisantabi ng edukasyong kolonyal ang pag-aaral sa kultura at lipunang Filipino, at ikalawa, ang nilalaman at pamamaraan ng pagtuturo ay hindi lamang mga usaping akademiko o pedagohikal, kundi usapin ding politikal. Nagamit ng mga mananakop na Amerikano ang edukasyon para sa sarili nilang adyenda't interes. Kung hindi paglilimian ang nilalaman at paraan ng pagtuturo, at kung ipagpapatuloy lamang ang naging kalakaran sa pagtuturo ng wika na pamana pa ng edukasyong kolonyal, malamang na hindi pa rin matamo ang edukasyong tunay na makabuluhan para sa mga Filipinong mag-aaral at makabubuti sa sambayanang Filipino. Kailangang humanap, kung gayon, ng ibang direksiyon sa pagtuturo ng wika sa disiplinang Filipino. Ang bagong direksiyong ito ay dapat na: una, magtampok sa Filipinong kultura at realidad; at ikalawa, magturo sa mga mag-aaral na maging mapanuri, malikhain, at umugnay sa lipunan. Mga Dulog sa Pagtuturo ng Wika at Kultura Ipinapanukala sa sa papel na ito ang isang dulog sa pagtuturo na nakasentro sa kulturang Filipino. Sa kasalukuyan, may ilang umiiral na dulog sa pagtuturo ng kultura sa mga klaseng pangwika sa disiplinang Filipino. Una, pinag-aaralan ang mga panggramatikang katangian ng wika at hinahalaw mula rito ang mga aspekto ng kulturang Filipino. Narito ang ilang halimbawa: · Sa pag-aaral ng mga panghalip panao o personal pronouns, pinapalitaw ang pananaw ng mga Filipino tungkol sa sarili at sa relasyon niya

sa Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 6 kapuwa. Halimbawa, ang salitang “kita” na katumbas ng “ko” at “ikaw” ay sinasabing nagpapahiwatig ng pagkakalapit ng nagsasalita sa kinakausap. · Sa pag-aaral ng pang-uri, pinatitingkad na walang negatibong paghahambing sa Filipino. Mayroon lamang “mas maganda” at “pinakamaganda” na katumbas ng “more beautiful” at “most beautiful” ngunit walang katumbas ang “less beautiful” at “least beautiful.” Sinasabing nagpapahiwatig naman ito ng positibong pananaw ng mga Filipino. Binibigyang-pansin din na ang maraming pang-uring hindi ginagamitan ng “ma-” tulad ng pangit, bastos, duwag, sakim ay pawang mga negatibong paglalarawan. Ang isang teorya, ang positibong katangian ang norm o pamantayan, kaya kapag may lihis sa pamantayang ito, nagiging tuwiran ang paggamit ng salita at hindi na kailangan ng panlaping “ma-.” · Sa pag-aaral ng mga noun o pangngalan, karaniwang tinitingnan ang pangkatan ng mga salita sa iba’t ibang domain o larang. Halimbawa, sa mga salitang may kinalaman sa mag-anak, hiniram natin ang mga salitang “kuya,” “diko,” “sangko” bilang katawagan sa mga kapatid na lalaki; at “ate,” “ditse,” “sanse” para naman sa mga kapatid na babae. Bukod sa indikasyon ito ng pagkakaroon ng malaking pamilya, idinidiin din na nagpapahiwatig ito ng pagkakaroon ng magkakaibang tungkulin at ekspektasyon sa mga anak sa loob ng pamilya kaya naman kailangang may tiyak at tanging katawagan sa bawat anak. Sa mga termino para sa mag-anak pa rin, mayroon tayong “biyenan,” “manugang,” “bayaw,” “hipag,” “bilas” na ang katumbas lahat sa Ingles ay “in-laws.” Ano kaya ang maaaring ipinapahiwatig tungkol sa kulturang Filipino ng ganitong partikularidad ng katawagan? Sa ganitong dulog, pinag-aaralan ang gramatika para magpalitaw ng mga pagpapakahulugan at kabatiran tungkol sa pananaw, paniniwala, pagpapahalaga, saloobin, at pagkataong Filipino. Pangalawa, pinag-aaralan ang paggamit ng wika ayon sa kaangkupan nito sa konteksto ng isang kultura. Batay sa konsepto ng communicative competence, hindi sapat na alam lang ng mga estudyante ang kahulugan ng mga salita at ang mga tuntunin sa paggamit ng iba’t ibang bahagi ng pananalita. Itinuturo rin ang angkop na paggamit at pagpapakahulugan sa wika sa iba’t ibang panlipunang sitwasyon at pangkulturang konteksto. Halimbawa, sinasabing mayaman ang kulturang Filipino sa mga pahiwatig o mga di-tuwirang pagpapaabot ng mensahe. Mayroon tayong parinig, pasaring, pahaging, padaplis, paramdam, papansin. Naipapahayag ang mga ito sa iba’t ibang kombinasyon ng verbal at di-verbal na paraan tulad ng ligoy, tampo, biro, lambing, dabog, maktol (Maggay 24). Dahil sa aspektong ito ng ating kultura, kailangan ding Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 7 ituro sa mga estudyante, halimbawa, kung paanong bibigyan ng kahulugan ang mga sagot na humihingi lamang ng sagot na “oo” o “hindi” ngunit tinutugunan ng: tiyak, sigurado, malamang, siguro, marahil, baka, titingnan ko, bahala na, ewan. Pangatlo, pinag-aaralan ang iba’t ibang sagisag ng kulturang Filipino. Ang mga sagisag na ito ay binubuo ng mga tao, lugar, bagay, pangyayari, konsepto, at iba pang nagpapakilala sa kultura, lipunan, at kasaysayan ng mga Filipino. Sa ngayon, ang pinakamapakikinabangang sanggunian sa layuning maituro ang mga sagisag na ito sa mga estudyanteng Filipino ay ang Sagisag Kultura ng Filipinas (2012/2015). Ang pagbuo ng sangguniang ito ay pinangunahan ng Philippine Cultural Education Program (PCEP) ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) sa pakikipagtulungan ng Filipinas Institute of Translation (FIT) at ng Wika ng Kultura at Agham (WIKA). Bago pa ito, inilathala na ang 101 Filipino Icons (2007) ng Adarna House, Inc. at Bench. Maihahanay rin dito ang CCP Encyclopedia of Philippine Arts ng Cultural Center of the Philippines (1994) bilang komprehensibong sanggunian ng mga datos hinggil sa kasaysayan, mga anyo, aspekto, likha, manlilikha ng iba’t ibang sining sa Filipinas. May isa pang aspekto ng ugnayan ng wika at kultura na posibleng maging batayan ng isa pang dulog sa pagtuturo ng wika at kultura sa disiplinang Filipino. Nais itampok sa papel na ito ang pang-apat na dulog—ang pag-aaral ng mismong kultura na nakapaloob o kinakatawan ng wika. May iba’t ibang talinghagang ginagamit para ilarawan ang ganitong pananaw sa ugnayan ng wika at kultura: ang wika bilang “imbakan-hanguan,” “impukan-kuhanan,” “daluyan,” o “sisidlan” ng kultura. Iisa lang ang ipinahihiwatig

ng mga talinghagang ito—nasa wika ang kultura, at kung nais tuklasin ang kaalamang nakapaloob sa kultura, kailangang pag-aralan ang wika. Isang Naratibo ng Pagkatuto ng Kultura Hayaan ninyong magbahagi ako nang kaunti tungkol sa ilang karanasan ko sa pamumuhay sa Japan para gawing kongkreto ang ideang ito. Ikukumpisal ko ang isang nakahihiyang katotohanan. Sa limang taon ng pamumuhay sa Japan ay hindi ako pormal na natuto ng wikang Hapon. Hindi ko kasi inakalang tatagal ako doon. Sa isip ko, hindi ko na magagamit ang kaalaman sa wikang Hapon pagbalik sa Pilipinas. Ang mas mabigat pang dahilan ay ang kakulangan sa oras. Sa unang taon ko sa Unibersidad ng Osaka, kinailangan kong magturo ng 11 klase bawat semestre, iba't ibang preparasyon, walang nag-uulit na sabjek. Kailangan ding mag-adjust— bago ang sistema ng pagtuturo, iba ang kultura ng mga estudyante, at maraming ekspektasyon sa loob at labas ng klasrum. Bukod pa sa mga dahilang ito, malaking hamon ang mag-aral ng Nihonggo dahil sa binubuo ng tatlong sistema ng pagsulat ang kanilang wika—hiragana, katakana, at kanji. Minsan, sa paglalakad mula eskuwelahan pauwi nang bahay ay napadaan Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 8 ako sa isang tindahan ng mga minatamis na Hapon. Isang mag-asawang Hapon ang may-ari at nagtitinda na rin sa tindahang ito. Hindi sila nagsasalita at parang hindi rin sila nakakaintindi ng Ingles. Paulit-ulit ko lang nasabi ang salitang osusume na ang ibig sabihin ay "rekomendasyon" o "Ano ang mairerekomenda ninyo?" Bumili ako ng tig-iisa ng bawat minatamis na irekomenda nila. At marahil, nasiyahan sila sa pamimili ko dahil binigyan nila ako ng libreng kakanin. Kaya naman, napadalas ang pagbisita ko sa tindahang ito, at tuwing makikita ko ang mag-asawa, marami silang sinasabi o tinatanong sa akin. Marahil, gusto nilang malaman kung tagasaan ako, ano ang ginagawa ko sa Japan, saan ako nagtatrabaho, sino at ilan ang kasama kong kakain ng mga minatamis nila, o kung nasasarapan ako sa kanilang mga tinda. Hula ko lamang ang mga ito dahil wala talaga akong naiintindihan sa mga sinasabi nila katulad nang wala silang naiintindihan kapag kinakausap ko sila sa wikang Ingles. Ang pangyayaring ito ang nag-udyok sa akin na unti-unting pag-aralan ang wikang Hapon, hindi sa pormal na paraan kundi sa pagsulat sa isang maliit na nowtbuk ng mga salita at ekspresyong napupulot ko kung saan-saan. Siyempre, nagsimula ako sa pagkain. Kapag kasama ko ang kaibigan kong Hapon na kumakain sa restawran na ang pagkain ay nasa mga platitong inihahatid sa mga mesa ng kustomer ng isang conveyor belt, iniisa-isa niya sa akin ang pangalan ng iba't ibang isda, karne, pagkaing dagat. Sa pagsisimula ng pagkain, sasambitin namin ang katagang itadakimasu na ang literal na kahulugan ay "magalang o mapagkumbaba kong tinatanggap ang pagkain." May kahulugan din itong pasasalamat sa lahat ng may kinalaman sa paghahanda ng pagkain—sa mga nagluto, nagtanim, nag-alaga ng hayop, at iba pa. Pasasalamat din ito sa mga buhay na organismo na nagbigay ng kanilang buhay sa mga tao. Sa iba pang kainan, napansin kong laging inuubos ang pagkain kahit naparami ang aming order. Hindi dahil sa matakaw ang mga Hapon kundi dahil sa konsepto nilang mottainai o "sayang" o "Huwag mag-aksaya." Kahit kapag bumibisita ang mga estuduyante kong Hapon dito sa Pilipinas at patitikimin sila ng iba't ibang pagkaing Pinoy, napapansin kong baon nila ang kultura nilang mottainai. Pinipilit nilang ubusin ang anumang ihain sa kanila, kahit sa isip ko'y maaari namang ibalot ang tira para sa bahay na lang initin at ubusin. Sa Japan, bata pa lamang ay tinuturuan nang huwag aksayahin ang kahit isang butil ng kanin. Nakaugat daw ito sa paniniwalang Shinto na ang mga bagay-bagay ay may kaluluwa. Mangyari pa, marami rin akong natutuhan tungkol sa kulturang Hapon sa loob ng klasrum. Kapag natatambakan sila ng mga requirement sa pagtatapos ng semestre, lagi kong naririnig ang Gambare masu o Gambatte kudasai na katumbas ng ekspresyong "Gagawin ko ang lahat ng makakaya ko" o "Gawin mo ang lahat hanggang sa makamit mo ang mithiin mo." Ang ganitong pahayag ay may kaugnayan din sa ugali ng mga Hapon na hindi mapalagay, mabigat ang pakiramdam, o nahihiya kapag may libreng oras sila, walang ginagawa, o hindi tapos Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 9 ang trabaho. Ang ganitong ugali ay nakaugat daw sa kultura ng agrikultura at sa klima ng Japan. Sa pagsasaka,

kailangan ng matinding pagtatrabaho sa ilang tiyak na panahon sa isang taon, samantalang ang mainit at maalinsangang klima sa panahon ng tag-init, at ang pagdating ng mga bagyo, lindol, at iba pang banta ng kalikasan ay pumanday sa mga Hapon para laging magsikap. Sa loob pa rin ng klase, noong una, hirap akong mapasalita ang mga estudyante. Akala ko, hindi lang nila alam ang sagot sa mga tanong ko. O hindi nila ako maintindihan. O sadyang mahiyain lang sila. Hanggang sa marinig ko ang Deru kui wa utareru, isang salawikain na ang literal na kahulugan ay "Ang patpat na nakausli ay dapat pukpukin." Batay sa salawikaing ito, pinupuna ang mga taong nagmamagaling o gustong manguna, at nagpapahiwatig ng isang lipunang may pagpapahalaga sa sama-samang paggawa, pagkakaisa, at pagiging tapat sa grupo. Sa buong panahon ng pamamalagi ko sa Japan ay may dalawang salita akong madalas na marinig. Sabi ko nga sa mga kaibigan kong Filipinong bumibisita, matututuhan lang ang paggamit ng dalawang ekspresyong ito ay buhay ka na sa Japan. Ito ay ang sumimasen na ang ibig sabihin ay "excuse me," at domo arigato gozaimasu na ang kahulugan ay "maraming salamat." Ang sumimasen ay may varyant na gomen nasai na "excuse me," "pasensiya na," o "paumanhin" ang kahulugan. Ang sumimasen o gomen nasai ay sinasabi kapag may nagawang di-kasiya-siya sa kapuwa. Halimbawa, kung sa paglalakad ay mayroon kang muntik-muntikanang mabangga, sinasambit ang sumimasen o gomen nasai kahit hindi naman talaga nangyari ang banggaan. Ang pasasalamat ay maaaring ipahayag sa maraming paraan. Bukod sa domo arigato gozaimasu, maaari ring sabihing maido arigato gozaimasu (salamat lagi), goshinsetsu ni arigato (matapat na pasasalamat), at otasuke itadaite arigato gozaimasu (maraming-maraming salamat sa pagbibigay ng tulong). Ang mga salitang ito ay nagpapahiwatig ng isang kultura at lipunang umiiwas sa gulo at tunggalian, at nagsisikap mapanatili ang katiwasayan ng relasyon sa isa't isa. Kaya mayroon din silang salitang meiwaku na ang kahulugan ay "abala" o "istorbo." At para hindi ka maging meiwaku sa Japan, inaasahan sa kanila ang kuki yomenai na ang ibig sabihin ay "marunong magbasa ng paligid." Sa pagdampot-dampot ko ng mga salita at ekspresyon ay may natutuhan ako sa kultura at napapalalim ang pakikipag-ugnayan sa mga Hapon. Ngunit hindi rin dapat ikahon ang mga Hapon sa mga pangkulturang katangiang ito. Sa klase, halimbawa, may nakaengkuwentro akong estudyanteng laging late pumasok, hindi humihingi ng paumanhin, at ni hindi bumabati. Ikinuwento ko ito sa kasama kong propesor na Hapon at sinabing gayon din ang ugali ng estudyante sa kanilang klase. Mas malala pa ang sitwasyon sa ilang hay-iskul sa Japan na naobserbahan simula noong dekada 1990. May mga estudyanteng ayaw makinig sa mga guro, nakikipagaway sa kaklase, naglalakwatsa, sumasagot sa guro. Sa katunayan, may termino ang mga Hapon sa ganitong sitwasyon—ang gakkyu hokkai o "pagguho ng silid-aralan." Tumutukoy ito sa kawalan ng kaayusan at disiplina sa loob ng silid-aralan na hindi Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 10 mo maiisip na posibleng mangyari sa lipunang Hapon. Ano ang nais ipunto sa mga kuwentong ito? Ang kultura ay hindi palagian at di-nagbabagong listahan ng mga bagay, tao, lugar, katangian, paniniwala, pananaw, kaugalian ng isang lipunan. Ang isang lipunan ay binubuo ng iba't ibang komunidad, pangkat, o samahan na hinuhubog ng iba't ibang konteksto ng kasaysayan, karanasan, uri, kasarian, lahi at etnisidad, henerasyon kung kaya't nakalilikha rin ng iba't ibang kultura. Kaya sa pag-aaral at pagtuturo ng kultura, napakahalaga ng pag-uugat sa iba't ibang konteksto. Isang Konsepto ng Kultura Madalas na ituring ang kultura bilang imbentaryo ng mga paksa lamang—isang listahan ng mga katunayan (o facts), datos, at iba pang impormasyon. Ngunit ang kultura ay dinamiko rin, buhay na penomenong isinasabuhay araw-araw ng mga tunay na tao, magkakasama man o nag-iisa, habang dinaranas ang pinagsasaluhan nilang paraan ng pamumuhay at habang lumilikha ng kanilang kasaysayan. Sa pagtuturo ng kultura sa klasrum, kung gayon, kailangan ang isang perspektibang magsasaalang-alang sa dinamismo ng kultura at sa pinag-uugatan nitong mga konteksto. Hihiramin ko ang depinisyon ng kultura ni Patrick R. Moran sa kaniyang aklat na Teaching Culture: Perspectives in Practice (2001). Para sa kaniya: "Ang kultura ay isang patuloy na nagbabagong paraan ng pamumuhay ng

isang grupo ng tao o pamayanan, binubuo ng pinagsasaluhang mga praktika o gawaing nakaugnay sa pinagsasaluhang mga produkto, batay sa pinagsasaluhang mga pananaw sa mundo, at nakalugar sa tiyak na mga panlipunang konteksto" (24, akin ang diin). (Culture is the evolving way of life of a group of persons, consisting of a shared set of practices associated with a shared set of produtcs, based upon a shared set of perspectives on the world, and set within specific social contexts.) Mahalagang ipaliwanag ang mga susing konsepto sa depinisyong ito. · Ang patuloy na nagbabagong paraan ng pamumuhay ay nagtatampok sa dinamikong katangian ng kultura. Ipinapahiwatig nito na may kasaysayan ang mga produkto, praktika, pananaw, at mga pamayanan ng kulturang ito. Ang mga taong humuhubog ng kultura ay nasa tuloy-tuloy na proseso ng aktibong paglikha at pagbabago ng mga produkto, praktika, pananaw, at pamayanan. · Produkto. Lahat ng bagay na nilikha ng mga miyembro ng kultura, kasama na iyong mula sa kapaligiran at iyong inangkin mula sa banyagang kultura. Saklaw nito ang mga nahahawakang bagay tulad ng kagamitan, pananamit, gusali hanggang sa mas komplikado ngunit dinaranas pa ring mga likha tulad ng iba't ibang sining hanggang sa mga institusyon tulad ng pamilya, edukasyon, Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 11 ekonomiya, politika, at relihiyon. Produkto rin ng kultura ang wika. · Praktika. Mga ginagawa ng mga miyembro ng kultura nang mag-isa man o magkakasama. Kabilang dito ang paggamit ng wika at iba pang anyo ng komunikasyon, mga gawaing iniuugnay sa mga grupong panlipunan, at paggamit ng mga produkto. · Pananaw. Mga persepsiyon o pagtingin (kung ano ang nabubuong idea batay sa obserbasyon), paniniwala (kung ano ang ipinapalagay na tama at mali), pagpapahalaga (kung ano ang ipinapalagay na mabuti at masama), at saloobin na nagiging batayan ng paglikha ng mga produkto at gumagabay sa mga tao at pamayanan sa paglikha at pagdanas nila ng kultura. Ang mga pananaw na ito ay maaaring hayag o nakatago. Pinagmumulan din ang mga ito ng kahulugan at siyang nagbibigay ng natatanging pagtingin o oryentasyon sa buhay—isang pananaw-sa-daigdig. · Pamayanan. Tumutukoy sa mga tiyak na panlipunang konteksto at grupo ng mga taong nagsasagawa ng mga panlipunang gawain. Saklaw nito ang malalawak at pabago-bagong hugis na mga pamayanan tulad ng bansa, kasarian, lahi, relihiyon, uri, henerasyon hanggang sa mas makikitid na pagpapangkat gaya ng lokal na partidong politikal, samahan, pamilya. Ang mga pamayanang ito ay sabayang umiiral sa loob ng isang pambansang kultura at may iba't ibang ugnayan sa isa't isa: separasyon, kooperasyon, kolaborasyon, tunggalian. · Tao. Tumutukoy sa mga indibidwal na miyembro ng kultura at mga pamayanan. Nananahan ang kultura sa mga indibidwal na tao at sa iba't ibang panlipunang grupo o pamayanan para isagawa ang kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang kultura, kung gayon, ay kapuwa indibidwal at kolektibo. Batay sa depinisyong ito ng kultura, may limang dimensiyon ang anumang penomenong pangkultura, o sa madaling sabi, ang anumang paksang pangkultura. Ang isang penomenong pangkultura ay kinasasangkutan ng nararanasang anyo o estruktura (produkto) na ginagamit ng mga miyembro ng kultura (tao) sa kanilang iba't ibang gawain (praktika) sa mga tiyak na panlipunang sitwasyon at grupo (pamayanan) na ginagabayan ng mga lantad at di-lantad na mga paniniwala, pagpapahalaga, at saloobin (pananaw). Ang mga produkto, tao, praktika, pamayanan ay karaniwang hayag; karaniwan namang tago ang mga pananaw na siyang maaaring palitawin sa pagsusuri. Sa pamamagitan ng pagtuklas at pagsusuri sa mga koneksiyon ng mga dimensiyong ito, higit na makabubuo ng mas malalim at makabuluhang larawan ng kultura. Maaaring maging gabay sa pagsusuri ng isang penomenong pangkultura ang ilang mungkahing tanong: Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 12 · Ano-ano ang mahahalagang produkto? Saang pisikal na lugar nananahan ang mga produktong ito? Ano-anong panlipunang institusyon ang sangkot sa pagbuo at paggamit ng mga produktong ito? · Ano-ano ang mahahalagang praktika? Ano-ano ang ginagawa at sinasabi ng mga tao? Paano sila kumikilos at nakikipag-ugnayan sa iba't ibang tao? · Ano-ano ang mga pangunahing pananaw? Ano ang mga nakapailalim na paniniwala, pagpapahalaga, at saloobing umiiral sa penomenong pangkultura? · Ano-ano ang mga tiyak na pamayanang

kasangkot? Ano-anong grupo at panlipunang konteksto ang tuwiran at di-tuwirang sangkot? · Paano tumutugon ang mga indibidwal na tao sa penomenong pangkultura? Sino-sino ang mga taong kalahok? Ano ang personal nilang ugnayan sa penomenong pangkultura? Tingnan nating halimbawa ang kultura ng palengke sa Kamaynilaan. Makakakita pa rito ng maraming palengke. Dito makabibili ng mga karne, isda, gular, prutas, at marami pang ibang uri ng sariwang pagkain. Tinatawag din itong wet market na kaiba sa dry market na mas nakagawiang tawaging supermarket o grocery. Sa supermarket naman, mas maraming mabibiling de-lata, pagkaing nakabote, kagamitan, at iba pa bagaman may seksiyon din para sa mga pagkaing nabibili sa karaniwang palengke. Sa maliliit na pamayanan sa Kamaynilaan, mayroon ding tinatawag na talipapa—mas maliit at mas payak na bersiyon ng palengke. Ngayon nga ay popular na rin ang weekend markets—palengke tuwing Sabado o Linggo, sa Salcedo o Legaspi Village sa Makati, halimbawa, na nilalahukan ng mga mas nakaririwasang nagtitinda at mamimili. Tingnan natin ang Farmer’s Market sa Quezon City bilang halimbawa. Produkto Ang listahan ng mga produkto dito ay napakahaba—mula sa seksiyon ng isda at iba pang pagkaing dagat, baboy at baka, manok, itlog, gulay, prutas, tuyo at daing, hanggang sa seksiyon ng dry goods gaya ng mga de-lata, mga kagamitang pambahay, at bigas. Marami pang ibang produkto sa palengke bukod sa paninda. Idetalye natin ang mga produkto sa seksiyon ng isda at pagkaing dagat, at seksiyon ng prutas. Sa seksiyon ng isda at pagkaing dagat, narito ang mga karaniwang makikita: Bangus Tilapia Galunggong Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 13 Taningue Lapu-lapu Pla-pla Tulingan Hito Tuna Sapsap Hasa-hasa Talakitok Tawilis Hipon Sugpo Alimasag Alimango Talangka Tahong Halaan Squid ring Ngunit mayroon ding di-gaanong pamilyar na pangalan: Tagunton Bitilya Bacoco Dapa Samaral Kitang Sa paglilista pa lamang ng mga produkto sa seksiyon ng isda at pagkaingdagat sa palengke, may dagdag na tayong kaalaman tungkol sa kultura ng pagkain. Kung uusisain ang mga nagtitinda, magmumungkahi pa sila ng lutong babagay sa isda. Napakahalaga na makilala ang pangalan ng mga pagkaing-dagat. Malamang kasing hindi natin kainin o hindi natin hanapin o bilhin ang isang pagkaing hindi natin kilala. Ang di-pag-alam sa mga katawagan sa pagkain ay naglilimita sa maaari nating kainin. Sa katunayan, may palatandaan na unti-unti nang nakakalimutan ang ilang salitang tumutukoy sa ating pagkaing-dagat. Sa Farmer’s Market, halimbawa, makikita ang sumusunod na label: Sea Bass (Apahap Dagat) Fresh scallop Uni/Sea urchin Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 14 Ang paglalagay ng pangalang Filipino pagkaraan ng sea bass ay pahiwatig na mas kilala na ang katawagang Ingles kaysa sa Filipino. Kahit tanungin, hindi na alam ng nagtitinda ang Filipinong salita para sa scallop at uni/sea urchin. Ang label na uni/sea urchin ay kakatuwa dahil mas kilala pa ngayon ang pagkaing ito sa dalawang wikang banyaga—Hapon at Ingles. Sa seksiyon naman ng prutas, bukod sa mahabang listahan ng mga produkto, may mapupulot ding kaalaman sa sumusunod na label: Pahutan mango Avocado, Lagkitan Siniguelas, Fresh, From Batangas Sweet mangoes “Baklas” Ang pahutan ay isang uri ng mangga. Minsan, tinatawag itong supsupin—ang maliliit ngunit napakatatamis na mangga. Hindi na ito hinihiwa para paghiwalayin ang pisngi at buto kundi binabalatan at sinusupsop para kainin. Bukod sa kalabaw, piko, indian mango, mayroong pahutan o supsupin. Ang lagkitan ay isang paglalarawan sa magandang uri ng abokado—iyong malagkit, nangunguya, makrema. Kaugnay nito, may iba’t ibang paglalarawan tayo ng mga prutas na nagpapahiwatig kung ano ang magandang uri at masarap—ang bayabas ay manibalang; ang atis ay malamukot; ang buko ay malauhog; ang saging na saba ay makunat. Matutuklasan din sa palengke kung saang lalawigan nagmumula ang pinakamagagandang uri ng prutas. Halimbawa, manggang Guimaras; pakwan ng Sta. Maria, Bulacan; durian na Puyat mula Davao; siniguwelas mula Batangas. Sa mangga naman, karaniwan ding makikita ang deskripsiyong “walang kalburo” o “baklas” na ang ibig sabihin ay pinitas sa tamang panahon at hindi pinilit. Ang huling halimbawang ito ay nagpapaliwanag na rin ng katutubong teknolohiya sa pangangalaga at pag-ani ng mga punongkahoy at prutas. Hindi dapat maliitin ang maituturing

na kaalamang-bayang ito na kinakatawan ng wika. Kaugnay nito'y mahalagang banggitin ang sinabi ni Michael Tan tungkol sa heritage food o minanang pagkain ng mga Filipino. Tumutukoy ito sa mga produktong pagkain at paraan ng pagluluto na nagpasalin-salin ng henerasyon. Aniya: "We are becoming more and more dependent on a narrow range of food …. We're also losing valuable knowledge on preparing food…. Knowledge about heritage food then is a matter of knowledge about survival and more. The disappearance of heritage food narrows the options of future generations…. (Tan 23-24). Hindi lamang mga paninda ang makikita sa palengke. Isang kapansinpansing bagay ay ang "Timbangan ng Bayan" na maaaring gamitin ng sinumang mamimili para matsek kung tama ang timbang ng kanilang pinamili. Ano kaya ang ipinapahiwatig ang timbangang ito sa kultura ng palengke sa Kamaynilaan? Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 15 Ang palengke mismo ay produktong pang-ekonomiya ng lipunan. Upang mas maunawaan ang iba't ibang aspekto ng pagiging produkto ng ekonomiya ng palengke, maaaring suriin kung ano ang pagkakaiba ng palengke, supermarket, talipapa, weekend market ayon sa limang dimensiyon ng kultura. Praktika Pangunahing gawain sa palengke ang pamimili. Ano-ano ang mga gawaing sangkot sa pamimili? Ang isda ay inaamoy, pinipisil, kinukurot, sinisilip ang hasang, itinatapat sa ilaw. Ang prutas ay kinikilatis, tinitimbang sa kamay, kinakatok, inaamoy, pinabubuksan, tinitikman. Ang mga simpleng pamamaraang ito ay maituturing na kaalaman para matiyak ang kalidad ng pagkain. Maaari ring tukuyin ang ginagawa ng iba't ibang tao sa palengke—ang nagtitinda, kargador, tagapamahala ng palengke, at iba pa. Isa namang katangi-tanging praktika sa palengke ay ang pagtawad—isang komplikadong proseso ng negosasyon sa pagitan ng mamimili at nagtitinda. Mas nagiging madali ang negosasyong ito kapag buena mano ang mamimili, o kaya'y suki na ng nagtitinda ang mamimili. Ang kultura ng suki ay nagpapahiwatig ng posibilidad ng pagkakaroon ng personal na ugnayan ng nagtitinda at mamimili. Ang pagtawad at pagkakaroon ng suki ay hindi nangyayari sa supermarket o grocery. Pamayanan May iba't ibang pamayanang sangkot sa kultura ng palengke. Ang grupo ng mamimili ay mayroon na agad tatlong mas maliliit na grupo: ang mga inbidbidwal na mamimili para sa pampamilyang konsumo; ang namamakyaw para muling itinda ang pinamili; at ang may-ari ng restawran na namimili para sa ititindang lutong pagkain. May mas maliliit na grupo rin ang manininda: ang grupong sila mismo ang may-ari ng tindahan, at ang grupong kinuha lang para magtinda sa puwesto ng mga negosyante. May pangkat din ng mga tagahatid at tagabagsak ng produkto na maaaring mga negosyateng namamagitan sa mga nagtitinda sa palengke at sa talagang pinagmumulan ng mga produkto gaya ng mga magsasaka at mangingisda. Naroon din ang pangkat ng property investment firm, ang may-ari ng mismong palengke na nagpaparenta ng mga puwesto sa grupo ng mga manininda. May mga ahensiya rin ang pambansa at lokal na pamahalaan na nagmomonitor sa operasyon ng mga palengke. Paminsan-minsan, may grupo rin ng mga turista, dayuhan at mga Filipino, na ang pakay ay hindi lamang mamili kundi mag-obserba, mamasyal, matuto, o maglibang. Bawat grupo ay may bitbit na praktika at pananaw sa palengke. Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 16 Tao Iba't ibang uri ng tao ang makikitang lumalahok sa kultura ng palengke. Bawat isa ay may natatanging naratibo, pananaw, praktika, at paraan ng pagsangkot sa penomenong pangkultura. Ang paglahok nila sa kultura ay hinuhugis ng iba't ibang salik gaya ng kasarian, edad, uri, lahi, etnisidad, edukasyon, relihiyon. Halimbawa, ang mag-asawang namamalengke. Sino ang umaamoy, bumubusisi, nakikipagtawaran? Sino ang nagbibitbit ng mga pinamili? Kung amo't kasambahay naman ang magkasama, ano ang ginagawa ng amo at ano ang ginagawa ng kasambahay? Sa panig naman ng nagtitinda, kapag magkasama sa puwesto ang may-ari at ang kaniyang tindero o tindera, sino ang nagpapasiya kung magbibigay ng tawad o kung magbibigay ng dagdag? Isinasama ba ang mga bata sa palengke? May maoobserbahan bang pattern kung ano ang itinitinda ng mga lalaki o babae— karne, gulay, o prutas? Pananaw Iba't iba ang pananaw na ipinahihiwatig ng kultura ng palengke. Karaniwang dilantad ang mga pananaw na ito at nagiging hayag lamang kapag may

nakitang koneksiyon o pag-uugnay-ugnay sa mga natipong datos mula sa apat na dimensiyon ng kultura. Naipapahiwatig na sa mga naipresenta nang datos ang mga pananaw tungkol sa pagkain, tungkol sa papel ng lalaki at babae sa tahanan at sa ekonomikong larang, tungkol sa pagtrato sa mga kasama sa trabaho, tungkol sa negosyo. Tingnan natin ang ilang halimbawa: · May kultura ng tumpok sa palengke. May tumpok ng di-sariwa at maputlang hipon. May tumpok din ng lamog, may itim-itim, at kulu-kulubot nang balat na mangga. Ang isang pananaw, na negatibo, sinasamantala ng negosyante ang lahat ng pagkakataon para kumita, kahit halos wala nang kuwenta ang ilako sa mamimili. Maiiugnay rito ang pagtitinda ng mga nakabasket na strawberry sa Baguio—ang ibabaw ay isang salansan ng malalaki, mapupula, at makikintab na prutas, ngunit nasa ilalim pala ang maliliit at mapuputlang prutas na binabanigan ng makapal na diyaryo. Tila namamayani rito ang pananaw ng malaki ngunit minsanang kita ng nagtitinda kaysa sa mag-aruga ng isang magandang relasyon sa mamimili. Ang isa pang pananaw na positibo naman, hindi dapat mag-aksaya lalo na ng pagkain. Ang pananaw na ito marahil ang dahilan kung bakit nalinang ng mga Filipino ang pagkain ng isaw, rambo, adidas, helmet, at iba pang lutuing gumagamit ng lamang-loob. Lahat ay dapat pakinabangan at wala dapat naaaksaya. · Kumikilala ng kasarian ang mga praktika sa palengke. Babae ang pangunahing nakikipagtransaksiyon dito—siya ang kumikilatis ng produkto, Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 17 nagkikipagtawaran, nagbabayad. Pero ang pamamalengke ay maaaring tingnan bilang ekstensiyon lamang ng tungkulin niya sa tahanan—magluto, magpakain, mag-alaga ng pamilya. May kasarian din ang iba't ibang espasyo sa palengke. Dominante ang mga lalaki sa seksiyon ng baka at baboy. Ang totoo, noong nagpunta ako sa Farmer's Market para sa saliksik na ito ay wala akong nakitang babaeng nagtitinda sa seksiyong ito. Mas marami naman ang babaeng nagtitinda sa seksiyon ng gulay at prutas. Sa isang pagtingin, esteryotipong papel ng lalaki at babae sa lipunan. Sa ibang pagtingin naman, ang paglahok ng mga babae sa palengke bilang may-ari ng puwesto at bilang manininda ay maituturing na partisipasyon ng mga babae sa gawaing ekonomiko. · May mga pananaw ring nagtutunggalian. Halimbawa, ang pag-iral ng mga kultura ng "tawad" at "suki" ay maaaring nagpapahiwatig ng ekonomikong transaksiyon na ginagabayan pa rin ng pakikipagkapuwa. Sa kabilang banda naman, ang imahen ng "timbangang bayan" ay maaaring nagpapahiwatig ng namamayaning kawalan ng tiwala ng mga mamimili o kustomer sa mga nagtitinda at iba pang negosyante. · Isang kapansin-pansin sa Farmer's Market ay ang paglipat ng ilang kultura ng supermarket at mall sa palengke. Ginagamit na ang mga pushcart na karaniwang makikita lang sa mga grocery. Mayroon din doong Dampa sa Farmer's Market na tila isang food court na bahagi ng mga mall. Pero ang kakatuwa ay ang hilera ng mga restawrang fast food sa gilid ng palengke—MacDonalds, Jollibee, Chowking, Goto King. Maituturing na kakatuwa ito dahil kinakatawan ng palengke at fast food ang magkaibang pananaw sa paghahanda ng pagkain—ang isa ay pinaglalaanan ng panahon, pinagkaabalahan, personal ang paghahanda ng pagkain; ang isa naman ay binibili lang nang luto na, minadali, inihanda ng iba. Sa mas malawak na tingin, ipinakikita rin ng pagpasok ng mga elementong kultural ng mall at supermarket sa palengke kung paanong naiimpluwensiyahan ng global at mas makabagong paraan ng pagkonsumo ang mas tradisyonal na pamamaraan na kinakatawan ng palengke. Ang nangyayari ngayon ay hindi lamang ang paglipat ng mga elemento ng supermarket o mall patungo sa palengke. May isa nang tradisyonal na palengke na dumaan sa renobasyon upang magmukhang mall at makahalina sa mas maseselang mamimili. Ito ang Mutya ng Pasig Market na inayos noong 2008. Isang diskurso na nagagamit para bigyang katwiran ang ganitong development ay ang diskurso ng kalinisan. May mga ulat na may palengkeng kumukuha ng tubig sa balon at iba pang iligal na pagkukunan ng tubig kaya nalalagay sa alanganin ang sanitasyon ng mga itinitinda. Ginagawa ring isyu ang kawalan ng monitoring sa pagpepresyo ng mga produkto sa palengke maliban sa mga pangunahing bilihin tulad ng bigas, isang regulation campaign na tinawag ng National Food Authority ang Palengke Watch.

Iniuugnay rin ang palengke sa Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 18 masa at sa kahirapan. Dahil sa pag-uugnay ng palengke sa sektor ng mahihirap sa lipunan, kinasangkapan ng ngayo'y DILG Secretary Mar Roxas ang asosasyong ito sa paggamit niya ng bansag na "Mr. Palengke" sa kaniyang pangangampanya bilang senador at bilang pangalawang pangulo. Bagaman maaaring totoo ang ilang kritisismo laban sa palengke, kailangan pa ring suriin ang implikasyon ng paghalili dito ng mas makabago at mas komersiyal na establisimyento tulad ng mall at supermarket na may kaakibat na kulturang babago sa buhay ng mga Filipino sa mabuti man o sa masamang paraan. Ilan lamang ito sa mga pananaw at kahulugan na maaaring mabuo sa pagsusuri ng penomenong pangkultura—ang palengke. Pansinin na sa pagbubuo ng pananaw, ginamit ang ilan sa mga prosesong ito: 1) pagtuklas ng mga koneksiyon ng mga datos na may kinalaman sa iba't ibang dimensiyon ng penomenong pangkultura; 2) pag-uugnay ng penomenong pangkultura sa iba pang penomenong pangkultura; 3) paglulugar ng penomenong pangkultura sa sinapupunan ng lipunan na ang ibig sabihin ay ang pagsusuri ng penomenong pangkultura kaanlinsabay ng pagsusuri sa ibang mga pangyayari, karanasan, institusyon, pananaw sa lipunan. Wika-at-Kultura Nasaan ang wika kung gagawing bahagi ng disiplinang Filipino ang pagaaral ng kultura? Nasa lahat ng aspekto ng kultura ang wika. Sadyang hindi mapaghihiwalay ang wika at kultura. Kinakatawan ng wika ang mga produkto, praktika, tao, pamayanan, pananaw na bumubuo ng kultura. Produkto rin ng kultura ang wika ngunit may natatangi itong tungkulin sa kulturang ito. Ang mga miyembro ng kultura ay lumilikha at gumagamit ng wika para tukuyin at iorganisa ang mga produkto, para isagawa ang kanilang mga pangkulturang gawain, para maging magkaugnay ang mga pamayanan, at para bigyan ng katawagan ang mga nakapailalim na pangkulturang pananaw. Ang wika ay nasa lahat ng dimensiyon ng kultura. Para malaman at maunawaan ang kultura, kailangang suriin ang wika. Sabi nga ni Lumbera bilang pagpapahalaga sa wikang Filipino: Taglay ng wika ang mga kaisipang minana sa mga ninuno at ang mga kaisipang pumasok sa lipunan sa pamamagitan ng mga babasahin at panooring galing sa labas ng Filipinas, gayundin ang mga kaisipang pinalitaw ng mga tagisan at pagtatalo ng mga palaisip na Filipino at dayuhan…. Kapag sinasabing may "henyo" ang wika, hindi talinghaga lamang ang kasabihan. Kapag binungkal Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 19 ang wikang ngayo'y kinagawian na nating ituring na isa lamang instrumento, isang dulang ng kaalamang hindi pa natin naaarok ang mabubuksan sa atin. (Lumbera 2005 264) Wika at Kultura sa Silid-Aralan May isa pang gamit ang wika. Ito ang pangunahing paraan para matutuhan ang kultura at magpahayag tungkol sa kulturang ito sa konteksto ng silid-aralan. Ibig sabihin, kung kultura ang paksa sa klasrum, kailangan ang wika para ilarawan ang kultura, bigyang-kahulugan ang kultura, tumugon sa kultura, at lumahok sa kultura. Mailalarawan ito sa sumusunod na hanayan: Pangkalahatang Kasanayang Pangwika Katangian ng Wika Funsiyon ng Wika (layunin o gamit ng wika) Paglalarawan wikang nagagamit para ilarawan ang karanasang pangkultura · tumutukoy ng mga pangunahing impormasyon (ano, sino, saan, kailan, paano, bakit) · naglalarawan ng naranasan sa pamamagitan ng mga pandama · naglilista · nagbibigay ng depinisyon · sumisipi · nagwawasto ng maling detalye · kumikilala ng katunayan at opinyon · nagbubuod Pagbibigaykahulugan wikang nagagamit para tumukoy, magpaliwanag, bigyang katwiran ang mga pananaw, at ihambing ito sa sarili at sa ibang pananaw · nagsusuri · nagkakategorya · naghahambing · nagpapalagay · naghihinuha · bumubuo ng kongklusyon · nagpapatunay · nagbibigay-katwiran Pagtugon wikang nagagamit para magpahayag ng mga saloobin, tanong, pagpapasiya, plano tungkol sa karanasang · nagtatanong · nagsasabi ng gusto at di-gusto · nagpapahayag ng tama at mali · nagtatasa Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 20 pangkultura · pumupuna · humuhusga · nagtatanggol · nagpapahalaga · nagpapahayag ng mga paniniwala · nagpaplano Paglahok wikang nagagamit para umugnay sa tao at sa pamayanan; wikang nagagamit para makaimpluwensiya; wikang nagagamit para magsagawa ng pagbabago sa kultura · nakikiugnay sa tao · npagbabahagi ng

karanasan at idea · nagpapahayag ng kahilingan · nagpapahayag ng paninindigan · nanghihikayat · umiimpluwensiya sa iba nakikipagnegosasyon Wika ng Paglalarawan Sa pag-aaral ng isang penomenong pangkultura, isang pangunahing pangangailangan ang wika ng paglalarawan ng penomenong ito. Ang wika ng paglalarawan ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa penomenong pangkultura. Maaaring ito ay impormasyon tungkol sa limang dimensiyon ng kultura— produkto, praktika, pananaw, pamayanan, o tao. Ang mahalagang katangian ay ilarawan ang naobserbahan, tuwiran man itong nasaksihan o dinanas, o sa pamamagitan ng mga nakasulat na tektso. Kailangang mapag-iba ang wika ng paglalarawan at wika ng interpretasyon. Ilan sa mga kognitibong funsiyon o ginagawa ng isip na may kinalaman sa pagtatamo ng kaalaman ay ang sumusunod: pagtukoy (ano, sino, saan, kailan, magkano, paano, bakit), paglilista, pagbibigaydepinisyon, pagsipi, pagwawasto sa mga maling detalye; pagkilala sa katunayan at opinyon, pagbubuod. Wika ng Pagbibigay-kahulugan Ang mga datos o impormasyong ibubunga ng paglalarawan ng penomenong pangkultura ang magiging batayan sa pagbuo ng mga interpretasyon o kahulugan. Kaya mahalagang linangin sa mga estudyante ang mga kasanayan para makabuo at mabigyang-katwiran ang mga interpretasyong pangkultura. Mula sa mga kongkreto ng paglalarawan, tutungo ang mga kasanayan at gawain sa klasrum sa mga abstrakto ng interpretasyon; mula sa hayag na kultura patungo sa nakatagong kultura; mula sa Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 21 mga produkto, praktika, tao, at pamayanan patungo sa mga pananaw. Ang mahahalagang funsiyon ay ang pagsusuri, pagkakategorya, paghahambing, pagpapalagay, paghihinuha, pagbubuo ng kongklusyon, pagpapatunay, pagbibigaykatwiran, at iba pang paraan na nag-uugnay ng mga kongkreto tungo sa pagbuo ng mga abstrakto. Wika ng Pagtugon Matapos ang interpretasyon o pagbuo ng mga kahulugan, kailangang gabayan ang mga estudyante na magpahayag ng kanilang mga tugon sa penomenong pangkultura. Sa yugtong ito, ang paksa sa klasrum ay hindi na lang ang kultura kundi ang estudyante—ang kanilang mga tanong, palagay, saloobin, opinyon, pagpapahalaga, paniniwala, pati ang kanilang mga pagpapasiya, balak, estratehiya sa patuloy na pakikiugnay ng mga estudyante sa penomenong pangkultura. Kabilang sa mga funsiyon ng wika ay ang pagpuna, paghuhusga, pagtatanggol, pagpapahalaga, pagtatasa, pagsasabi ng gusto at di-gusto, pagtatanong, pagpapahayag ng mga paniniwala. Wika ng Paglahok Ang pag-alam, pagbibigay-kahulugan, pagbuo ng tugon ng mga estudyante sa penomenong pangkultura ay hindi dapat matapos sa estudyante at sa klasrum lamang. Kailangan ding matutunan ang pag-impluwensiya sa ibang tao at sa pamayanan, ang pagbabalik ng mga kabatiran at karunungan sa lipunan, at ang patuloy na paglinang ng kultura. Ilan sa posibleng funsiyon ng wika na maaaring ituro sa mga estudyante ang pakikiugnay sa tao, pagbabahagi ng karanasan at idea, pag-impluwensiya sa iba, pagpapahayag ng kahilingan, pagpapahayag ng paninindigan, panghihikayat, pakikipagnegosasyon. Ang mga paksang pangkultura at kasanayang pangwika ay maaaring isalansan batay sa iba't ibang antas ng edukasyon. Narito ang isang mungkahing paghahanay: Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 22 Antas ng Edukasyon Paksang Pangkultura Kasanayang Pangwika K ↓ 12 Sarili ↓ Pamilya ↓ Tahanan ↓ Paaralan ↓ Komunidad ↓ Bayan ↓ Rehiyon ↓ Bansa/Daigdig Wika ng Paglalarawan ↓ Wika ng Pagbuo ng Kahulugan ↓ Wika ng Pagtugon ↓ Wika ng Paglahok Ang paksang pangkultura o penomenong pangkultura ay maaaring magsimula sa sarili ng estudyante. Tutuloy ito sa mga paksang may kinalaman sa mga pamayanang kagyat na nilalahukan ng bata habang siya ay lumalaki. Maglulundo ito sa pamayanang pambansa at pandaigdig. Ang kulturang nasyonal at global ay dapat sipatin ng mga estudyante sa lente at bisa nito sa kaniyang sariling kultura at sa kultura ng iba't ibang pamayanang kaniyang nilahukan. Ang ituturong kasanayang pangwika naman ay maaaring simulan sa pinakapayak na mga kasanayan at prosesong pangkaisipan tulad ng may kinalaman sa pagkuha at pagtatala ng mga datos na naoobserbahan at nararanasan. Magtutuloy naman ito sa mga kasanayang tutulong sa mga estudyante na bumuo ng mga kahulugan at idea hanggang sa pagpapahayag ng sariling mga pananaw, na maglulundo

naman sa pag-impluwensiya sa iba at sa paglinang ng kultura. Mangyari pa, kapuwa ang paghahanay ng mga paksang pangkultura at kasanayang pangwika ay hindi dapat tingnan bilang linear na paghahanay. May mga pagkakataong magsasalikupan at magtatalaban ang pagtalakay at pagtuturo ng mga paksa at kasanayang ito. Ang paghahanay na ito ay isang representasyon lamang ng mga paksa at kasanayang higit na pinatitingkad sa iba't ibang level ng pagtuturo at pagkatuto. Pagtatapos Bahagi rin ng kultura ng isang lipunan ang edukasyon na patuloy na nagbabago at binabago. Mahalaga ring magkaroon ng mapanuring kamalayan sa mga produkto, praktika, tao, pamayanan, at pananaw na humuhubog sa edukasyon. Makabuluhang lente ang kasaysayan at ang paglulugar ng edukasyon sa konteksto ng lipunan para matalunton ang pinagdaanang mga proseso at matukoy at masuri ang mga Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 23 adyenda't interes na umiimpluwensiya sa pagpanday nito. Lalo na sa panahong dinadaluyong ang institusyon ng edukasyon ng mga pagbabagong hatid ng programang K-12 at ng CHED Memorandum 20, kailangang talasan ang pagsusuri para mailantad ang mga nagtutunggaliang pananaw, at kasunod nito, kumilos nang ginagabayan ng mga pananaw na tunay na nagsasaalang-alang sa kapakanan ng sambayanang Filipino. Katipunan : Filipino Bilang Disiplina |

# MGA SANGGUNIAN


CHED Memorandum Order No. 57 Series of 2017

https://www.researchgate.net/profile/David_Michael_San_Juan/publication/321097303_LIMANG_5_BAGONG_SILABUS_SA_PANITIKAN_AT_FILIPINO_SA_KOLEHIYO/links/5a0d43a6a6fdcc39e9bfcc3d/LIMANG-5-BAGONG-SILABUS-SA-PANITIKAN-AT-FILIPINO-SA-KOLEHIYO.pdf

PIGLAS- DIWA (Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino) Teksbuk sa Bagong Asignaturang Filipino sa Kolehiyo) nina David Michael San Juan, Marina D. Acerit, Virgilio F. Manalang, Clarita A. Caja, Benedicto O. Medina, Pelita C. Panganiban, Therezia O. Conti, Sherry Joy A. Del Mundo at Ma. Jesus D. Ridor-Unciano.


**MGA AKDANG PINAGSANGGUNIAN**


Almario, Virgilio S. Tradisyon at Wikang Filipino. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, 1997..

Constantino, Pamela at Monico Atienza, mga patnugot. Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1996.

Covar, Prospero R.. Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture. Maynila: National Commission for Culture and the Arts, 1998.

Davies, Roger J. and Osamu Ikeno, mga patnugot. The Japanese Mind: Understanding Contemporary Japanese Culture. Tokyo: Tuttle Publishing, 2002.

De Mente, Boye Lafayette. Japan's Cultural Code Words: 233 Key Terms That Explain the Attitudes and Behavior of the Japanese. Tokyo: Tuttle Publishing, 2004.

Edwards, John. Language and identity: An Introduction. Cambridge, UK ; New York: Cambridge University Press, 2009.Print. Flores, Patrick at Cecilia Sta. Maria de la Paz. Sining at Lipunan. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, UP Diliman, 1997.

Gonzalez, Andrew B. FSC. Language and Nationalism: The Philippine Experience Thus Far. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1980.

. Greenblatt, Stephen. “Culture.” Critical Terms for Literary Study. Mga pat. Frank Lentricchia and Thomas McLaughlin. Chicago: The University of Chicago Press, . 225-232

Jourdan, Christina and Kevin Tuite, mga pat.. Language, Culture and Society: Key Topics in Linguistic Anthropology. Cambridge, UK; New York: Cambridge University Press, 2006.

Kramsch, Claire. Context and Culture in Language Teaching, third impression. Oxford: Oxford University Press, 1996.

Lange, Dale L. and R. Michael Paige. Culture as the Core: Perspectives on Culture in Second Language Learning. Greenwich, Connecticut: Information Age Publishing Inc, 2003.

Lumbera, Bienvenido. Writing the Nation/Pag-akda ng Bansa. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2000.

Lumbera, Bienvenido L.. “Saan Tutungo ang WIkang Filipino Ngayong Binubura Ito ng Globalisasyon?” Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Ikalawang Sourcebook ng Sangfil. Pat. Pamela C. Constantino. Sanggunian sa Filipino, UP Sentro ng Wikang Filipino, National Commission for Culture and the Arts, 2005 260-265.

Maggay, Melba Padilla. Pahiwatig: Kagawiang Pangkomunikasyon ng Filipino. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2002.

Malicsi, Jonathan C. Gramar ng Filipino. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, UP Diliman, 2013.

Mooney, Annabelle, et al. Language, Society and Power: An Introduction, third edition. London; New York: Katipunan : Filipino Bilang Disiplina | 25 Routledge, 2011.

Moran, Patrick R. Teaching Culture: Perspectives in Practice. Boston: Heinle and Heinle, Thomson Learning, 2001.

Pefianco, Ma. Isabel C. “Istratehiyang Ideyolohikal ng Kolonyalismong Amerikano sa Pilipinas: Pagsusuri ng Kanong Pampanitikan sa Paaralan, 1901-1941.” Disertasyon. Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, 1999.

Romaine, Suzanne. Language in Society: An Introduction to Sociolinguistics. Oxford: Oxford University Press, 1994.

. Samson, Laura L. et al., mga editor. Patricia Melendrez-Cruz: Filipinong Pananaw sa Wika, Panitikan at Kultura. Lungsod Quezon: College of Social Sciences and Philosophy Publications at University of the Philippines Press, 1994.

Sta. Maria, Felice Prudente. A Cultural Worker's Manual: Essays in Appreciating the Everyday. Mandaluyong: Anvil Publishing, Inc., 2001.

Tan, Michael L. Thinking, Doing Culture. Maynila: University of Santo Tomas Publishing House, 2011

Walters, Keith and Michael Brody. What's Language Got to Do With It? New York: W.W. Norton and Company, Inc., 2005